

# Liahona

A photograph of a family of three. A man with dark hair and glasses, wearing a blue and white striped shirt, is smiling and looking at a tablet. A woman with long brown hair, wearing a floral patterned top, is also smiling and looking at the tablet. A young child with dark hair and a red bow, wearing a red top, is looking at the tablet. The background is a blurred indoor setting, possibly a library or a home with bookshelves.

**Pagpapalakas ng  
Tahanan at Pamilya,  
pp. 4, 16, 20, 22**

**Nagsalita ang mga Young  
Adult para sa Kalinisang-Puri,  
p. 42**

**Apat na Banal na Kasulatang  
Tumulong sa Amin, p. 54**

**Pagsulong mula sa Primary,  
p. 58**



*Si Cristo sa Amerika,  
ni Jeffrey Hein*

*Nang bisitahin ng nabuhay  
na mag-uling si Cristo ang mga  
Nephita sa lupain ng Amerika,  
“kinuha [Niya] ang kanilang  
maliliit na anak, isa-isa, at  
binasbasan sila, at nanalangin  
sa Ama para sa kanila.*

*“At nang magawa na niya  
ito, siya ay muling tumangis;*

*“At nangusap siya sa mara-  
ming tao, at sinabi sa kanila:  
Masdan ang inyong mga mus-  
mos” (3 Nephi 17:21–23).*



Liahona, Oktubre 2012

**MGA MENSAHE**

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Isang Susi sa Masayang Pamilya**  
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 8 Mensahe sa Visiting Teaching: Paggalang sa Ating mga Tipan**

**TAMPOK NA MGA ARTIKULO**

- 22 Pagtulong sa mga Kabataan na Magkaroon ng mga Espirituwal na Karanasan**  
Ni Melissa Merrill  
*Limang paraan upang magkaroon ng mga karanasang humahantong sa pagbabalik-loob.*
- 28 Ang Aklat ni Alma: Mga Aral para sa Panahong Ito**  
Ni Elder Paul B. Pieper  
*Tatlong aral mula sa mga Nephiita ang makatutulong sa atin na matagumpay na harapin ang mga hamon sa ating panahon.*

- 34 Paano Magiging Ligtas sa Teritoryo ng Kaaway**  
Ni Pangulong Boyd K. Packer  
*Tuklasin sa inyong sarili kung paano kayo magagabayan at mapangangalagaan ng Espiritu Santo.*

**MGA BAHAGI**

- 9 Para sa Lakas ng mga Kabataan: Pananamit at Kaanyuan**
- 10 Notebook ng Kumperensya ng Oktubre: Pagbabawas ng Iskedyul ng Gagawin para sa Kumperensya**  
Ni Cheryl Burr
- 11 Paglilingkod sa Simbahan: Mga Sagot sa Sunday School**  
Ni Emma Addams
- 12 Ang Ating Paniniwala: Ihahanda Tayo ng Masinop na Pamumuhay sa Hinaharap**

- 14 Maliliit at mga Karaniwang Bagay**
- 16 Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Pagtuturo ng Kalinisang-Puri at Kabanalan**  
Ni Matthew O. Richardson
- 20 Mga Klasikong Ebanghelyo: Pagtuturo ng Kabutihang sa Tahanan**  
Ni Elder Delbert L. Stapley
- 38 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 74 Mga Balita sa Simbahan**
- 79 Mga Ideya para sa Family Home Evening**
- 80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Patuloy na Dumarating ang Mabubuting Bagay**  
Ni Caitlin A. Rush

SA PABALAT  
Mga paglalarawan ni Cody Bell.




- 42 Kalinisang-Puri sa Mundong Walang Dangkal**  
*Tinalakay ng walong young adult kung paano manatiling malinis sa isang mundong hindi nagpapahalaga sa kalinisang-puri.*



**Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito.**  
**Hint: Gumamit ba si Noe ng Liahona?**

- 46 Mga Tanong at mga Sagot**  
*Ano ang ibig sabihin ng igalang ang priesthood ng Diyos?*
- 48 Maging Matalino at Maging Isang Kaibigan**  
 Ni Elder Robert D. Hales  
*Madaling ipamahay ang mga kautusan kapag mabubuti ang kaibigan.*
- 51 Pagbibihis para sa Sayawan**  
 Ni Crystal Martin  
*Natukso akong magsuot ng damit na litaw ang mga balikat ko, pero naalala ko ang aking patriarchal blessing.*
- 52 Para sa Lakas ng mga Kabataan: Pananamit at Kaanyuan—"Hayaang Gumabay ang Banal na Espiritu"**  
 Ni Mary N. Cook
- 54 Pinalakas ng Salita**  
*Apat na tinedyer ang nagkuwento tungkol sa mga pagkaka-taon na naisip nila ang isang banal na kasulatan at nakatu-long ito sa kanila.*
- 57 Poster: Makipot at Makitid ang Daan**

51



- 58 Paglipat mula sa Primary**  
*Narito ang ilang karanasan na maaari ninyong asahan sa Young Men o sa Young Women.*
- 60 Mahal kong Amiga**  
 Ni Maribel  
*Liham sa isang kaibigan na takot umalis sa Primary.*
- 61 Pagtanggap sa Isang Bagong Panahon ng Buhay**  
 Ni Marissa Widdison  
*Sina Noah, Dylan, Patrick, at Ben ay naghahanda na sa pagtanggap ng priesthood.*
- 62 Musika: Panginoon, Halina**
- 63 Natatanging Saksi: Bakit Mahalagang Sundin ko si Jesucristo nang Tapat, Saanman Ako Naroon?**  
 Ni Elder Dallin H. Oaks
- 64 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Ang mga Pagpapala ng Priesthood ay Para sa Lahat**
- 66 Dobleng Pagpapala**  
 Ni Richard M. Romney  
*Kilalanin sina Sophie at Elodie, 10-taong gulang na kambal mula sa Madagascar.*
- 68 Hindi Ba Ako Puwedeng Binyagan Din?**  
 Ni Hilary Watkins Lemon  
*Ang anim na taong gulang na si Paulo ay sabik nang maging miyembro ng Simbahan.*
- 70 Para sa Maliliit na Bata**
- 81 Mga Larawang May Kaugnayan sa Aklat ni Mormon**

OKTUBRE 2012 TOMO 15 BLG. 10  
LIAHONA 10490 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:**

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon

**Mga Tagapayo:** Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster, Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins

**Namamahaling Direktor:** David T. Warner

**Direktor ng Family and Member Support:**

Vincent A. Vaughn

**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:**

Allan R. Loyborg

**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahaling Patnugot:** R. Val Johnson

**Assistant na Namamahaling Patnugot:**

LaRene Porter Gaunt

**Assistant ng Publikasyon:** Melissa Zenteno

**Writing and Editing Team:** Susan Barrett, Ryan Carr, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Hikari Loftus, Lia McClanahan, Michael R. Morris, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Julia Woodbury

**Namamahaling Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen

**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson

**Design Team:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball

Bott, Thomas Child, Kerry Lynn C. Herrin, Colleen Hinckley,

Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy, Brad Teare

**Intellectual Property Coordinator:**

Collette Nebeker Aune

**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters

**Production Team:** Connie Bowthorpe Bridge, Howard G.

Brown, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard,

Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Ty Pilcher, Gayle Tate Rafferty

**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick

**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagsasalain:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa [Liahona.lds.org](http://Liahona.lds.org); sa pamamagitan ng koreo sa [Liahona, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA](mailto:Liahona, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA); o mag-e-mail sa [liahona@ldschurch.org](mailto:liahona@ldschurch.org)**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2012 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.


Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: [cor-intellectualproperty@ldschurch.org](mailto:cor-intellectualproperty@ldschurch.org).

**For Readers in the United States and Canada:**

October 2012 Vol. 15 No. 10. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year; Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Iba Online [Liahona.lds.org](http://Liahona.lds.org)



## PARA SA MATATANDA

Pagkatapos basahin ang tungkol sa pagpapatawad sa Mensahe ng Unang Panguluhan (pahina 4), maaari ninyo ring basahin ang huling mensahe ni Pangulong James E. Faust sa pangkalahatang kumpe-rensya na, "Ang Nakapagpapahilom na Kapangyarihan ng Pagpapatawad" (Abril 2007), sa [conference.lds.org](http://conference.lds.org).

## PARA SA MGA KABATAAN

Sa pahina 52, ipinapaliwanag ni Mary N. Cook kung paano magagabayan ng pag-galang na nadarama natin para sa mga templo ang paraan ng ating pananamit. Sa [youth.lds.org](http://youth.lds.org), mas marami ka pang malalaman tungkol sa "Pananamit at Kaanyuan" at iba pang mga pamantayan mula sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.

## PARA SA MGA BATA

Mababasa mo ang tungkol sa kambal na sina Elodie at Sophie na taga-Madagascar sa "Dobleng Pagpapala" (pahina 66) at makikita mo ang ilan sa mga nakatutuwang nilang retrato sa [liahona.lds.org](http://liahona.lds.org).

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa [languages.lds.org](http://languages.lds.org).

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

- Aklat ni Mormon, 28, 81**
- Binyag, 68**
- Gawain, trabaho, 12**
- Halimbawa, 40**
- Jesucristo, 62, 63**
- Kabaitan, 28**
- Kaibigan, mga, 48**
- Kalinisang-Puri, 16, 42**
- Kapatawaran, 4**
- Karunungan, 48**
- Kasaysayan ng Simbahan, 14**

- Pag-aaral ng banal na kasulatan, 11, 54**
- Pag-asa sa sarili, 12**
- Pagbabalik-loob, 39**
- Paghahanda, 12**
- Paghihirap, 28**
- Pagiging magulang, 16, 20, 22**
- Paglilingkod, 20, 39**
- Pagsunod, 40, 57**
- Pagtuturo, 16, 20**
- Pamilya, 4, 16, 20, 22, 38, 66**

- Pamumuno, 20**
- Panalangin, 38**
- Pananamit, 9, 51, 52**
- Pananampalataya, 39, 80**
- Pangkalahatang kumperensya, 10**
- Priesthood, 46, 64**
- Propeta, mga, 28**
- Sabbath, 40**
- Templo, mga, 8, 52**
- Tipan, mga, 8**
- Young Men, 58, 61**
- Young Women, 58, 60**





**Ni Pangulong  
Dieter F. Uchtdorf**

Pangalawang  
Tagapayo sa  
Unang Panguluhan

# ISANG SUSI SA Masayang Pamilya

**S**inimulan ng dakilang Russian author na si Leo Tolstoy ang kanyang nobelang *Anna Karenina* sa mga salitang ito: “Ang masasayang pamilya ay magkakatulad; bawat pamilyang hindi maligaya ay may kani-kanyang dahilan ng kalungkutan.”<sup>1</sup> Bagama’t hindi ako tulad ni Tolstoy na nakatitiyak na magkakatulad ang masasayang pamilya, natuklasan ko ang isang bagay na karaniwang makikita sa kanila: may paraan sila ng pagpapatawad at paglimot sa mga kamalian ng iba at naghahanap ng mabuti.

Sa kabilang banda, ang nasa mga pamilyang hindi masaya ay kadalasang naghahanap ng mali, nagtatanim ng sama ng loob, at parang hindi nila kayang kalimutan ang mga nagawang pagkakamali noon.

“Oo, pero . . .” pagsisimula ng mga hindi masaya. “Oo, pero hindi mo alam kung gaano niya ako nasaktan,” sabi ng isa. “Oo, pero hindi mo alam kung gaano siya katerible,” sabi ng isa pa.

Siguro pareho silang tama; siguro walang tama sa kanila.

Iba’t iba ang bigat ng pagkakamaling nagawa. Iba’t iba ang tindi ng sakit na idinulot. Ngunit napansin ko na kadalasan ay binibigyang-katwiran natin ang ating galit at binibigyang-kasiyahan ang ating konsiyensya sa pagsasabi sa ating sarili na dahil sa mga motibo ng ibang tao ay hindi dapat patawarin ang kanilang ginawa, samantalang sinasabi natin na ang ating mga motibo ay dalisay at mabuti.

## Ang Aso ng Prinsipe

May isang lumang kuwento sa Wales na hango sa ika-13 siglo tungkol sa isang prinsipe na sa pagbabalik

sa kanyang tahanan ay natagpuan ang kanyang aso na nakahandusay at duguan ang mukha nito. Nagmamadaling pumasok sa loob ang lalaki at, laking takot niya nang hindi makita ang kanyang sanggol na anak na lalaki at nakataob ang kuna nito. Dahil sa matinding galit hinugot ng prinsipe ang kanyang espada at pinatay ang kanyang aso. Ilang sandali pa pagkatapos niyon, narinig niyang umiyak ang kanyang anak—buhay ang sanggol! Sa tabi ng sanggol ay nakahandusay ang bangkay ng isang lobo. Ang tunay na nangyari ay ipinagtanggol ng aso ang anak ng prinsipe mula sa mabangis na lobo.

Bagama’t nakakaiyak ang kuwentong ito, may ipinakinakita itong punto. Binubuksan nito ang posibilidad na ang ikinukuwento natin sa kung bakit gayon ang kilos ng iba ay hindi palaging nakaayon sa tunay na pangyayari—kung minsan ni ayaw nating alamin ang tunay na nangyari. Mas gusto nating madama na makatwiran ang ating galit sa patuloy na paghihinanakit at pagkapoot. Kung minsan ang mga paghihinanakit na ito ay tumatagal ng ilang buwan o taon. Kung minsan ay habambuhay na ang mga ito.

## Ang Hidwaan ng Pamilya

Isang ama ang hindi mapatawad ang kanyang anak na lalaki sa paglihis sa landas na itinuro sa kanya. May mga kaibigan ang bata na hindi gusto ng ama, at marami siyang ginawa na salungat sa inisip ng kanyang ama na dapat niyang gawin. Ito ang naging sanhi ng hidwaan sa pagitan ng mag-ama, at nang kaya na ng anak na tumayo sa sariling paa, umalis ito sa kanilang tahanan at hindi na

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

“Habang inyong inihahanda ang bawat aralin, itanong sa inyong sarili kung paanong ang alituntunin ay tulad ng isang bagay na naranasan ng mga miyembro ng mag-anak sa kanilang buhay” (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 225). Isiping anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na magbahagi ng magagandang karanasan sa pagpapatawad. Talakayin ang mga karanasang ito, na binibigyang-diin ang mga pagpapalang dulot ng pagpapatawad. Magtapos sa pagbibigay ng patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagpapatawad sa isa’t isa.

bumalik. Bihira na silang magkausap.

Dama ba ng ama na makatwiran ang kanyang ginawa? Siguro.

Dama ba ng anak na makatwiran ang kanyang ginawa? Siguro.

Ang alam ko ay nagkaroon ng hidwaan ang pamilyang ito at hindi na maligaya dahil hindi mapatawad ng ama at ng anak ang isa’t isa. Hindi nila kayang kalimutan ang mapapait na alaala nila sa isa’t isa. Pinuno nila ang kanilang puso ng galit sa halip na punuin ito ng pagmamahal at pagpapatawad. Kapwa nila pinagkaitan ang kanilang sarili ng pagkakataong maimpluwensyahan sa kabutihan ang buhay ng bawat isa sa kanila. Ang hidwaan nila ay tila naging napakalalim at napakalawak kaya’t sila ay kapwa naging espirituwal na bilanggo ng kani-kanyang damdamin.

Sa kabutihang-palad, naglaan ng paraan ang ating mapagmahal at matalinong Amang Walang-Hanggan upang mapawi ang hidwang ito na likha ng pagmamataas. Ang dakila at walang hanggang Pagbabayad-sala ang sukdulang hakbang ng pagpapatawad at pagkakasundo. Hindi ko lubos na maunawaan ang tindi at lawak ng saklaw nito, ngunit nagpatotoo ako nang buong puso ko’t kaluluwa na tunay at sukdulan ang bisa o kapangyarihan nito. Inialay ng Tagapagligtas ang Kanyang sarili bilang pantubos ng ating mga kasalanan. Sa pamamagitan Niya ay nakatatanggap tayo ng kapatawaran.

### Walang Perpektong Pamilya

Walang sinuman sa atin na walang kasalanan. Bawat isa sa atin ay nakagagawa ng kamalian, kabilang na ikaw at ako. Tayong lahat ay nasaktan. Tayong lahat ay nakasakit ng ibang tao.

Sa pamamagitan ng sakripisyo ng ating Tagapagligtas magkakaroon tayo ng kadakilaan at buhay na walang hanggan. Sa pagtanggap natin sa Kanyang mga paraan at pagdaig sa ating kapalaluan sa pamamagitan ng pagpapalambot ng ating mga puso, magkakaroon tayo ng pagkakasundo at kapatawaran sa ating mga pamilya at sa ating sariling buhay. Tutulungan tayo ng Diyos na maging mas mapagpatawad, na mas handang magsikap pa, na maunang humingi ng paumanhin kahit na hindi tayo ang nagkasala, at kalimutan na ang

mga hinanakit. Salamat sa Diyos, na nagbigay ng Kanyang Bugtong na Anak, at sa Anak, na nagbuwis ng Kanyang buhay para sa atin.

Madarama natin ang pag-ibig ng Diyos sa atin sa bawat araw. Hindi ba natin magawang magsakripisyo pa para sa ating kapwa gaya ng itinuturo sa magandang himnong “Dahil Biyaya sa Akin ay Kayrami”?<sup>2</sup> Binuksan ng Panginoon ang pintuan para tayo ay mapatawad. Hindi ba’t nararapat lamang na isantabi ang ating pagmamataas at kapalaluan at simulang buksan ang pinagpalang pintuan ng pagpapatawad sa mga taong hirap nating pakibagayan—lalo na sa lahat ng miyembro ng sarili nating pamilya?

Sa huli, ang kaligayahan ay hindi nagmula sa pagiging perpekto kundi sa pamuhay ng mga banal na alituntunin, nang paisa-isang hakbang. Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagsabing: “Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo.” Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, *pagpapatawad*, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at kapaki-pakinabang na mga gawaing panlibangan.”<sup>3</sup>

Ang pagpapatawad ay nasa gitna mismo ng mga simpleng katotohanang ito, na nakasalig sa plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit. Dahil pinag-uugnay ng pagpapatawad ang mga alituntunin, pinag-uugnay nito ang mga tao. Ito ay susi, nabubuksan nito ang nakakandadong mga pintuan, ito ang simula ng isang tapat na landasin, at ito ang isa sa mga inaasam natin para sa isang maligayang pamilya.

Nawa’y tulungan tayo ng Diyos na higit na makapagpatawad sa ating mga pamilya, higit na mapagpatawad sa isa’t isa, at marahil higit na mapagpatawad maging sa ating sarili. Dalangin ko na maranasan natin ang pagpapatawad bilang isang napakagandang paraan kung saan magkakatulad ang maliligayang pamilya. ■

### MGA TALA

1. Leo Tolstoy, *Anna Karenina*, trans. Constance Garnett (2008), 2.
2. “Dahil Biyaya sa Akin ay Kayrami,” *Mga Himno*, blg. 133.
3. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129; idinagdag ang pagbibigay-diin.



## Panalangin at Kapayapaan

Ni Lauren W.

Sang gabi ay nakipagtalo ako kay Inay at hindi maganda ang naging pakiramdam ko pagkatapos. Kaya't nagpasiya akong manalangin. Kahit na masama ang "mood" ko at ayaw kong maging "espirituwal," alam kong tutulungan ako ng panalangin na maging mas masaya at bawasan ang pakikipagtalo. Pag-alis ni Inay sa silid, sinimulan kong manalangin. "Mahal na Ama sa Langit, lumalapit po ako sa Inyo ngayong gabi dahil . . ." Hindi. Nagmulat ako at hindi na ako naghalukipkip ng kamay; parang nakaaasiwang pakinggan. Sinubukan ko uli. "Ama sa Langit, kailangan ko pong . . ." Parang iba rin ang dating. Dama kong inuudyukan ako ni Satanas na itigil na ang pagdarasal ko at paghingi ng tulong sa Ama sa Langit.

Bigla kong nadama na dapat akong magpasalamat! Kaya't ginawa ko, at nagsimulang pumasok sa isip ko ang maraming bagay na mapasalamat na sa aking Ama sa Langit. Nang matapos na akong magpasalamat sa Kanya, binanggit ko na ang problema ko.

Pagkatapos ay nakadama ako ng napakagandang kapayapaan sa aking kalooban, ang masiglang pakiramdam na alam kong mahal ako ng ating Ama sa Langit at ng mga magulang ko at na ako ay anak ng Diyos. Nakahingi ako ng tawad sa aking ina at tinanggap ko ang paghingi niya ng tawad.

## Ang Pagpapatawad ay Nagdudulot ng Kaligayahan

tinuturo ni Pangulong Uchtdorf na dapat nating patawarin ang mga miyembro ng ating pamilya. Tingnan kung paano nakaapekto ang mga pinili nina Joseph at Anna sa kanilang pamilya.



Si Joseph at ang nakababata niyang kapatid na si Anna ay naglalaro. Inagaw ni Anna ang laruan ni Joseph. Ano ang dapat gawin ni Joseph?

### Nagalit si Joseph kay Anna.

Umiyak si Anna. Dinisiplina si Joseph ng kanyang ina sa pakikipag-away niya sa kanyang kapatid na si Anna. Nalungkot si Joseph na mali ang pinili niya.

### Pinatawad ni Joseph si Anna at naghanap ng ibang laruan.

Masaya silang naglaro. Natutuwa ang kanilang nanay na mabait si Joseph sa kanyang kapatid at tahimik at walang awayan sa pamilya. Masaya si Joseph na pinili niyang magpatawad.



Maya-maya, kailangan nang tulongan nina Joseph at Anna ang kanilang nanay na maghanda ng hapunan. Hindi tumutulong si Joseph. Ano ang dapat gawin ni Anna?

**Nagreklamo si Anna sa kanyang ina.** Nakipagtalo si Anna dahil siya lang ang gumagawa. Pagsapit ng hapunan, ang lahat ay malungkot dahil sa nangyaring pagtatalo.

**Pinatawad ni Anna si Joseph at tumulong sa paghahanda ng hapunan.** Pinasalamat ng kanilang ina ang pagtulong ni Anna. Masayang magkakasama ang pamilya sa hapunan. Maganda ang pakiramdam ni Anna na pinili niyang magpatawad.

Paano naaapektuhan ang kaligayahan ng inyong pamilya ng *inyong* pagpiling magpatawad?

*Mapanalangin pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihan dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong ang mga kapatid at gawin aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*



## Paggalang sa Ating mga Tipan

Ang visiting teaching ay pagpapahayag ng ating pagkadisipulo at paraan ng paggalang sa ating mga tipan habang pinaglilingkuran at pinalalakas natin ang isa't isa. Ang tipan ay sagrado at walang hanggang pangako sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga anak. “Kapag natanto natin na tayo ay mga anak ng tipan, nalalaman natin kung sino tayo at ano ang inaasahan ng Diyos sa atin,” sabi ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol. “Ang Kanyang batas ay nasusulat sa ating mga puso. Siya ang ating Diyos at tayo ang Kanyang mga tao.”<sup>1</sup>

Bilang mga visiting teacher mapalalakas natin ang mga binibisita natin sa pagsisikap nilang tuparin ang kanilang mga sagradong tipan. Sa paggawa nito, tinutulungan natin silang maghanda para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan. “Bawat kapatid na babae sa Simbahang ito na gumawa ng mga tipan sa Panginoon ay binigyan ng banal na tagubilin na tumulong sa pagliligtas ng mga kaluluwa, na akayin ang kababaihan ng daigdig, patatagin ang mga tahanan sa Sion, at itayo ang kaharian ng Diyos,”<sup>2</sup> sabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Sa paggawa at pagtupad natin ng mga sagradong tipan, tayo ay nagiging mga instrumento sa mga kamay ng Diyos. Maipaliliwanag nating mabuti ang ating mga pinaniniwalaan at mapalalakas ang pananampalataya ng bawat isa sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.



### Mula sa mga Banal na Kasulatan

1 Nephi 14:14; Mosias 5:5–7; 18:8–13; Doktrina at mga Tipan 42:78; 84:106

#### MGA TALA

1. Russell M. Nelson, “Mga Tipan,” *Liahona*, Nob. 2011, 88.
2. M. Russell Ballard, “Kababaihan ng Kabutihian,” *Liahona*, Dis. 2002, 39.
3. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 157.

### Ano ang Magagawa Ko?

1. Paano ako pinalalakas ng aking mga tipan?
2. Paano ko tinutulungan ang kababaihan na pinagmamalasakitan ko na tuparin ang kanilang mga tipan?

Pananampalataya,  
Pamilya,  
Kapanatagan

### Mula sa Ating Kasaysayan

Ang templo ay “isang lugar ng pagbibigay-pasalamat para sa lahat ng banal,” paghahayag ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith noong 1833. Ito ay “isang lugar ng pagtuturo para sa lahat ng mga tinawag sa gawain ng ministeryo sa lahat ng kanilang iba’t ibang tawag at mga katungkulan; upang sila ay maging ganap sa kanilang pag-unawa sa kanilang ministeryo, sa teoriya, sa alituntunin, at sa doktrina, sa lahat ng bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos sa mundo” (D at T 97:13–14).

Noong simula ng 1840s, tinulungan ng kababaihan ng Relief Society sa Nauvoo, Illinois, ang isa’t isa na maghanda para sa mga ordenansa sa templo. Sa mga ordenansa ng nakatataas na priesthood na natanggap ng mga Banal sa Nauvoo Temple, “ang kapangyarihan ng kabanalan [ay ipinakita]” (D at T 84:20). “Sa pagtupad ng mga Banal sa kanilang mga tipan, pinalakas at tinulungan sila nito sa mga pagsubok sa sumunod na mga araw at taon.”<sup>3</sup>

Sa Simbahan ngayon, ang matatapat na kababaihan at kalalakiyan ay patuloy na naglilingkod sa loob ng templo at patuloy na nagkakaroon ng kalakasan sa mga pagpapala na matatanggap lamang sa pamamagitan ng mga tipan sa templo.

# PANANAMIT AT KAANYUAN

**S**a mundo ngayon, marami ang hindi nakauunawa o gumagalang sa banal na katangian ng ating mga katawan. Naiiba ang mga Banal sa mga Huling Araw sa paraan ng pananamit na nagpapakita kung gaano kahalaga ang ating mga katawan (tingnan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* [buklet, 2011], 6–8). Sa pahina 52 ng isyung ito, tinalakay ni Mary N. Cook, unang tagapayo sa Young Women general presidency, ang pamantayang ito:

“Kapag itinayo ang isang templo, maingat na tinitiyak na protektado ito at napapalamutian nang maganda, sa loob at labas. Ang isang susi sa pagpapalano ng mga templo ay nasa pag-unawa na ang isang templo ay *kumakatawan* sa Panginoon—ito ang Kanyang bahay. *Iginagalang* natin ang mga templo bilang sagradong mga gusali kung saan ang mga karapat-dapat lamang ang makapapasok dito. *Pinagpipitaganan* natin ang mga templo dahil ginagawang posible ng isinasagawa nating mga sagradong ordenansa na makabalik tayo sa ating Ama sa Langit.

“Ang inyong katawan ay mas mahalaga kaysa sa pinakamagandang templo sa daigdig. Kayo ay pinakamamahal na anak ng Diyos! Lalo pang angkop ang mga alituntuning ito—pagkatawan, paggalang, at pagpipitagan—sa pangangalaga at proteksyong ibinibigay ninyo sa inyong katawan.”

Ang sumusunod na mga mungkahi ay makatutulong sa inyo na ituro sa inyong mga anak ang wastong alituntunin sa pananamit at kaanyuan. Alalahanin din na ang inyong halimbawa ng disentang pananamit ay magtuturo sa inyong mga anak kung gaano kahalaga ang angkop na kasuotan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Basahing kasama ng inyong tinedyer ang bahaging tungkol sa pananamit at kaanyuan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Kapag ginawa ninyo ito mabibigyan kayo ng pagkakataong matalakay ang mga doktrina, pagpapala, at mga babala ng mga pamantayang ito at masagot ang anumang mga tanong ng inyong anak na lalaki o babae.
- Isiping magdaos ng family home evening tungkol sa kahalagahan ng pananamit at kaanyuan. Maaari ninyong itanong sa inyong pamilya, Kung kasama mo ang Panginoon sa simbahan, paano ka mananamit? Paano mo ipakikita ang iyong sarili sa Kanya? Ano ang pakiramdam mo kapag disente ang suot mong damit? Maaari din ninyong talakayin kung paano angkop na manamit sa iba pang mga okasyon, gaya sa paaralan, sa trabaho, o sa mga pagtitipon.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

- Ipinakikita ng ating damit kung ano ang mahalaga sa atin. Upang mailarawan ang alituntuning ito, isiping magdaos ng family home evening kung saan ang lahat ay nakasuot na gaya ng misyonero o suot ang damit pangsimba.
- Kahit sa murang edad, maaari nang magsimulang manamit nang disente ang mga bata. Rebyuhing kasama ang inyong mga anak ang mga tuntunin na nasa pahina 7 ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at maghanda ng kasuotan na naaayon sa mga tuntuning ito. ■



## MGA BANAL NA KASULATAN TUNGKOL SA PANANAMIT AT KAANYUAN

Genesis 1:27;

I Mga Taga Corinto 6:19;

Alma 1:27

# Notebook ng **Kumperensya ng Oktubre**

*“Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38).*

## **Pagbabawas ng Iskedyul ng Gagawin para sa Kumperensya**

Ni Cheryl Burr

*Dahil hindi tambak ng iba pang mga aktibidad ang ating oras, mas nadarama natin ang Espiritu habang nakikinig tayo sa pangkalahatang kumperensya.*

**M**araming taon na ang nakararaan, noong bata pa ang anim naming mga anak, nagpasiya kaming gusto naming gawing makabuluhan ang pangkalahatang kumperensya. Pinag-usapan namin kung gaano kahalagang panoorin ang kumperensya nang may malinaw na isipan at napahingang mga katawan. Ang kumperensya ay mahalagang panahon para tumanggap ng tagubilin mula sa ating mga propeta sa kasalukuyan. Kaya’t nagplano kami na hindi magtatakdang iba pang bagay sa loob ng ilang araw bago sumapit ang kumperensya o sa linggo ng kumperensya. Minarkahan namin ang mga araw na iyon sa aming mga kalendaryo, at bawat isa sa amin ay tapat na nangakong hindi mag-iiskedyul ng iba pang mga aktibidad sa mga araw na iyon.

Kung pipiliin ninyong gawin din ang ganito, magiging kaiba ito sa inyong pamilya at situwasyon, pero sa aming pamilya ang “iba pang mga aktibidad” ay ang pagdalo sa mga aktibidad sa paaralan, pagpapapunta ng mga bata sa aming bahay, paggawa ng mga bagay kasama ang mga kaibigan nang malayo sa tahanan, pagkakaroon ng mga party o salu-salo kasama ang mga kaibigan o kamag-anak, paggawa ng mga proyekto o paggawa sa bakuran sa pagitan o sa araw mismo ng mga sesyon ng kumperensya, paghahabol na magawa ang mga proyekto sa paaralan, at pagtanggap ng sobrang gawain sa trabaho.

Isang linggo bago sumapit ang pangkalahatang kumperensya, may mga pagkakataon na mahirap tumanggi sa ganitong mga aktibidad, pero kadalasan ay masayang pinipili ng mga miyembro ng aming pamilya ang tama para makamtan ang aming mithiin. Natuklasan namin na gusto ng mas bata naming mga anak na maging bahagi ng pangkalahatang kumperensya. Siguro ay dahil paulit-ulit naming pinag-usapan ang tungkol sa

kahalagahan ng kumperensya nang buong linggo bago iyon sumapit.

Masaya kong ibinabalita na ang pagpapanatiling maluwa ng aming iskedyul ilang araw bago at sa mga araw mismo ng pangkalahatang kumperensya ay nagdulot ng malaking pagbabago sa karanasan ng aming pamilya. Naging handa ang aming mga puso at isipan para sa kumperensya. Hindi tambak ng iba pang mga aktibidad ang aming oras, kaya’t dama namin ang Espiritu habang nakaupo at nakikinig sa mga payo mula sa ating mga lider.

Mahigpit naming sinunod ang aming mithiin sa bawat kumperensya dahil pinupuspos nito ng kapayapaan ang aming tahanan. Bagama’t hindi na nakatira sa amin ang ilan sa aming mga anak, hinihikayat pa rin namin sila na bawasan ang kanilang iskedyul ng mga gagawin ilang araw bago at sa araw mismo ng kumperensya, gaya ng ginagawa namin sa bahay. Sinisikap din naming mag-iskedyul ng oras para sama-samang panoorin ng aming buong pamilya ang sesyon ng kumperensya. Umaasa ako na sa pag-aasawa ng aming mga anak at pagkakaroon nila ng sariling mga anak, patuloy pa rin nilang bibigyan ng mataas na pagpapahalaga ang kanilang karanasan sa kumperensya sa pamamagitan ng pag-aayos ng kanilang iskedyul. ■



### **GAWING PRIYORIDAD ANG KUMPERENSYA**

“Magpasiya ngayong gawing priyoridad sa inyong buhay ang pangkalahatang kumperensya. Magpasiyang pakinggang mabuti at sundin ang mga turong ibinibigay.”

Elder Paul V. Johnson ng Pitumpu, “Ang mga Pagpapala ng Pangkalahatang Kumperensya,” *Liahona*, Nob. 2005, 52.

# MGA SAGOT SA SUNDAY SCHOOL

Ni Emma Addams

Mahilig akong maghanap ng malalaking kasagutan sa mga hamon sa aking buhay—hilingin sa Panginoon na tulungan akong mahanap ang isang bagay na lulutas sa lahat ng bagay. Nalaman ko na ang gayong paraan ay lalo lang magpapalala sa mga bagay-bagay.

Noong ako ang nagtuturo ng Gospel Doctrine class sa aking ward, determinado akong magtanong ng malalalim na bagay na mangangailangan ng pag-iisip at magbibigay ng bago at malaman na mga sagot. Sa madaling salita, gusto kong iwasan na marinig ang mga dati pa ring “sagot sa Sunday School” na tila iyon na lang palagi ang ibinibigay ng mga miyembro ng ward tuwing linggo.

Habang pinag-aaralan kong mabuti ang Bagong Tipan bilang paghahanda, nagulat ako sa paggamit sa salitang *abide* [*magsipanahan o manatili*], na paulit-ulit na nabanggit. Halimbawa, sabi sa Juan 15:10, “Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay *magsisipanahan* kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako’y *nananatili* sa kaniyang pagibig” (idinagdag ang pagbibigay-diin).

Sa Kanyang dakilang Panalangin ng Pamamagitan, nagdasal ang Tagapagligtas na ang Kanyang mga disipulo ay “maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako’y sa iyo, na sila nama’y sumang atin” at “Ako’y sa kanila, at ikaw ay sa akin, upang sila’y malubos sa pagkakaisa” (Juan 17:21, 23).

Karamihan sa mga sinaliksik ko ay kung paano ako magiging kaisa ng Panginoon, kung paano ako *nananatili* sa Kanyang pag-ibig, at bunga nito, kung paano ako magkakaroon ng dagdag na pagtitiis—pagtitiis na kailangang-kailangan ko upang ang nakapapagod kong mga karanasan ay makapagpalakas at makapagpadalisay sa akin.

Sa kabalintunaan, habang pareho kong sinasaliksik na maunawaan ang salitang *manatili* at ang mga sagot sa mahihirap na hamon na araw-araw kong kinakaharap, ako ay inakay pabalik sa mismong mga sagot sa Sunday School na sinisikap kong iwasan. Natagpuan ko ang mga sagot sa mga hamon sa akin sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pananalangin sa araw-araw, paglilingkod sa aking pamilya at sa iba, at pagdalo sa templo at sa aking mga pulong sa araw ng Linggo. Nalaman ko na ang mga simpleng bagay na iyon ang nagbigay ng kaibhan sa pagtitiis at sa pagtitiis nang mainam at nang may pagpapasensya.

Ang mga sagot sa Sunday School ang talagang pinakamainam na mga sagot. ■



## PAGPAPALAGO NG ATING PANANAMPALATAYA

“Ang paglilingkod, pag-aaral, pagdarasal, at pag-samba ay mahahalagang lahat para malubos ‘ang [kakulangan sa ating] pananampalataya.’ (1 Mga Taga Tesalonica 3:10.) Kung titigil tayo sa pagpapalago sa ating pananampalataya sa alinman sa apat na paraang ito, tayo ay magiging mahina. . . .

“Sa isang mundong lalong nagiging manhid, maiimpluwensyahan lamang ng Panginoon ang ating kamalayan sa pamamagitan ng paggamit ng ‘tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios.’ (Mga Taga Efeso 6:17; tingnan din sa Jarom 1:12.) Gayunman, ang pakikinig ay dapat may ‘kalakip na pananampalataya’ (Sa Mga Hebreo 4:2) at paglilingkod ng isang Kristiyano, gaya ng paulit-ulit nating naririnig.”

Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Lest Ye Be Wearied and Faint in Your Minds,” *Ensign*, Mayo 1991, 88.



## PAGGAMIT NG MGA MATERYAL NA INAPRUBAHAN NG SIMBAHAN

“Ginagamit ng mga guro at mga lider ang mga banal na kasulatan, ang mga turo ng mga propeta sa mga huling araw, at ang inaprubahang mga materyal ng kurikulum upang magturo at magpatotoo tungkol sa mga doktrina ng ebanghelyo. Ang inaprubahang mga materyal ng kurikulum para sa bawat klase o korum ay nakalista sa kasalukuyang *Instructions for Curriculum* [*Mga Tagubilin para sa Kurikulum*]. Kung kinakailangan, ginagamit na suplemento ng mga guro at lider sa mga materyal ng kurikulum ang mga magasin ng Simbahan, lalo na ang mga isyu ng pangkalahatang kumperensya ng *Ensign* at *Liahona*.”

*Handbook 2: Administering the Church* (2010), 5.5.4.

# IHAHANDA TAYO NG Masinop na Pamumuhay SA HINAHARAP

**N**aniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw na kailangang maging handa at matustusan ang sariling mga pangangailangan. Naniniwala tayo na dapat tayong mag-aral para makapagtrabaho, mag-impok ng salapi para sa oras ng kagipitan, at gumawa ng temporal na paghahanda para sa mga kalamidad o iba pang mga hamon. Ang pinakamahalaga, naniniwala tayo sa espirituwal na paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo at sa pamumuhay muli sa piling ng ating Ama sa Langit. Ang ganitong paghahanda ay tinatawag na masinop na pamumuhay.

Nakikita sa masinop na pamumuhay ang ating tunay at walang hanggang katangian: tayo ay “kumikilos para sa [ating] sarili at hindi pinakikilos” (2 Nephi 2:26). Gusto ng Panginoon na tayo ay maging responsable at makatayo sa sariling paa (tingnan sa D at T 78:14). Nais Niyang mamuhay tayo nang masinop dahil sa kahihinatnan natin sa paggawa nito: responsable, bukas-palad, husto ang kaisipan, mabait. Dahil kapag mas kaya nating tustusan ang ating mga pangangailangan, mas makakaya nating tulongan ang ating mga pamilya at ang iba pa. Paano natin pakakainin ang mga nagugutom kung tayo mismo ay nagugutom? Paano tayo makapagbabahagi ng kaalaman kung tayo mismo ay kulang sa kaalaman?

Paano natin mapatatag ang pananampalataya ng iba kung tayo mismo ay kulang ng pananampalataya?

Kabilang ang mga sumusunod sa mga alituntunin ng masinop na pamumuhay:

- Paghahanda. “Maghanda kayo, maghanda kayo para sa yaong paparito, sapagkat ang Panginoon ay nalalapit na” (D at T 1:12).
- Kasipagan. “Huwag kayong maging tamad” (D at T 42:42).
- “Matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya” (D at T 88:118).

Kapag ginawa ng mga miyembro ng Simbahan ang lahat sa abot ng kanilang makakaya na tustusan ang sarili ngunit hindi pa rin matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan, sila ay dapat munang humingi ng tulong sa kanilang mga pamilya. Kung hindi pa ito sapat, maaaring tumulong ang Simbahan. Maaaring gamitin ng mga bishop at branch president ang mga suplay mula sa “kamalig ng Panginoon” upang tulongan ang mga miyembro (tingnan sa D at T 82:18–19). Layunin ng anumang tulong mula sa Simbahan na tulongan ng mga miyembro ang kanilang sarili at hikayat silang magtrabaho. ■

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa Genesis 41; D at T 38:30.



“Responsibilidad nating lahat na maglaan para sa ating sarili at sa ating pamilya sa paraang kapwa temporal at espirituwal. Para masinop na makapaglaan, dapat nating sundin ang mga alituntunin ng masinop na pamumuhay: sa masayang pamumuhay ayon sa ating kinikita, pagkakuntento sa anumang mayroon tayo, pag-iwas sa labis na pag-utang, at masigasig na pag-iimpok at paghahanda para sa mga panahon ng kagipitan.”

Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Pagiging Masinop na Tagapaglaan sa Temporal at sa Espirituwal,” *Liahona*, Mayo 2009, 8.

**Maaari tayong magtrabaho upang matustusan ang ating sariling pangangailangan sa sumusunod na aspeto:**

**Espirituwal na lakas:**

Magtiwala sa Panginoon; sundin ang mga kautusan; manalangin at pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw; paglingkuran ang iba.

**Kalusugan ng katawan:**

Sundin ang Word of Wisdom; mag-ehersisyo; matulog nang sapat; ugaliin ang mabuting sanitasyon at hygiene o kalinisan.

**Edukasyon:** Matutong bumasa at sumulat; matuto ng mga kasanayan sa trabaho; pag-aralan “ang pinakamabubuting aklat” (D at T 88:118).



**Trabaho:** Magtrabaho para matustusan ang inyong pangangailangan at ang pangangailangan ng inyong pamilya.

**Pag-iimbak ng pagkain sa tahanan:** Magtabi ng malinis na maiinom na tubig at unti-unting dagdagan ang suplay ng mga pagkain na palagi ninyong kinakain at mas tumatagal na suplay ng mga pagkain, tulad ng mga butil at beans.

**Pananalapi:** Magbayad ng ikapu at mga handog; iwasan ang hindi kailangang pangungutang; unti-unting mag-impok ng salapi.

**PAGSAGOT SA MGA TANONG**

Maaaring nag-iisip ang ilan na lihim na nagtatago ng pagkain ang mga Banal sa mga Huling Araw. Sa katunayan, nag-iimbak tayo ng pagkain at tubig para makapaghanda sa panahon kung kailan maaaring kaunti ang pagkain at malinis na tubig o kaya’y walang makuha nito o kaya’y kinakapos sa pera ang pamilya. Sa oras ng emergency, ang mga nakapag-iimbak ng pagkain ay makadaramang mas ligtas sila at mas makatutulong sila sa kanilang mga pamilya at mga kapitbahay kapag may krisis.

MULA KALAWA: ANG IKALAWANG PAGPARITO, NI GRANT ROMNEY CLAWSON © IRI; MGA PAGIARAWAN NINA CRAIG DIMOND, CHRISTINA SMITH, JOHN LUKE, AT ROBERT CASEY © IRI; MGA RETRATO NG CHERRIES NA KUHA NI DAVID STOKER © 2008

# Maliliit at mga Karaniwang Bagay

*“Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay” (Alma 37:6).*

## PAGGUNITA SA MGA DAKILANG TAO

### Newel K. Whitney (1795–1850)

*Ibaba, kaliwang inset: Isang nililok na larawan ni Newel K. Whitney. Ibaba, kanang inset: Ang itaas ng tindahan ni Newel K. Whitney sa Kirtland, Ohio, kung saan idinaos ang Paaralan ng mga Propeta at mga pulong ng Simbahan. Ilalim: Ang tindahan ng mga Whitney.*

Si Newel Kimball Whitney ay isinilang sa Vermont, USA, noong Pebrero 5, 1795. Siya ay mahusay na negosyante at naging kaibigan at kasosyo niya sa negosyo si Sidney Gilbert. Noong nagsisimula pa lamang ang kanilang negosyo, madalas silang bumiyaha. Sa isa sa mga biyaheng iyon, nakilala ni Newel si Elizabeth Ann Smith sa Kirtland, Ohio. Naging magkasintahan sina Newel at Ann sa loob ng tatlong taon at nagpakasal noong 1823.

Magkasamang nagsaliksik ng katotohanan sina Newel at Ann at nakisali sa kilusang Campbellite, na nagsabing naipanumbalik nila ang sinaunang Kristiyanismo. Isang gabi nanalangin sina Newel

at Ann “upang malaman mula sa Panginoon kung paano [nila] matatamo ang kaloob na Espiritu Santo.” Inilarawan ni Ann ang pangitaing natanggap nila bilang sagot sa kanilang panalangin: “Napasaamin ang Espiritu at nalukuban ng ulap ang kabahayan. . . . Pagkatapos ay nakarinig kami ng tinig mula sa ulap, na nagsasabing: “Maghandang tanggapin ang salita ng Panginoon, sapagkat parating na ito.”<sup>1</sup>

Hindi nagtagal matapos ang sagot na ito sa panalangin, noong Oktubre 1830, dumating sa Kirtland ang mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw. Pagsapit ng Nobyembre, bininyagan sina Newel at Ann. Ilang buwan lang ang

nakalipas, kumatok sa pintuan ng mga Whitney sina Joseph at Emma Smith. Nang batiin at tawagin ni Joseph sa pangalan si Newel, hindi masabi ni Newel ang pangalan ng Propeta, kaya sinabi ni Joseph, “Ako si Joseph ang Propeta; nanalangin kang pumarito ako, ano ngayon ang nais mo sa akin?”<sup>2</sup> Pagkatapos ay pinatira ng mga Whitney sa kanilang tahanan ang mga Smith sa loob ng ilang linggo at binigyan sila ng matitirhan noong Setyembre 1832.


Bukod sa pagbibigay ng tirahan sa mga Smith, ipinagamit din ni Newel sa Simbahan ang buong espasyo sa itaas ng kanyang tindahan. Sa tindahan ng mga Whitney, idinaos ng mga pinuno ng Simbahan ang mga pulong at ang Paaralan ng mga Propeta.

Noong Disyembre 1831, tinawag si Newel bilang ikalawang bishop ng Simbahan at kalaunan ay naglingkod bilang tagapamahala ng pananalapi ng Simbahan, na tumulong sa pangangasiwa ng pondo ng Simbahan at mabayaran ang mga utang nito. Noong taglagas ng 1838, lumipat ang mga Whitney sa Far West, Missouri, kung saan muling tinawag si Newel bilang bishop, at pagkaraan ng 10 taon, tinawid nila ng kanyang pamilya ang kapatagan papuntang Salt Lake City, at doon siya naglingkod bilang Presiding Bishop ng Simbahan.

Namatay si Newel noong Setyembre 24, 1850, sa Salt Lake City dahil sa sakit sa бага.

#### MGA TALA

1. Elizabeth Ann Whitney, sinipi sa Edward Tullidge, *The Women of Mormondom* (1877), 41–42.
2. Joseph Smith, sinipi sa Elizabeth Ann Whitney, “A Leaf from an Autobiography,” *Woman’s Exponent*, Ago. 15, 1878, 51.





## Dan Jones (1810–62)

Mahigit isang milyong mga missionary na ang tinawag mula nang maorganisa ang Simbahan, ngunit hindi lamang isa si Dan Jones sa isang milyong misyonerong iyon, higit pa siya roon. Tungkol sa misyonerong Welsh na ito, sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), “Pagdating sa dami ng mga convert, tiyak na kasama si Dan Jones sa anim o mahigit pang misyonero na pinakamaraming nabinyagan sa kasaysayan ng Simbahan.”<sup>1</sup>

Bago siya naging misyonero, nandayuhan si Dan sa Estados Unidos mula sa Wales at nagtrabaho sa Ilog Mississippi bilang kapitan ng bapor na tinatawag na *Maid of Iowa*, na naghatid ng maraming Banal sa mga Huling Araw sa Nauvoo, Illinois. Sumapi siya sa Simbahan noong 1843 at naging matalik silang magkaibigan ni Propetang Joseph Smith.

Ang mga misyon ni Dan ang katuparan ng huling nakatalang propesiya ni Joseph Smith. Noong gabi bago pinatay si Propetang Joseph Smith, nakarinig siya ng putok ng baril sa labas ng bintana ng Carthage Jail, kaya ipinasiya niyang matulog sa sahig. Malapit sa kanya si Dan Jones. Tinanong ng Propeta si Dan kung takot siyang mamatay. Sagot niya, “Palagay ba ninyo, oras ko na? Sa ganitong layunin palagay ko hindi gaanong nakakatakot

mamatay.” Pagkatapos ay ipinropesiya ni Joseph, “Makikita mo pa ang Wales, at gagampanan mo pa ang misyong ipinagagawa sa iyo bago ka mamatay.”<sup>2</sup>

Natupad ang pangako ng Propeta noong 1845, nang tawagin si Dan at ang kanyang asawang si Jane na maglingkod sa Wales. Ginamit ni Dan ang kanyang talento sa pagsasalita para ituro ang ebanghelyo nang napakahusay. Mahusay siyang magsalita ng Welsh at Ingles, at itinala ng mga nakasaksi na napakagaling niyang magsalita kaya’t naaakit niya ang pansin ng kanyang mga tagapakinig sa alinman sa mga wikang ito sa loob ng maraming oras.

Habang nasa Wales, naglathala si Dan ng mga pahayagan, polyeto, at aklat ng Simbahan sa wikang Welsh. Sa pamamahala ni Dan Jones, ang mga misyonero ng Wales ay nagtagtag ng 29 na mga branch at nagbin-yag ng halos 1,000 katao sa bawat

taon ng kanyang unang misyon.

Tinawag siya sa ikalawang misyon sa Wales noong 1852, at sa kabila ng lumalalang pang-uusig sa Simbahan, mga 2,000 katao ang nabinyagan sa loob ng apat na taon.

Pagbalik niya sa Utah, tinulungan ni Dan ang maraming Welsh convert na makapunta sa Utah. Nang mamatay siya sa edad na 51, natulungan niyang makapunta ang tinatayang 5,000 katao sa kanlurang bahagi ng Estados Unidos.

### MGA TALA

1. Gordon B. Hinckley, “The Thing of Most Worth,” *Tambuli*, Mar. 1994, 8; *Ensign*, Set. 1993, 7.
2. Joseph Smith, sa *History of the Church*, 6:601.



Mula kaliwa: Larawan ng misyonerong Welsh na si Dan Jones. Isang bapor, na kagaya ng bapor kung saan si Dan Jones ang kapitan, ang palapit sa daungan sa Nauvoo, Illinois. Tinulungan ni Dan Jones ang mga dayong Welsh.

# Pagtuturo

## NG KALINISANG-PURI AT KABANALAN



**Ni Matthew O. Richardson**

Pangalawang  
Tagapayo sa Sunday  
School General  
Presidency

*Maaaring gamitin ng mga magulang ang anim na estratehiyang ito upang ituro sa kanilang mga anak ang tungkol sa seksuwal na intimasiya.*

**N**agkaroon na ako ng pribilehiyong makilala ang mga kabataan at young adult mula sa iba't ibang larangan at sa iba't ibang panig ng daigdig. Minsan ay nagsalita ako sa isang grupo ng kahanga-hangang mga tinedyer tungkol sa kabanalan, kalinisang-puri, at malinis na pamumuhay. Pagkatapos sabihin sa kanila kung gaano ang paghanga ko sa kanilang mga puna, kumpiyansa, kaanyuan, at asal, itinanong ko, "Paano ninyo nagawang magpaliwanag nang mahusay, makasagot nang walang alinlangan, at hindi maasiwa sa maselang paksang tulad nito?" Walang pag-aatubiling sinabi ng isang dalagita, "May mga magulang po ako na nagtuturo nito." Tumaingo ang iba pa sa pagsang-ayon. Ang simple bagama't napakagandang karanasang ito ay nagbibigay-diin sa impluwensyang nagagawa ng mga magulang sa buhay ng kanilang mga anak—lalo na sa tungkulin nilang ituro ang kabanalan, kalinisang-puri, seksuwal na intimasiya, at mga tamang pakikipagrelasyon.

Nakalulungkot nga lang na maraming magulang ang maaaring hindi naituturong mabuti sa kanilang mga anak ang mga isyu tungkol sa sex. Halimbawa, sa pagsasagawa ng survey sa mahigit 200 aktibong mga young single adult na mga Banal sa mga Huling Araw, natuklasan ko na 15 porsiyento lamang ang nagsabi na ang kanilang mga magulang ang pangunahing pinagmulan ng impormasyon tungkol sa sex. Sinabi ng mga batang miyembrong ito na nalaman nila ang tungkol sa mahalagang paksang ito unang-una sa kanilang mga kaibigan

o kabarkada, sa Internet, media, libangan, mga textbook, kamag-anak, o sa kanilang mga lider sa Simbahan.

Siyempre, hindi madaling ituro ang paksang ito. Ngunit naniniwala ako na ang mga magulang ang pinakamahuhusay na guro na makapagtuturo ng gayon kasagradong mga alituntunin. Ang sumusunod na mga estratehiya ay tutulong upang makabuo kayo ng simple, mabisa, at hindi malilimutang mga alituntunin at kaugalian na makapaghihikayat o makapagsisimula ng epektibong pagkatuto at pagtuturo—lalo na sa pagtuturo sa inyong mga anak kung paano mamuhay nang matwid at malinis.

**Ang pagtuturo at pagkatuto ay dapat simulang habang maaga pa.** Ang mga magulang na mabisang naituturo sa kanilang mga anak ang mga paksa tungkol sa sex ay nauunawaan na karamihan sa mga bata ay nalalantad sa ganitong paksa sa napakamurang edad kaysa inaasahan o ninanais nila o ng kanilang mga magulang. Maraming bata ang nalalantad sa nilalaman ng Internet tungkol sa sex sa napakabatang edad na 11 taon at may ilan na mas bata pa rito. Ang mga lugar ng libangan, mga palaro, patalastas, at maging ang social media ay lalong nahahaluan at napupuno ng mga imahe ng sex at mga pagpapahiwatig tungkol dito.

Tama ang pagtatanong ng ilang magulang, "Kailan ko dapat simulang banggitin ang mga bagay na may kaugnayan sa sex?" Depende ito sa edad at kahustuhan ng isip ng bata at ng partikular na situwasyon. Ang espirituwal na patnubay ay darating kapag mapanalangin at maingat na sinubaybayan ng mga magulang ang kilos ng kanilang mga anak, pinakinggang mabuti ang kanilang mga anak, at nag-ukol ng panahon upang isaalang-alang at malaman kung kailan at ano ang ituturo. Halimbawa, naaalala ko nang magtanong ang anak kong lalaki tungkol sa anatomy (ukol sa katawan ng tao) noong limang taong gulang pa lamang siya. Kahit medyo nakakakaba, malinaw na tamang panahon iyon para mag-usap. Gayunman, habang iniisip ko kung paano sasagot,



medyo naging malinaw na *hindi* iyon ang tamang oras para kausapin ang anak ko tungkol sa bawat paksang may kinalaman sa sex.

**Ang pagtuturo at pagkatuto ay dapat na mangyari nang madalas.** Ang pagkatuto ay isang proseso at hindi minsanan lang nangyayari. Kapag tungkol na sa pagtuturo sa mga bata hinggil sa seksuwal na intimasiya o iba pang kaugnay na paksa, madalas itong tukuyin ng mga tao bilang “ang pag-uusap.” Si-nadya man o hindi, ipinahihiwatig ng salitang ito na ituturo ng mga magulang ang paksang ito sa minsanang pag-uusap lamang. Hindi iyan ang pinakamabisang paraan na matututo ang isang bata. Itinuro ng Tagapagligtas na natututo tayo nang “taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin” (2 Nephi 28:30). Mas magtagumpay tayo sa pagtuturo kapag inulit natin ang paksa sa ating mga anak habang lumalaki sila at nahuhusto ang kaisipan nila. Ang mga magulang na nakauunawa sa alituntuning ito ay inihahanda ang kanilang sarili sa kaisipan, damdamin, at sa espirituwal upang maituro sa kanilang mga anak ang tungkol sa mga paksang may kinalaman sa sex habang sila

ay bata pa at nagiging tinedyer na.

**Ang epektibong pagkatuto at pagtuturo ay batay sa ugnayan ng nagtuturo at ng tinuturuan.** Kapag tungkol na sa pagtuturo sa mga bata ng mga paksang may kinalaman sa sex, karamihan sa mga magulang ay nag-aalala na sa kung *ano* ang dapat nilang sabihin. Bagama’t mahalaga ito, ang epektibong pagtuturo at pagkatuto ay hindi lamang batay sa pag-uusap at pagsasabi ng tungkol dito. Sa katunayan, ang *paraan* ng mga magulang sa pagtuturo sa kanilang mga anak ay maaaring mas mahalaga kaysa sa talagang sasabihin nila. Nakita sa research na ang mga magulang na nakaiimpluwensyang mabuti sa kanilang mga anak kapag tungkol na sa sex ang pinag-uusapan ay ang mga magulang na bukas sa pakikipagtalakayan tungkol dito, nagpapakita ng pagmamahal at malasakit, at inaalam ang buhay ng kanilang mga anak.<sup>1</sup>

Ang mga puna mula sa di-pormal na survey na ginawa ko sa mga batang Banal sa mga Huling Araw ay paulit-ulit na nakasentro sa paghahangad na sana ay naging mas

**Ang mga magulang na nakaiimpluwensyang mabuti sa kanilang mga anak kapag tungkol na sa sex ang pinag-uusapan ay ang mga magulang na bukas sa pakikipagtalakayan tungkol dito, nagpapakita ng pagmamahal at malasakit, at inaalam ang buhay ng kanilang mga anak.**

bukas o handa ang kanilang mga magulang na pag-usapan ang paksang may kinalaman tungkol sa sex. Ipinahayag ng mga young adult na ito na hindi lamang nila gustong maging bahagi ang kanilang mga magulang sa proseso, kundi nais din sana nila na “*ka-usapin sila* ng kanilang mga magulang tungkol dito sa halip na *pagsabihan lang sila* ng tungkol dito.” Gusto nila ng mga pag-uusap na “natural,” “normal,” “komportable,” at hindi “nakakaasiwa.” Dapat mahikayat nito ang mga magulang na lalo pang sikapin na sila ay mading lapitan, na may panahon sila, natural lang ang kilos, at kalmado lang sa pagtalakay sa paksa, situwasyon, o maging sa tamang oras. Kung may sakripisyo mang dapat gawin ang mga magulang para maituro nang epektibo sa kanilang mga anak ang tungkol sa mga bagay na pinakamahalaga, iyon ay ang kumilos ang mga magulang sa paraan na matutulungan ang kanilang mga anak na maging komportable at malayang magsalita tungkol sa lahat ng paksa—lalo na ang mas personal na mga bagay.

**Ang pagtuturo at pagkatuto ay pinaka-epektibo kapag ang paksa ay angkop at tunay.** Depende na rin sa kung paano natin harapin, ang pagtuturo ng tungkol sa seksuwal na intimasiya ay maaaring nakakaasiwa, hindi makatotohanan, hindi praktikal, o parang pangangaral. Ang isang susi sa tagumpay ay ang matanto na ang karamihan sa mga tanong at alalahanin ng mga bata ay mga reaksyon sa mga situwasyon at naoobserbahan nila sa tunay na buhay. Habang pinagtutuunan natin ng pansin, pinakikinggan, at pinagmamasdan ang ating mga anak, malalaman natin kung ano ang kailangan nating ituro.

Halimbawa, ang mga pelikula, estilo, uso, programa sa telebisyon, patalastas, o titik ng musika ay nagbibigay ng sapat na pagkakataon upang magsalita tungkol sa mga pamantayan ng kagandahang-asal. Ang iba pang mga pagkakataon ay darating habang inoobserbahan natin ang pakikipag-ugnayan at pakikisalamuha ng ating mga anak sa ibang tao, ang paraan nila ng pananamit at ng kanilang mga barkada, ang mga pananalitang gamit nila, kung gaano ang pagdepende nila sa opposite sex, gayundin ang iba’t ibang pakahulugan tungkol sa kalinisang-puri at mga pamantayan ng kagandahang-asal sa komunidad. Napakaraming pagkakataon sa buhay para *makipag-usap* sa mga bata tungkol sa moralidad at kabanalan.

Marahil ang pinakamahalagang aspeto ng pagtuturo batay sa tunay na buhay ay nagagawa kapag ang mga magulang ay huwaran ng kalinisang-puri, pagkadisente, at kabanalan sa kanilang sariling buhay. Ang mga bata ay mas handang makinig at sumunod sa payo ng kanilang mga magulang kapag ang gayong payo ay batay sa mabubuting halimbawa ng kanilang mga magulang.

*Habang pinagtutuunan natin ng pansin, pinakikinggan, at inoobserbahan ang ating mga anak, malalaman natin kung ano ang kailangan nating ituro.*

Totoo rin ang kabaligtaran nito. Gaya ng sinabi ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Sa maraming paraan, mas mabisa ang epekto ng ating mga gawa kaysa ating mga salita. Itinuro ni Pangu-long Brigham Young (1801–77): ‘Dapat tayong magpakita [sa ating mga anak] ng halimbawa na nais nating gayahin nila. Nauunawaan ba natin ito? Gaano kadalas nating nakikita ang mga magulang na humihingi ng pagsunod, magandang asal, mga mabuting pananalita, kalugud-lugod na anyo, magiliw na tinig, maaliwalas na mukha mula sa isang anak o mga anak samantalang sila ay puno ng sama ng loob at pagpapagalit! Gaano ito kasalungat at kawalang katwiran!’ Mapapansin ng ating mga anak ang paiba-iba nating pag-uugali at marahil pangangatwiranang nila ang paggawar rin ng gayon.”<sup>2</sup>

**Ang mga nag-aaral ay natututong mabuti kapag nauunawaan nila ang itinuturo ng mga guro.** Napakaraming kabataan at mga young adult ang nagsasabi na ang kanilang mga magulang at maging ang mga lider ng Simbahan ay mahilig gumamit ng mga “code word” o malabong pananalita at hindi tuwirang mga mensahe na lumilikha ng mas maraming tanong kaysa mga sagot at higit na tensiyon sa halip na mapanatag sila. Totoo ito lalo na kapag tungkol na sa sex ang paksa.

Noong ako ang bishop sa isang young single adult ward, madalas akong matanong kung ano ang ibig sabihin ng “petting” o paghihipuan. Ang matatapat kong miyembro sa ward ay tinuruan na hindi sila dapat masangkot sa petting (paghihipuan), ngunit hindi kailanman itinuro sa kanila ang ibig sabihin ng petting. Mahirap para sa kanilang sundin ang tagubilin na hindi nila nauunawaan.

Si Pangulong Marion G. Romney (1897–1988), Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ay nagpaliwanag na hindi sapat ang magturo sa paraan na mauunawaan ng ibang tao, kundi kailangan din tayong magturo sa paraan na walang magkakamali sa pagkaunawa nito.<sup>3</sup> Sa halip na magsalita gamit ang ‘code word’ o malabong salita o kaya’y slang, mas magtatagumpay tayo kung gagamit tayo ng wasto at angkop na mga salita. Nakatutulong ito upang magkaunawaan at magkaroon ng paggalang.

Isipin kung paano mabisang itinuro ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga alituntunin at pamantayan ng kagandahang-asal. Sabi niya: “Ang anumang seksuwal na intimasiya sa labas ng bigkis ng kasal—ibig kong sabihin anumang sinadyang pagdait sa sagrado at pribadong mga bahagi ng katawan ng isang tao, may suot mang damit o wala—ay kasalanan at ipinagbabawal ng Diyos. Paglabag o kasalanan din ang sadyang pukawin ang mga damdaming ito sa sarili ninyong katawan.”<sup>4</sup>



Upang maging epektibo sa pagtuturo, dapat nating tiyakin na nauunawaan ng mga tinuturuan natin ang mensahe. Ang mga simpleng tanong na gaya ng “Nasagot ba nito ang tanong mo?” o “Naipaliwanag ko bang mabuti iyan?” o “May iba pa ba kayong mga tanong?” ay napakalaking tulong.

**Ang mga nag-aaral ay nakauunawa kapag iniuugnay ng mga guro ang mensahe sa walang hanggang mga alituntunin at pamantayan.** Sa halip na magpokus lamang sa kaukulang “mga katotohanan ng buhay,” ang epektibong pagtuturo ng ebanghelyo ay nagaganap kapag iniuugnay natin ang mga katunayang iyon sa “mga katotohanan ng buhay na walang hanggan.” Kapag nagsasalita tungkol sa ating katawan, halimbawa, maaari nating sabihin kung paano nilikha ng isang mapagmahal na Ama sa Langit ang ating mga katawan at kung paano natin dapat ituring ang Kanyang mga nilikha nang may paggalang at ayon sa Kanyang mga inaasahan.

Habang nalulunod ang mundo sa imoralidad, may pag-asa pa para sa mga susunod na henerasyon. Ang pag-asang ito ay nakasentro sa mga magulang na ginagawa ang lahat

upang maturuan ang bagong henerasyon na maging banal at marangal. Ang mga magulang na nagtuturo sa kanilang mga anak na mamuhay nang banal at marangal ay sinisikap na dagdagan ang kanilang pang-unawa at paghuhusayin ang kanilang kasanayan sa pagtuturo. Sa paggawa nito, nalalaman nila na “pauunlarin ang [kanilang] kakayahan ng Panginoon kapag nagtuturo [sila] sa paraang iniuutos Niya.” Dahil totoo namang ito “ay isang gawain ng pagmamahal—isang pagkakataon upang tulungan ang iba na gamitin ang kanilang kalayaan sa pagpili nang matwid, lumapit kay Cristo, at tanggapin ang mga biyaya ng buhay na walang hanggan.”<sup>5</sup> ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa Bonita F. Stanton at James Burns, “Sustaining and Broadening Intervention Effect: Social Norms, Core Values, and Parents,” sa *Reducing Adolescent Risk: Toward an Integrated Approach*, ed. Daniel Romer (2003), 193–200.
2. Robert D. Hales, “Tungkulin Natin sa Diyos at sa Bagong Henerasyon Bilang mga Magulang,” *Liahona*, Ago. 2010, 74.
3. Tingnan sa Jacob de Jager, “Let There Be No Misunderstanding,” *Ensign*, Nob. 1978, 67.
4. Richard G. Scott, “Serious Questions, Serious Answers,” *Liahona*, Set. 1997, 31.
5. *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (2000), 4.

**Marahil ang pinakamahalagang aspeto ng pagtuturo batay sa tunay na buhay ay nagagawa kapag ang mga magulang ay huwaran ng kalinisang-puri, pagkadisente, at kabanalan sa kanilang sariling buhay.**

# Pagtuturo NG KABUTIHAN SA TAHANAN

*Isang responsibilidad at pagpapala sa mga magulang ang turuan at sanayin ang kanilang mga anak na mamuhay nang matwid.*



**Ni Elder  
Delbert L. Stapley  
(1896–1978)**

Ng Korum ng  
Labindalawang Apostol

*Si Delbert L. Stapley ay ipinanganak noong Disyembre 11, 1896, sa Arizona, USA. Siya ay itinalagang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol noong Oktubre 5, 1950, at naglingkod sa korum na iyon hanggang sa kanyang pagpanaw noong Agosto 19, 1978. Ang mensaheng ito sa debosyonal ay ibinigay sa Brigham Young University noong Pebrero 1, 1977. Ang buong teksto ng mensaheng ito sa Ingles ay matatagpuan sa [speeches.byu.edu](http://speeches.byu.edu).*

Ang mga magulang ay may pagkakataong turuan at hubugin ang pagkatao ng kanilang musmos na mga anak bago pa magkaroon si Satanas ng kapangyarihan na tukuhin sila at bago pa sila tumuntong ng walong taong gulang, at magkaroon na ng pananagutan sa harap ng Diyos. . . . Ipinagkaloob ng Panginoon sa mga magulang ang mahahalagang taong ito, ang mga unang taon ng buhay ng isang bata, kung kailan wala pang pananagutan ang mga bata sa kanilang sinasabi at ginagawa. Isang responsibilidad at pagpapala sa mga magulang ang turuan at sanayin ang kanilang mga anak na mamuhay nang matwid.

Ang pinakamabisang paraan para maituro ang kabutihan at relihiyon sa isang tahanan ay

sa pamamagitan ng halimbawa. Sana, mapanatili ng mga magulang ang kanilang buhay na kalugud-lugod at mabuti at dahil dito'y magamit nang makabuluhan ang halimbawa ng kanilang buhay sa pagtuturo at pagsasanay sa kanilang sariling mga anak. [Itinuro ni Pangulong David O. McKay (1873–1970):] “Kung magtuturo kayo ng pananampalataya sa Diyos, magpakita kayo mismo ng pananampalataya sa Kanya; kung magtuturo kayo ng panalangin, manalangin kayo mismo; . . . kung gusto ninyong maging mahinahon sila, iwasan ninyo mismo ang pagiging mainitin ang ulo; kung nais ninyong ang inyong anak ay mamuhay nang may kabanalan, pagtitimpi, kabaitan, kung gayon magpakita kayo sa kanya ng halimbawang marapat tularan sa lahat ng bagay na ito.”<sup>1</sup> Sa paggawa nito'y lalong maki-kintal sa isipan ng inyong mga anak ang mga aral na ito; at sila, sa pagtanggap ng gayong patnubay mula sa mga magulang, ay mapalalakas ang kanilang sarili laban sa mga tukso ni Satanas, na ang mithiin ay sirain ang kanilang buhay kapag tumuntong na sila sa edad ng pananagutan. Tungkulin ng mga magulang na maging tulad ng nais nilang kahinatnan ng kanilang mga anak hinggil sa pagpipitagan, katapatan, kahinahunan, at tatag ng kalooban na gawin ang tama sa lahat ng pagkakataon. Mas mabisa ang halimbawa kaysa tuntunin.

Ang araw-araw na pamumuhay sa tahanan ay dapat nakaayon sa mga alituntunin at pamantayan ng ating Simbahan. Ang mga ginagawa natin sa negosyo ay dapat naaayon sa mga turo ng ating relihiyon. Madaling madama ng mga bata kung hindi tapat ang isang tao. Sinabi ni John Milton na ang pagkukunwari ang tanging kasalanan na hindi nahahalata maliban ng Diyos. Gayunman, ang mga bata ay sensitibo sa mga bagay na mali, at ayaw nila sa mapagkunwari at mapagpanggap. Alam natin na mas naiimpluwensyahan ang mga bata ng mga pangaral na ating ipinamumuhay kaysa ng mga pangaral na ating binibigkas. Ang mga magulang ay dapat palaging maging tapat sa kanilang mga anak,



na tinutupad ang mga pangakong ginawa sa kanila at palaging nagsasabi ng katotohanan. Ang magulang na hindi pabagu-bago ang pag-uugali ang nakakukuha sa tiwala ng kanyang anak. Kapag nadama ng bata na marapat ka niyang pagkatiwalaan at pinagkakatiwalaan mo rin siya, hindi niya ito sisirain, ni magdulot ng kahihyan sa iyong pangalan. . . .

Ang mga magulang ay hindi kailanman dapat mag-away sa harapan ng kanilang mga anak. Kung minsan ay nagkakaroon ng mga pag-aaway sa pagtatangkang ituwid o disiplinahin ang isang bata. Isang magulang ang namumuna; ang isa naman ay tumututol. At ang pagkakaisa sa tahanan, na dapat sanang makita at madama ng bata, ay nawawalang-saysay. Dapat magkaisa ang mga magulang sa nais nilang kahantungan ng kanilang anak; dahil kung hindi, baka makagawa siya ng mga maling desisyon bunga nito. Sinabi ni Richard L. Evans: “Ang hindi pagkakaisa ng mga magulang ay hindi mabuti at nakalilito at nagpapahina sa pundasyon ng pamilya. Ang mga taong inasahan ng isang bata na gagabay sa kanya ay kailangang magkaisa sa paggabay na kanilang ibinibigay.”<sup>2</sup> Alam nating madaling madama ng mga bata ang kondisyon at saloobon ng pamilya; nakadarama sila ng tensiyon at mga pagkakaiba na hindi nila palaging nauunawaan. . . .

May karapatan ang isang bata na madama na ang kanyang tahanan ay isang kanlungan, isang lugar na proteksiyon mula sa mga

panganib at kasamaan sa labas ng tahanan. Ang pagkakaisa at integridad ng pamilya ay mahalaga upang matugunan ang pangangailangang ito. Walang ibang lugar maliban sa tahanan kung saan matatagpuan ang tunay at tumatagal na kaligayahan sa buhay na ito. Ang tahanan ay maaaring maging munting langit; tunay na nakikinita ko ang langit bilang karugtong ng huwarang tahanan dito sa lupa.<sup>3</sup> . . .

Ang ebanghelyong itinuturo natin ay totoo. Si Cristo ay buhay, ang Diyos ay buhay, at napakagagandang mansiyon ang inihahanda sa itaas para sa lahat ng Kanyang matatapat na anak. Planuhin ngayon ang uri ng tahanan at pamilya na nais ninyo at kung paano ninyo tutugunan ang mga pangangailangan ng inyong mga anak upang mapanatili sila sa landas ng kabutihan na aakay sa pamilya tungo sa buhay na walang hanggan sa isang selestiyal na tahanan. Pagpalain kayong lahat ng Diyos, mga kapatid. Sa palagay ko nauunawaan ninyo na karamihan sa mga nabanggit ay nauukol sa inyo. At ang buuin at itaguyod ang inyong tahanan sa sagradong paraan ay napakahalaga sa mga kabataan na naging biyaya sa inyong buhay. ■

*Ang pagpapalaki ng titik at pagbabantas ay isinumod sa pamantayan.*

#### MGA TALA

1. David O. McKay, *Secrets of a Happy Life*, comp. Llewelyn R. McKay (1967), 11.
2. *Richard Evans' Quote Book* (1975), 23.
3. Tingnan sa David O. McKay, *Gospel Ideals* (1953), 490.

*May karapatan ang isang bata na madama na ang kanyang tahanan ay isang kanlungan, isang lugar na proteksiyon mula sa mga panganib at kasamaan sa labas ng tahanan. Ang pagkakaisa at integridad ng pamilya ay mahalaga upang matugunan ang pangangailangang ito.*





# PAGTULONG SA MGA KABATAAN NA MAGKAROON NG MGA ESPIRITUWAL NA KARANASAN

*Hindi mapipilit ng sinuman ang mga kabataan na magkaroon ng mga espirituwal na karanasan, ngunit gaya ng natuklasan ng mga magulang at lider na ito, maraming paraan upang magkaroon ng mga karanasan na humahantong sa conversion o pagbabalik-loob.*

**N**ang simulan nina Vyacheslav at Zoya Gulko ng Ukraine na magsiyasat sa Simbahan, ang kanilang 13-taong gulang na anak na si Kira, ay hindi natuwa. Ayaw niyang makisali sa mga pagtuturo ng mga misyonero, at kapag alam niyang darating sa kanilang tahanan ang mga elder, “hayagan niyang isinasara ang pinto ng kanyang silid,” paggunita ng kanyang ina.

Naisip nina Brother at Sister Gulko, na nagpasiyang sumapi sa Simbahan, na kung mabibigyan lang nila ng pagkakataon si Kira na madama ang Espiritu ay maaaring maantig ang kanyang puso. Dahil nagsimula ang sariling patotoo ni Sister Gulko nang dumalo siya sa binyag ng isang tao, hiniling niya kay Kira na magpunta sa *kanyang* binyag—para tulungan man lang siyang magbihis pagkatapos niyon.

Nagulat si Sister Gulko na pumayag si Kira.

“Nangyari nga!” paggunita ni Sister Gulko. “Kumikilos ang Ama sa Langit sa mahimalang paraan.” Nadama *nga* ni Kira ang Espiritu, at isang linggo pagkatapos ng binyag ng kanyang mga magulang ay pumayag siyang makipagkita sa mga misyonero. Sinimulan niyang basahin ang Aklat ni Mormon. Pagkaraan ng ilang linggo, napansin ni Sister Gulko ang isang papel na nakasabit sa itaas ng mesa ni Kira; nakasulat doon ang mga salita sa 2 Nephi 2:25. Dalawa’t kalahating buwan matapos ang kanilang binyag, dumalo ang mga Gulko sa binyag ng kanilang anak. Ngayon, makalipas ang 20 taon, si Kira ay may asawa na. Siya at ang kanyang asawang si Dave ay naibuklod sa templo at pinalalaki ang dalawa nilang anak na lalaki sa ebanghelyo. Matapat siyang naglingkod sa ilang tungkulin at nananatiling aktibo sa Simbahan.

Sa karanasang iyon, sinabi ni Zoya na may natutuhan siyang mahalagang aral na akma sa mga magulang na matatagal nang miyembro ng Simbahan at sa tulad nilang mag-asawa na mga bagong miyembro pa lang: hindi mapipilit ng mga magulang at mga lider ang kanilang mga anak sa ebanghelyo, ngunit *magagawa* nilang anyayahan sila sa mga lugar kung saan magkakaroon sila ng sariling espirituwal na mga karanasan. Ang mga karanasang iyon ay maaari ding humantong sa conversion o pagbabalik-loob.

*Iugnay ang mga makabagong halimbawa sa salita ng Diyos at sa buhay ng mga kabataan.*



Ngunit ano nga ba ang pinakamainam na paraan para magkaroon ng ganitong uri ng mga karanasan? Ibinahagi ng mga magulang at mga lider mula sa iba't ibang panig ng mundo ang mga nagawa nilang paraan.

### **Bigyan ang mga Kabataan ng mga Pagkakataong Maglingkod**

Ang Granja Viana Ward sa São Paulo Brazil Cotia Stake ay maraming aktibong kabataang lalaki. Ngunit napansin ng kanilang mga lider na ang ilan sa kanila ay may mga kani-kanyang hamon sa buhay at nahihirapang gampanan ang kanilang mga tungkulin sa priesthood.

Pagkatapos magsanggunian ang bishopric at mga lider ng Young Men, nagpasiya silang lalo pang ituon ang kanilang mga aktibidad sa paglilingkod at hindi na gaano sa paglilibang o pagsasaya. Kabilang na rito ang pagbisita sa mga miyembro ng korum na hindi gaanong aktibo, pakikibahagi sa proselyting o pagtuturo kasama ng mga full-time missionary, at pangangasiwa ng sacrament sa mga

miyembro ng ward na namamalagi na lamang sa tahanan. Ang mga aktibidad na ito ay nagbigay sa mga kabataang lalaki ng pagkakataon na kumilos upang isagawa ang mga alituntunin na natututuhan nila sa seminary at sa mga araw ng Linggo (tingnan sa 2 Nephi 2:26).

Sa paglipas ng panahon, “ang mga espirituwal na aktibidad na ito ang gumawa ng lahat ng kaibhan,” pag-uulat ng isang lider ng priesthood.

“Nagulat kami nang isang Linggo ng pag-aayuno ay nagbahagi ng kanilang mga patotoo ang lahat ng aming kabataang lalaki,” sabi niya. “Habang nagpapatotoo sila, naluluhang nagunita ng marami sa kanila ang kasiyahang nadama nila sa mga pagkakataong iyon. Ikinuwento ng isang binatilyo ang karanasan niya sa pangangasiwa ng sacrament sa isang may-edad nang miyembro ng aming ward na tatlong taon nang nakaratay sa banig. Tinanggap ng kanyang asawa, na isang matapat na babae, ang aming mga kabataang lalaki nang may galak at pag-asa. Pagkatapos ng ordenansa, ibinahagi niya sa kanila ang kaligayahang nadarama niya sa kanyang buhay dahil sa ebanghelyo sa kabila ng malalaking problema at hamon na kanyang kinakaharap. Nadama nila ang Espiritu at natanto ang kaibhang nagagawa ng ebanghelyo sa buhay ng mga tao. Napakalakas ng bisa ng karanasang ito kaya’t maaalala nila ito sa darating pang mga taon—marahil habang sila’y nabubuhay.”

Sinabi niya na hindi siya kailanman nakakita ng gayong saloobin sa alinmang “laro ng football o kaya’y nakatutuwang gabi ng Mutual.” Sa halip, sinabi niya na itinuro sa kanya ng karanasan ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga karanasang magpapadama ng Espiritu sa mga kabataan.

“Mahalaga ang mga social activity,” pagpapatuloy niya. “Ngunit ang mga espirituwal na karanasan ay mahalaga sa pagtulong sa mga kabataan na patatagin ang sarili nilang patotoo.”

Tuwing Linggo sa Rennes Ward, Angers France Stake, si Sister Delphine Letort, bilang Young Women president, ay nagbibigay ng kard sa bawat kabataang babae na naroon at pinapipili ito ng kaibigan na wala roon sa simbahan at pinasusulatan ito sa kanya. Isinulat ng mga kabataang babae ang tungkol sa lesson nang linggong iyon—kung ano ang natutuhan nila o kung ano ang nagbigay sa

kanila ng inspirasyon—gayundin ng personal na liham ng pakikipagkaibigan. Pagkatapos ay ipinapadala sa koreo ni Sister Letort o ng isa sa kanyang mga tagapayo ang mga kard sa mga taong hindi nakapagsimba.

Simple lang ang aktibidad ngunit epektibo, sabi niya, hindi lamang para malaman ng mga hindi dumadalo na naaalala sila kundi para magkaroon din ng higit na mala-sakit sa isa't isa ang mga nagsulat ng liham.

“Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay,” sabi niya (tingnan sa Alma 37:6). “Nakita naming nangyari ito. Nahikayat ang mga kabataang babae, at nakatulong ang karanasang ito na madagdagan ang kanilang mga patotoo.”

### **Ilapit ang mga Kabataan sa Salita ng Diyos**


Itinuro ni Alma na ang pangangaral ng salita ng Diyos ay may mabisang epekto (tingnan sa Alma 31:5). Alam ito ni David Elmer, isang lider ng Young Men sa Texas, USA, at nais niyang bigyan ng makabuluhang karanasan ang mga kabataang lalaki na kanyang pinamumunuan sa isang high-adventure Scouting trip upang tulungan silang maghanda para sa hinaharap.

Nanalangin si Brother Elmer at inisip kung ano ang maaari niyang ibahagi at nadama niyang dapat niyang ibahagi ang mensahe ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sa biyahe, nagturo si Brother Elmer mula sa mensaheng iyon, kasama ang kuwentong ibinahagi ni Elder Andersen tungkol kay Sidney Going, isang rugby star sa New Zealand na nagsantabi sa kanyang sports career para magmisyon. “Ang pagmimisyon ninyo ay isang banal na pagkakataon upang maakay ang iba patungo kay Cristo at tumulong sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas,” sabi ni Elder Andersen.<sup>1</sup>

Malakas ang epekto ng karanasang iyon, sabi ni Brother Elmer, dahil nagturo siya mula sa mga salita ng buhay na propeta. Pagkatapos ng debosyonal, lahat ng kabataang lalaki at lider ay pumirma ng kanilang pangalan sa mga rugby ball bilang pangako na magmimisyon sila at bilang paalala ng natutuhan at nadama nila. Marami sa mga ama at mga lider ang nangagpuyat nang gabing iyon para kausapin ang mga kabataang lalaki tungkol sa epekto ng kanilang misyon sa kanilang buhay.

“Personal tayong kilala ng ating Diyos; kilala Niya ang Kanyang mga kabataan,” sabi ni Brother Elmer. “Alam Niya kung ano ang nangyayari sa kanilang buhay at ano ang kanilang mga hamon at ano ang ginagawa ng mga batang ito. Hindi lang ninyo alam kung paano Siya kumikilos sa kanilang buhay. Kaya't tayo bilang mga lider ay inihahanda at inilalaan ang kapaligiran upang madama nila ang Espiritu. Magagawa ninyo iyan sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta, ngunit ang Panginoon, hindi tayo, ang gumagawa ng pagbabago sa kanilang puso.”

*Magturo gamit ang mga salita ng mga buhay na propeta gayundin ng mga sinaunang propeta.*



### **Huwag Pabagu-bago**

Sinabi ni Brother Elmer na gusto niyang maalala ng mga kabataang lalaki ang isang bagay sa biyaheng ito: palagi nilang pinag-aaralan ang ebanghelyo.

“Nadama ko na bahagi ng responsibilidad ko ang bigyan sila ng mga karanasan upang madama nila ang Espiritu, at kung gusto kong mangyari iyan, kailangan kong gampanan ang aking bahagi na magplano para dito,” sabi niya. “Itinuro ni Elder David A. Bednar ang tungkol sa paglikha ng mga espirituwal na huwaran sa ating buhay, mga huwang tulad ng pag-aaral ng banal na kasulatan at panalangin at family home evening.<sup>2</sup> At sa pag-alis namin nang linggong iyon, pinanatili namin ang aming mga espirituwal na huwaran. Nagdasal kami bilang isang grupo. Inatasan namin ang mga kabataang lalaki na magbahagi ng 10-minutong debosyonal sa umaga, at ang kanilang mga lider at mga ama ang naghanda ng mga debosyonal sa gabi.

“Ang mahalaga ay kahit malayo kami sa tahanan at kaila ang aming aktibidad kumpara sa mga dati naming ginagawa, ang aming mga espirituwal na huwaran ay hindi natigil. Maaaring maalala o maaaring hindi na maalala ng mga kabataang lalaki ang partikular na mga lesson, ngunit umaasa ako na maaalala nila ang huwang ipinakita namin sa pagkakaroon ng mga debosyonal at panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan.”

*Maghanap ng mga pagkakataon na makapagturo sa gawain sa araw-araw.*



Alam din ni Myra Bocobo Garcia ng Pilipinas ang kahalagahan ng hindi pagbabagubago, at alam niyang ang pagtuturo nito ay nagsisimula sa tahanan. Si Sister Garcia at ang kanyang asawang si Edwin ay may tatlong anak na lalaki at anim na anak na babae na mga edad 8 hanggang 22, at bawat isa ay kasama sa iba't ibang mabubuting aktibidad. Bagama't ibig sabihin niyan ay magkakaiba ang ginagawa at pinupuntahan nila, sinisikap na mabuti ng pamilya na magsama-sama sa pagkain ng hapunan.

“Ang pagluluto at masayang paghahanda ng pagkain at pagkain nang sabay-sabay ang isa sa mga pinakamainam na paraan ng pagtitiyon namin sa aming mga anak,” sabi ni Sister Garcia. Sinasabi niya na ang oras ng pagkain ay oras para magpanibago ng lakas, makipagugnayan sa isa't isa, at pasalamatang mga pagpapala ng Panginoon.

### **Gamitin ang Kasalukuyang mga Oportunidad para Magturo at Makinig**

Sinasabi ni Jocelyn Fielden ng Nova Scotia, Canada, na ang pinakamahahalagang aral

na natutuhan niya sa pagpapalaki ng anim na anak, na ngayon ay nasa mga edad 20 hanggang 30, ay hindi lamang mula sa direktang pagtuturo kundi mula rin sa “paglikha ng isang kapaligiran kung saan maaaring matutuhan mismo ng mga bata ang mga katotohanan.”

“Huwag kaagad gawin ang lahat ng kanilang gusto o sagutin ang lahat ng kanilang mga tanong,” sabi niya. Sa halip, iminumungkahi niyang ituon ang mga bata “sa mga banal na kasulatan o sa payo mula sa ating propeta para sa patnubay at mga sagot.” Idinagdag pa niya, “At maghandang talakayin ang kanilang mga matutuklasan.” Bukod pa rito, kapag tinatanong siya ng kanyang mga anak, sinasagot niya rin ito nang patanong: “Ano sa palagay mo ang dapat mong gawin?”

“Magtiwala na makagagawa sila ng mga tamang pagpili,” sabi niya. “Kapag tinutulongan natin ang ating mga anak na makilala ang Espiritu sa kanilang buhay sa maraming sandali ng pagtuturo natin sa kanila sa bawat araw at kapag nalaman nila kung ano ang pakiramdam ng nariyan ang Espiritu, ito ang magtutulak para hangarin nila ang mas marami pang espirituwal na karanasan, at sa gayon ay mapalalakas ang kanilang patotoo na tunay na buhay ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Ito ay may ripple effect: kapag mas nadama nila ang liwanag at ginawang dulot ng Espiritu, lalo nilang hahangarin ito at sisikaping gawin ang mga bagay kung saan lalong mananagana ang Espiritu sa kanilang buhay.”

Mabilis niyang sinabi na ang mga alituntuning naging epektibo sa kanyang buhay may pamilya ay ang mga paulit-ulit na itinuturo ng mga lider ng Simbahan. Halimbawa, sinasabi niya na bagama't ang ilang pagtuturo ay nagaganap sa mga pormal na talakayan gaya ng mga nangyayari sa family home evening, pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya, at panalangin ng pamilya, ang mga magulang ay maaaring magabayan ng Espiritu na makahanap ng mga pagkakataong makapagturo.<sup>3</sup>

“Ang pamamasyal, pagpunta sa mga aktibidad pag-shoot ng mga hoop [paglalaro ng basketball], pagkain nang sabay-sabay, tungtulong na paggawa, pagkanta, at paglilingkod sa kapwa ay ilan lamang sa mga aktibidad kung saan maaaring maganap ang pagtuturo

# Paano Ako Nanatiling Matatag sa Ebanghelyo

Ni Tua Rogers

**N**abinyagan ako noong 12 taong gulang ako, at sa loob ng maraming taon ako lang ang miyembro ng Simbahan sa aking pamilya. Hindi palaging madali iyon, buti na lamang at may mababait na lider ako na tumulong sa akin sa pag-aaral ko ng mga doktrina ng ebanghelyo at sa paggamit ng mga doktrinang iyon upang palakas in at pagbutihin ang buhay ko. Dahil sa desisyon kong manatiling tapat sa pinaniniwalaan ko, nakita ko ang maraming pagpapalang dumating sa buhay ko at, kalaunan pa, sa buhay rin ng mga miyembro ng aming pamilya.

Narito ang ilang bagay na tumulong sa akin na manatiling matatag:

- Manatiling malapit sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng mga

aktibidad tulad ng panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan. Alam Niya ang kinakaharap nating mga situwasyon. Ang pananatiling malapit sa Kanya ay nakatulong upang maalala ko kung sino ako.

- Sundin ang payo ng mga lider ng Simbahan. Nakita ko sa sarili kong buhay ang katotohanan ng payo mula sa mga propeta at mga apostol.
- Alamin na ang pamumuhay ng ebanghelyo ay nagpapabuti ng buhay ngayon at sa kawalang-hanggan. Nakatulong ito sa akin upang masunod ko lagi ang aking mga pamantayan at pananampalataya. Hinikayat ako ng mga lider na magpunta

sa templo, na nakatulong sa akin upang hangarin ang buhay na walang hanggan.

- Palibutan ang inyong sarili ng mabubuting kaibigan na kapareho ninyo ang mga pamantayan. Malad ako na nagkaroon ako ng mabubuting kaibigan na nagpadali sa paggawa ng mabubuting desisyon at pananatiling matatag sa aking pananampalataya.
- Manatiling malapit sa inyong pamilya. Mahal ko ang aking pamilya at nais kong magkaroon ng matibay na kaugnayan sa kanila.
- Mamuhay nang mabuti. Sundin ang mga pamantayan at makibahagi sa mga programa ng Simbahan. Tutulungan kayo ng mga ito na magpakita ng pananampalataya at makagawa ng mabubuting pagpili. Kadalasan ay mas madali ang buhay kapag mabuti ang pinili, at palaging mas pinasasaya nito ang buhay.

ng ebanghelyo sa ating mga pamilya,” sabi niya. “Ang pag-uusap tungkol sa mga paksa ng ebanghelyo ay madalas na basta na lamang nangyayari kapag may ginagawa tayong iba pang mga aktibidad.”

### Magtulong-tulong sa Pagkamit ng lisang Mithiin

Hindi nagtagal nang makatapos sa pag-aaral sa Brigham Young University–Hawaii, si KaYan Danise Mok ay bumalik sa kanyang tahanan sa Hong Kong at tinawag bilang Young Women president. Habang naninibago siya sa pagkauwi, pagsisimula sa trabaho, at pagpapatuloy sa graduate study, taimtim siyang nanalangin para humingi ng inspirasyon na tulungan ang mga kabataang babae na pinamumunuan niya na magkaroon ng mga patotoo upang maihanda sila sa hinaharap.

Isang araw ng Linggo habang itinuturo niya ang tungkol sa walang-hanggang pananaw, nadama ni Sister Mok na dapat niyang basahin ang Aklat ni Mormon sa isang dalagita, na nagkataong mag-isa lang sa simbahan nang araw na iyon.

“Kaagad kaming kumilos ng aking counselor sa pamamagitan ng pagtatakda ng mithiin na tapusing basahin ang Aklat ni Mormon kasama ang dalagita,” sabi ni Sister Mok. “Walang alinlangang tinanggap niya ang hamon yamang magkasama naming tatapusin ang mithiin.”

Magmula noon, bumuo si Sister Mok, ang kanyang

tagapayo, at ang dalagitang ito ng “buddy system” sa Facebook at sa pamamagitan ng mga text message upang paalalahanan ang bawat isa tungkol sa pagbabasa at para ibahagi nila sa isa’t isa ang natutuhan nila.

Sinabi ni Sister Mok na nakakita siya ng malaking pagbabago sa buhay ng dalagitang ito na nagmula sa pag-aaral nito ng banal na kasulatan. At sa pagbabasa ni Sister Mok ng mga banal na kasulatan sa kanyang araw-araw na pagsakay sa tren, nakatanggap din siya ng mga pagpapala sa kanyang sarili. “Nadama ko rin ang Espiritu at nakatanggap ng mga sagot sa aking mga panalangin habang patuloy ako sa aking buhay,” sabi niya.

“Batay sa aking karanasan, ang ilang kabataan ay nag-aalala at hindi nila natitiyak kung makatatanggap sila ng patotoo at magkakaroon ng mga espirituwal na karanasan tulad ng iba,” pagpapatuloy niya. “Sa pagtutulungan, tinitiyak natin sa kanila sa pamamagitan ng ating ginagawa na mangyayari ito at naroon tayo para suportahan sila sa bawat pagsulong sa buhay.” ■

### MGA TALA

1. Neil L. Andersen, “Paghahanda sa Mundo para sa Ikalawang Pagparito,” *Liahona*, Mayo 2011, 50.
2. Tingnan sa David A. Bednar, “Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan,” *Liahona*, Nob. 2009, 17–20.
3. Tingnan, halimbawa, sa Robert D. Hales, “Ang Ating Tungkulin sa Diyos: Ang Misyong ng mga Magulang at Lider para sa Bagong Henerasyon,” *Liahona*, Mayo 2010, 95–98; David A. Bednar, “Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan,” *Liahona*, Nob. 2009, 17–20.



**Ni Elder  
Paul B. Pieper**  
Ng Pitumpu

# ANG AKLAT NI ALMA: MGA ARAL PARA SA PANAHONG ITO

*Buong katapatang tiniis ng mga Nephita ang mga pagsubok noong kanilang panahon at saksi sila na ang Panginoon ay magbibigay ng mga pagpapala at proteksyong kailangan natin upang matagumpay na maharap ang mga hamon ng ating panahon.*

**S**a pagtatapos ng kanyang pamumuno, iminungkahi ni Haring Mosias na palitan ang monarkiya ng isang sistema ng mga hukom na pipiliin ng mga tao. Ang mungkahing sistema ay ibabatay sa mga batas na ibinigay ng Diyos na pangangasiwaan ng mga hukom na hihirangin ng mga tao.

Ang alituntunin na karapatang pumili ang pundasyon ng iminungkahing sistema—mga indibiduwal, sa halip na isang hari, ang tanggap ng responsibilidad at pananagutan na kumilos nang naaayon sa batas. Sapagkat “hindi pangkaraniwan na ang tinig ng mga tao ay magnais ng anumang bagay na salungat sa yaong tama” (Mosias 29:26), ang sistemang ito ay magbibigay ng higit na proteksyon sa mga karapatan ng mga tao at kabutihan ng lipunan sa kabuuan.

Bilang tugon sa mungkahi ni Mosias, ang mga tao ay “labis na nanabik na ang bawat tao ay magkaroon ng pantay na pagkakataon sa lahat ng dako ng buong lupain; oo, at ang bawat tao ay nagpahayag ng pagkukusang-loob na managot sa kanyang sariling mga kasalanan” (Mosias 29:38).

Ang aklat ni Alma ay naglalaman ng

kasaysayan ng mga tao sa loob ng 40-taon pagkatapos tanggapin ng mga tao ang iminungkahing sistema. Ang mga huling kabanata ng tala ni Alma, mga kabanata 43 hanggang 62, ay nagsasalaysay ng panahon ng matitinding hamon at pagsubok. Sa loob ng maikling 19-na taong ito, ang mga tao ay naharap sa mga hamong pulitikal sa kanilang kalipunan, mga pagbabanta mula sa labas, at halos palagiang paglalabanan.

Dalawang beses na pinagbantaan ang sistema ng pamahalaan ng mga taong naghangad na maging mga hari at pagkaitan ang mga tao ng karapatang piliin o hirangin ang kanilang mga lider at malayang makasamba. Kasabay nito, kinailangang ipagtanggol ng mga tao ang kanilang sarili mula sa maramihang pagsalakay ng mga Lamanita na determinadong wasakin ang pamahalaang Nephita at ipailalim ang mga Nephita sa pagkaalipin.

Ang kaguluhang dulot sa ekonomiya nitong sari-saring mga hamon, bagamat hindi isa-isang binanggit, ay malamang na malaking hamon para sa mga tao. Nadama ni Mormon, sa pagtitipon ng sagradong tala, na dapat siyang magbigay ng detalyadong



*Sa kabila ng lahat ng hamon sa kanilang buhay, nakahugot pa rin ng lakas ang mabubuting Nephita mula sa katotohanan na kumikilos sila na taglay ang wastong mga motibo. Ang tanging hangarin nila noon ay "ipagtanggol ang kanilang sarili, at kanilang mga mag-anak, at kanilang mga lupain, kanilang bayan, at kanilang mga karapatan, at kanilang relihiyon."*

salaysay tungkol sa panahong ito. Sa katunayan, kung idinetalye rin niya ang nalalabing 1,000-taon ng kasaysayan ng mga Nephita, ang Aklat ni Mormon ay maglalaman sana ng mahigit 2,500 pahina!

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994):

“Ang Aklat ni Mormon . . . ay isinulat para sa ating panahon. Ang aklat ay hindi napasa kamay ng mga Nephita; ni ng mga Lamanita noong unang panahon. Ito ay sadyang para sa atin. . . . Sa inspirasyong mula sa Diyos, na nakakakita sa lahat ng bagay mula sa simula, pinaikli niya ang mga talaang maraming siglo nang naisulat, pumili ng mga kuwento, mensahe, at pangyayari na lubos na makatutulong sa atin. . . .

“Dapat nating palaging itanong sa ating sarili, “Bakit binigyang-inspirasyon ng Panginoon si Mormon (o si Moroni o si Alma) na isama iyon sa kanyang talaan? Anong aral ang matututuhan ko roon na tutulong sa akin na mamuhay sa araw at panahong ito?””<sup>1</sup>

Natatagpuan ngayon ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang sarili na nahaharap sa maraming katulad na mga hamon na nakaharap ng mga Nephita sa panahong ito ng kanilang kasaysayan, kabilang na ang pagpupumilit na pagkaitan ang mga miyembro ng karapatang sumamba at magsalita tungkol sa mga isyu na mahalaga sa mga lipunan na ating ginagalawan. Nadama ng ilang mga Banal sa mga Huling Araw ang pagbabanta ng pagsalakay mula sa labas at pakikipaglaban sa mga puwersang determinadong wasakin ang kanilang mga bansa at kalayaan.

Sa kabutihang-palad, nalampasan ng mga Nephita ang mga hamon noon sa pamamagitan ng lubus-lubusang pagsisikap, pagsasakripisyo, at tulong mula sa Panginoon. Ang ilang aral tungkol sa matagumpay nilang pagharap sa kanilang mga hamon ay maaaring magbigay sa atin ng patnubay at lakas ng loob na harapin ang mga hamon sa atin ngayon.

### **1. Panatilihin ang wastong hangarin at motibo.**

Sa kabila ng lahat ng hamon sa kanilang buhay, naka-hugot pa rin ng lakas ang mabubuting Nephita mula sa katotohanan na kumikilos sila na taglay ang wastong mga motibo. Ang tanging hangarin nila noon ay “ipagtanggol ang kanilang sarili, at kanilang mga mag-anak, at kanilang mga lupain, kanilang bayan, at kanilang mga karapatan, at kanilang relihiyon” (Alma 43:47). Hangad nila noon na mapangalagaan ang kanilang karapatang pumili—ang karapatang kumilos sa kabutihan at panagutan ang kanilang sariling asal at kilos—sa halip na isang hari ang magsabi o magdikta kung paano sila kikilos. Ang motibo nila ay mapanatili ang pagkakapantay-pantay sa ilalim ng batas, lalo na ang kanilang kalayaan na sambahin ang Diyos at mapanatili

ang kanilang simbahan (tingnan sa Alma 43:9, 45).

Mayroon at palaging magkakaroon sa mga lipunan ng puwersang maghahangad na manipulahin ang opinyon ng mga tao upang magkaroon ng kapangyarihan para sa personal na kapakinabangan. Nariyan ang tukso na gayahin ang kanilang mga motibo at gamitin ang pakikipaglaban upang magtamo ng kapangyarihan. Ang paraan ng Panginoon ay palaging kumilos nang batay lamang sa dalisay na mga hangarin at motibo, tulad ng ginawa ng mga Nephita noon. Sa paggawa niyon ay nagamit nila ang kapangyarihan ng langit upang malampasan ang mga hamon sa kanilang buhay “sa lakas ng Panginoon” (Alma 46:20; tingnan din sa Alma 60:16; 61:18).

Gayundin naman sa pagharap natin sa mga hamong kinakaharap natin ngayon ay kailangan nating palaging suriin ang ating mga puso upang makatiyak na ang mga hangarin natin at motibo ay dalisay at batay sa mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kung kikilos tayo (o mamanipulahin ang iba upang kumilos) nang dahil sa kasakiman, para sa personal na kapakinabangan, o para maliitin ang iba, hindi mapasasaatin ang tulong ng langit na kailangan upang makayanan ang mga pagsubok natin.

### **2. Maging mabait at bukas-palad sa mga nangangailangan.**

Nang ang kanilang mga dating kaaway, ang mga mamayan ng Anti-Nephi-Lehi, ay nanganib na mawasak, nagkaisa ang mga Nephita na bigyan sila ng lugar na matitirhan at magpanibagong-buhay at proteksyunan sila (tingnan sa Alma 27:21–22; 43:11–12). Dahil sumumpa ang mga Anti-Nephi-Lehi na hindi na nila kailanman gagamiting muli ang kanilang mga sandata ng digmaan, naglaan na lamang sila ng “malaking bahagi ng kanilang kabuhayan upang matustusan” (Alma 43:13) ang mga hukbong Nephita sa mapanganib na panahong ito. Gayunman, walang naitalang anumang pakikitungo ang mga Nephita sa mga dayuhang ito kundi paggalang at pagmamahal lamang, kahit na maaaring madali silang puntiryahin ng mga taong gustong magpasimula ng paghihimagsik.

Ang kabaitang ipinakita ng mga Nephita sa mga tao ni Ammon, gaya ng itinawag sa kanila kalaunan, ay sinuklian at sa huli ay nakaambag sa pagbuo ng isa sa mga pinakakahanga-hangang hukbo na naitala sa kasaysayan—ang 2,000 kabataang mandirigma. Kakatwa, ang paglilingkod ng mga kabataang lalaking ito ang maaaring naging susi sa pagkaligtas ng lipunang Nephita mula sa maagang pagkalipol.

Sa panahong may paghihimagsik sa loob ng bansa ng mga Nephita, pagsalakay mula sa labas, at mga hamong pangkabuhayan, may tendensiyang maging negatibo sa





*Ang kahandaang maging mabait at bukas-palad sa nangangailangan ay mahalagang bagay sa pagkakatiglas ng bansang Nephita at dahil dito'y naging marapat ang mga Nephita sa mga biyaya ng langit sa panahon ng kanilang kagipitan. Ang kabaitang ipinakita ng mga Nephita sa mga tao ni Ammon ay sinuklian at kalaunan ay nakaambag sa pagkabuo ng 2,000 kabataang mandirigma.*

mga “hindi natin katulad.” Nagiging madali ang batikusin sila at hatulan. Maaaring magduda ang isang tao sa kani- lang katapatan at kahalagahan sa lipunan at sa epekto nila sa ikabubuti ng ating ekonomiya. Ang mga negatibong damdaming ito ay hindi naaayon sa utos ng Tagapagligtas na mahalín ang ating kapwa gaya ng ating sarili, at lumi- likha ito ng pagkakahati-hati, pagtatalo, at paghihiwa- hiwalay. Kung hindi tinanggap ang mga tao ni Ammon sa lipunang Nephita noon, marahil lumikha iyon ng galit sa halip na pasasalamat sa bagong henerasyon. Sa halip na magkaroon ng 2,000 matatapat na mandirigma, marahil ay lumayo ang loob ng bagong henerasyon at muling nakisama sa mga Lamanita.

Ang kahandaang maging mabait at bukas-palad sa nangangailangan ay mahalagang bagay sa pagkakaligtas ng bansang Nephita at dahil dito’y naging marapat ang mga Nephita sa mga biyaya ng langit sa panahon ng kanilang kagipitan. Kailangan ng mga tao ng Diyos ang gayong mga pagpapala ngayon.

### 3. Pakinggan at sundin ang inspiradong mga lider.

Alam ng Panginoon ang mga hamong kakaharapin ng mga Nephita, at tumawag Siya ng mga inspiradong lider upang tulungan silang harapin ang mga hamong iyon. Si Kapitan Moroni ay isang mandirigma ngunit nabigyang inspirasyon na maghanda ng mga baluti sa dibdib, kalasag sa bisig, kalasag na pangsanggalang ng ulo, at makapal na kasuotan upang mapangalagaan ang kanyang mga tao (tingnan sa Alma 43:19). Dahil dito, naging mas mahusay sa pakikidigma ang mga Nephita kaysa sa mga Lamanita (tingnan sa Alma 43:37–38). Kalaunan, iniutos ni Moroni sa mga tao na maghukay ng lupa sa paligid ng kanilang mga lungsod at sa ibabaw ng mga iyon ay maglagay ng mga kahoy at mga tulos (tingnan sa Alma 50:1–3). Ang inspiradong mga paghahandang ito ay nakatulong sa pagkaligtas ng mga Nephita mula sa pagkalipol.

Habang naghahanda si Moroni para sa digmaan, ipinangaral ni Helaman at ng kanyang mga kapatid ang salita ng Diyos at hinikayat ang mga tao na magpakabuti para magabayan at mapangalagaan sila ng Espiritu ng Panginoon. Sa pakikinig sa temporal at espirituwal na gabay ng mga inspiradong lider, ang mga Nephita ay nakaligtas. Nagkaroon lamang ng mga hadlang at pagdu- rusa nang magkaroon ng mga paghihimagsik sa kanilang kalipunan at nang tumanggi ang mga tao na makinig sa mga inspiradong babala.

Mapalad tayong mabuhay sa panahon na ang Pa- nginoon ay tumawag ng mga buhay na propeta, tagakita, at tagapaghayag upang bigyan tayo ng babala at gabayan

tayo para maihanda tayo sa mga hamon ngayon. Noong 1998, si Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ay nagbigay ng inspiradong tagubilin at babala sa mga mi- yembro ng Simbahan:

“Dumating na ang panahon para isaayos ang ating [mga tahanan].

“Napakarami sa ating mga tao ang kapos na ang kani- lang kinikita para sa kanilang ikabubuhay. Sa katunayan, ang ilan ay nabubuhay na sa panghihiram. . . .

“Mabuway ang ekonomiya. . . . May mga palatandaan ng mga maunos na panahong darating na kailangan nating bigyang-pansin.”<sup>2</sup>

Kamakailan ay nakausap ko ang isang taong nakarinig sa mga salita ni Pangulong Hinckley at sa mga pahiwatig ng Espiritu. Nagpasiya silang mag-asawa na ibenta na ang kanilang mga investment, bayaran ang kanilang tahanan, at makalaya na sa utang.

Ngayon ang taong iyon ay kaya nang tustusan ang kanyang mga pangangailangan. Kakaunti lang ang naging epekto sa kanyang pamilya ng pagbagsak ng ekonomiya. Sa katunayan, dahil sa kakayahan niyang tustusan ang kanyang mga pangangailangan ay nakapagmisyon sila ng kanyang asawa.

Si Pangulong Thomas S. Monson ay tinawag sa ating panahon. Ang kanyang buhay at mga turo ang mensa- heng ipinadala ng Diyos para protektahan at pagpalain tayo ngayon. Sa panahon kung saan marami ang nag- aalala sa mga bagay na wala sa kanila, itinuturo sa atin ni Pangulong Monson na magpasalamat tayo sa mara- ming pagpapala na ibinigay sa atin ng Panginoon. At sa panahong marami ang nakatuon sa kanilang sariling mga problema, hinihikayat tayo ni Pangulong Monson na tumulong at magligtas, na kalimutan ang ating sarili upang tulungan ang iba. Ang pakikinig sa tagubilin ni Pa- ngulong Monson ay magbibigay sa ating mga pamilya ng espirituwal na proteksyon at mga pagpapalang kailangan sa ating panahon.

Nagpapasalamat ako na mabuhay sa panahon na naipanumbalik ang ebanghelyo. Nagpapasalamat ako na inihanda ng Panginoon ang Aklat ni Mormon para sa ating panahon. Buong katapatang tiniis ng mga Nephita ang mga pagsubok noong kanilang panahon at saksi sila na ang Panginoon ay magbibigay ng mga pagpapala at proteksyong kailangan natin upang matagumpay na ma- harap ang mga hamon ng ating panahon. ■

#### MGA TALA

1. Ezra Taft Benson, “The Book of Mormon—Keystone of Our Religion,” *Ensign*, Nob. 1986, 5–7.
2. Gordon B. Hinckley, “Sa mga Batang Lalaki at mga Kalalakihan,” *Liahona*, Ene. 1999, 69–70.



*Sa pakikinig sa temporal at espi-rituwal na gabay ng mga inspira-dong lider, ang mga Nephita ay nakaligtas. Nagkaroon lamang ng mga hadlang at pagdurusa nang magka-roon ng mga paghihimagsik sa kanilang kalipunan at nang tumanggi ang mga tao na makinig sa mga inspira-dong babala.*



# MAGIGING LIGTAS



PAANO

## SA TERITORYO NG KAAWAY



**Ni Pangulong  
Boyd K. Packer**

Pangulo ng Korum ng  
Labindalawang Apostol

pinagdiriwang natin ang ika-100 taong anibersaryo ng seminary sa Simbahan. Naiisip ko ang kasaysayang nagsimula maraming taon na ang nakalipas noong napakaliit pa lang ng programang ito.

Mula sa abang simulaing iyon, ngayon ay mayroon na tayong 375,008 estudyante sa mga klase ng seminary sa 143 bansa na may mahigit 38,000 volunteer at mga full-time teacher sa buong mundo. Naglalaan tayo ng malaking pondo sa ating mga kabataan. Alam namin ang inyong halaga at potensiyal.

### **Ang Karunungan ang Tutulong sa Inyo Upang Malabanan ang Kaaway**

Magsasalita ako bilang isang saksi ng nakaraan at ihahanda ko kayo para sa hinaharap.

Kayo ay lumalaki sa teritoryo ng kaaway. Kapag sapat na ang inyong espirituwalidad, malalaman ninyo na unti-until nang napapasok ng kaaway ang mundong inyong ginagalawan. Siya ay nasa mga tahanan, libangan, sa media, pnanalita—sa lahat-lahat ng nakapalibot sa inyo. Kadalasan, hindi napapansin na nariyan siya.

Sasabihin ko sa inyo kung alin ang pinakamahalaga at pinaka-kalugud-lugod. Sinasabi sa mga banal na kasulatan, “Karunungan ay pinaka pangulong bagay; kaya’t kunin mo ang karunungan,” at idaragdag ko, “sa pagkakamit [mo] ng dunong, [magpatuloy!]” (Mga Kawikaan 4:7). Wala akong dapat sayangin na oras at gayundin ikaw. Kaya’t makinig!

Malinaw pa sa isip ko ang sandaling nagpasiya akong maging guro. Noong World War II, nasa early 20s ang edad ko at piloto ako sa Air Force noon. Nakabase ako sa maliit na isla ng Ie Shima. Ang islang ito, na maliit at nag-iisa at parang kasinglaki lamang ng selyo, ay nasa dulong hilaga ng Okinawa.

Isang malungkot na gabi ng tag-init, naupo ako sa isang talampas para masdan ang paglubog ng araw. Iniiisip ko kung ano ang gagawin ko sa buhay ko pagkatapos ng digmaan, kung papalarin ba akong makaligtas. Ano ba ang gusto kong maging? Noong gabing iyon ako nagpasiya na gusto kong maging guro. Katwiran ko’y palaging nag-aaral at natututo ang mga guro. Ang pag-aaral at pagkatuto ay pangunahing layunin ng buhay.

Una akong nagturo ng seminary noong 1949 sa Brigham City. Doon ako nag-seminary noong nasa high school pa ako.

Tatlo noon ang orihinal na kursong itinuturo sa seminary: Lumang Tipan, Bagong Tipan, at Kasaysayan ng Simbahan. Nagkaroon ako ng pribilehiyong idagdag sa isang early-morning class ang Aklat ni Mormon. Nakauwi ako mula sa digmaan na may patotoo sa Aklat ni Mormon at pag-unawa kung paano kumikilos ang kaloob na Espiritu Santo.

### **Poprotektahan Kayo ng Kaloob na Espiritu Santo sa Teritoryo ng Kaaway**

Habambuhay na itinuturo sa inyo ang tungkol sa kaloob na Espiritu Santo, pero hanggang doon lamang ang maituturo. Sa katunayan, maaari at kailangan mong taha-king mag-isa ang landas at tuklasin sa iyong sarili kung paano magiging gabay at proteksiyon ang Espiritu Santo.

Para sa mga kabataang lalaki at kabataang babae, pareho lang ang proseso. Ang pagtuklas kung paano kumikilos ang Espiritu Santo sa iyong buhay ay habambuhay na adhikain. Kapag natuklasan mo na sa iyong sarili, maaari ka nang tumira sa teritoryo ng kaaway at hindi ka na malilinlang o mawawasak. Walang miyembro ng Simbahang ito—at ibig sabihin ang bawat isa sa inyo—ang makagagawa kailanman ng malaking pagkakamali nang hindi muna binabalaan ng mga paramdam o pahiwatig ng Espiritu Santo.

Kung minsan kapag nakagawa ka ng pagkakamali, maaaring nasabi mo pagkatapos na, “Sabi ko na nga ba hindi ko

dapat ginawa iyon. Hindi maganda ang pakiramdam ko,” o siguro, “Sabi ko na nga ba *dapat* iyon ang ginawa ko. Wala kasi akong sapat na lakas ng loob na gawin iyon!” Ang mga nararamdaman ninyong iyon ay mula sa Espiritu Santo na nagsasabi sa inyo ng tama o naglalayo sa inyo sa mali.

May ilang bagay na kailangan ninyong gawin para manatiling nakabukas sa inyo ang linya ng komunikasyon. Hindi kayo maaaring magsinungaling o mandaya o mag-nakaw o gumawa ng kahalayan at manatiling walang sagabal sa mga pakikipag-ugnayang iyon. Huwag pumunta sa lugar na hadlang sa espirituwal na pakikipag-ugnayan.

Kailangang matutuhan ninyong hangarin ang kapangyarihan at patnubay na magagamit ninyo, at pagkatapos ay sundin ang landas na iyon ano man ang mangyari.

Una sa inyong listahan ng “gagawin,” ay ilagay ang salitang *panalangin*. Kadalasan, ang inyong mga panalangin ay sa tahimik na paraan. Maaari kayong manalangin sa inyong isipan.

Palagi kayong magkakaroon ng direktang pakikipag-ugnayan sa inyong Ama sa Langit. Huwag hayaang kumbinsihin kayo ng kaaway na walang nakikinig sa inyo sa kabilang dulo. Ang inyong mga panalangin ay palaging pinakikinggan. Hindi kayo nag-iisa kailanman!

Pangalagaan ang inyong katawan. Maging malinis. “Hindi бага ninyo nalalaman na kayo’y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo?” (I Mga Taga Corinto 3:16).

Basahing mabuti ang mga pangakong matatagpuan sa bahagi 89 ng Doktrina at mga Tipan. Hindi ipinangako ng Word of Wisdom na magiging ganap kayong malusog kundi mas mapalalakas ang inyong espirituwalidad.

Iwasan ang mga tato at iba pang bagay na nakasisira sa inyong katawan. Ang inyong katawan ay nilikha sa wangis ng Diyos.

### **Itinuturo ng Payo ng Propeta Kung Ano ang Totoo**

Gusto kong diretsahang magsalita ngayon tungkol sa isa pang bagay.

Alam nating itinakda na ang kasarian (o gender) bago pa man tayo isinilang sa mundo.<sup>1</sup> “Ang espiritu at ang katawan ang kaluluwa ng tao” (D at T 88:15). Ang paksang ito tungkol sa kasarian o gender ay ikinababahala ng mga Kapatid, tulad ng iba pang paksang may kinalaman sa moralidad.

Maaaring nadama ng ilan sa inyo o kaya’y sinabi sa inyo na isinilang kayo na maytaglay na kakaibang damdamin at na hindi ninyo kasalanan kung magpadaig man kayo sa mga tuksong iyon. Alam natin na kung totoo iyan, batay sa doktrina ay mawawalan kayo ng kalayaang pumili, at hindi

maaaring mangyari iyan. Palagi ninyong mapipili na sundin ang mga paghihikayat ng Espiritu Santo at mamuhay nang dalisay at marangal, at puno ng kabutihan.

Ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang sumusunod sa pangkalahatang kumperensya: “Itinatandong ng mga tao kung ano ang ating pananaw sa mga taong itinuturing ang kanilang mga sarili na . . . bakla o tomboy. Ang sagot ko ay mahal natin sila bilang mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos. Maaaring may pagkahilig sila sa mga bagay na malakas makaimpluwensiya at maaaring mahirap pigilin. Ang mga tao ay [tinutukso] kahit paano sa iba’t ibang pagkakataon. Kung paglalabanan nila ang mga pagkahilig na ito, makasusulong sila gaya ng iba pang mga miyembro ng Simbahan. Kung malabag nila ang batas ng kalinisang-puri at ang mga pamantayan ng Simbahan sa kagandahang-asal, sa gayon sila ay mapapasailalim sa disiplina ng Simbahan, katulad din ng iba.

“Nais naming tulungan . . . palakasin sila, tulungan sila sa kanilang mga problema at tulungan sila sa kanilang mga paghihirap. Ngunit hindi kami maaaring manahimik na lamang kung nagpapasasa sila sa mga imoral na gawain, kung sinisikap nilang panindigan at ipagtanggol at ipamuhay ang kalagayan na tinatawag nilang kasal ng dalawang taong pareho ang kasarian. Kung pahihintulutan natin ito, ipinagwawalang-bahala natin ang napakasagradong saligan ng kasal na tinulutan ng Diyos at ang pinakalayunin nito, ang pagkakaroon ng mga pamilya.”<sup>2</sup>

Ito ang sinabi ni Pangulong Hinckley na pananaw ng Simbahan.

### **Gamitin ang Inyong Kalayaang Pumili Upang Manatili o Makabalik sa Ligtas na Lugar**

Ang unang kaloob na natanggap nina Eva at Adan ay ang karapatang pumili: “Ikaw ay maaaring mamili para sa iyong sarili, sapagka’t ito ay ibinigay sa iyo” (Moises 3:17).

Mayroon din kayo ng kalayaang iyan. Gamitin ito nang buong talino upang huwag kayong maudyukan ng anumang maruming simbuyo ng damdamin o tukso na papasok sa inyong isipan. Huwag kayong lumapit sa tukso, at kung tinutukso man kayo, layuan ninyo ito. “Pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan” (Moroni 10:32).

Huwag ninyong paglaruan ang maseselang bahagi ng inyong katawan, mag-isa man kayo o may kasama man na lalaki o babae. Iyan ang pamantayan ng Simbahan, at hindi iyan magbabago. Sa inyong paglaki, tutuksuhin kayong subukan o gawin ang mahahalay na bagay o gawain. Huwag ninyong gawin iyan!

Ang kailangan ninyo ay *disiplina*—disiplina sa sarili. Ang salitang *disiplina* ay nagmumula sa salitang *disipulo*

o *tagasunod*. Maging disipulong-tagasunod ng Tagapagligtas, at ikaw ay magiging ligtas.

Maaaring iniisip ng isa o dalawa sa inyo, “Nagawa ko na ang ganito o ganyang malaking pagkakamali. Huli na ang lahat.” Hindi pa huli ang lahat.

Itinuro sa inyo sa tahanan at sa seminary ang tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang Pagbabayad-sala ay katulad ng isang pambura. Nabubura nito ang kasalanan at ang anumang epekto ng anumang kasalanan na buma-bagabag sa inyo.

Ang pagkakasala ay sakit ng espiritu. Huwag kayong magpakahirap sa pabalik-balik na sakit. Alisin ito. Tapusin na ito. Magsisi, at, kung kinakailangan, paulit-ulit na magsisi hanggang sa ikaw na—at hindi ang kaaway—ang kumokontrol sa iyong sarili.

### **Ang Walang Hanggang Kapayapaan ay Nagmumula sa Pagsisi nang Madalas**

Ang buhay ay sunud-sunod na mga pagsubok at pagkakamali. Idagdag ang salitang “magsisi nang madalas” sa inyong listahan ng mga gagawin. Magdudulot ito ng walang hanggang kapayapaan na hindi mabibili ng anumang halaga. Ang pag-unawa sa Pagbabayad-sala ay maaaring ang pinakamahalagang katotohanang matututuhan ninyo sa inyong kabataan.

Kung may mga kaibigan kayo na humihila sa inyo sa masama sa halip na akayin kayo sa mabuti, humanap kayo ng ibang mga kaibigan. Maaaring minsan ay nag-iisa ka at nalulungkot. Doon maitatanong ang mahalagang katanungan, “Kapag nag-iisa ka, ikaw lang ba ang nasa gayong situwasyon?”

Napakahirap alisin ang masamang gawi na pinabayaan ninyong kumontrol sa inyo. Ngunit may kapangyarihan kayong gawin ito. Huwag panghinaan ng loob. Itinuro ni Propetang Joseph Smith na “lahat ng nilalang na may katawan ay higit ang lakas at kapangyarihan kaysa sa mga wala nito.”<sup>3</sup> Kaya ninyong labanan ang tukso!

Hindi naman ibig sabihin na personal ninyong makakalaban ang kaaway; hindi niya ipinapakita ang kanyang sarili sa ganyang paraan. Ngunit kahit na personal siyang lumapit sa inyo para subukan at tuksuhin kayo, nakalalamang pa rin kayo. Maaari kayong pumili, at wala siyang magagawa kundi hayaan kayo.

### **Samantalain ang mga Pagpapalang Dulot ng Seminary**

Hindi kayo pangkaraniwan. Kayo ay espesyal. Kayo ay bukod-tangi. Paano ko nalaman iyan? Alam ko iyan dahil kayo ay ipinanganak sa panahon at sa lugar kung saan ang

ebanghelyo ni Jesucristo ay maaaring dumating sa inyong buhay sa pamamagitan ng mga pagtuturo at aktibidad ng inyong tahanan at ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito, gaya ng sinabi mismo ng Panginoon, “ang tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo” (D at T 1:30).

Marami pa tayong maidaragdag sa listahan, pero alam ninyo ang dapat at hindi ninyo dapat gawin sa buhay ninyo. Alam ninyo ang tama at mali at hindi kayo kaila- ngang utusan pa sa lahat ng bagay.

Huwag ninyong sayangin ang mga taon na ito na makapag-seminary. Samantalahin ninyo ang dakilang pagkaka- taon na matutuhan ang mga doktrina ng Simbahan at ang mga turo ng mga propeta. Pag-aralan o alamin ang pina- kamahalaga. Pagpapalain kayo nito at ang inyong angkan sa darating pang mga henerasyon.

Hindi magtatagal mag-aasawa at magkakaroon na kayo ng mga anak, isang pagsasama na dapat mabuklod sa templo. Dalangin namin na pagdating ng panahon, panatag kayong mapabilang sa isang family ward o branch.

### Sumulong nang may Pag-asa at Pananampalataya

Huwag matakot sa hinaharap. Sumulong nang may pag-asa at pananampalataya. Alalahanin ang banal na ka- loob na Espiritu Santo. Matutong maturuan nito. Matutong hangarin ito. Matutong ipamuhay ito. Matutong manala- ngin palagi sa pangalan ni Jesucristo (tingnan sa 3 Nephi 18:19–20). Mapapasainyo ang Espiritu ng Panginoon, at pagpapalain kayo.

Napakalaki ng tiwala namin sa inyo.

Ibinibigay ko sa inyo ang aking patotoo—isang patu- nay na dumating sa akin noong aking kabataan. At tulad ko kayo ay hindi kaiba sa sinuman. Tulad ng iba ay may karapatan din kayo sa patotoong iyon. Darating ito sa inyo kung pagsisikapin ninyong kamtin ito. Hiling kong mapa- sainyo ang mga pagpapala ng Panginoon—na mapasainyo ang mga pagpapala ng patotoong iyon, upang gabayan kayo habang bumubuo kayo ng masayang hinaharap. ■

*Mula sa mensahe sa seminary centennial broadcast na ibinigay noong Enero 22, 2012.*

#### MGA TALA

1. Tingnan sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona* at *Ensign*, Nob. 2010, 129; tingnan din sa Moises 3:5; Abraham 3:22–23.
2. Gordon B. Hinckley, “What Are People Asking About Us?” *Ensign*, Nob. 1998, 71.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 245.




#### Tingnan ang Buong Mensahe

Panoorin o pakinggan ang buong mensahe ni Pangulong Packer sa [seminary.lds.org/history/centennial](http://seminary.lds.org/history/centennial).



**Huwag ninyong sayangin ang mga taon na ito na makapag- seminary. Samantalahin ninyo ang malaking pagpapalang nasa inyo na matutuhan ang mga doktrina ng Simbahan at ang mga turo ng mga propeta. Pag-aralan o alamin ang pinakamahalaga.**



## NANALANGIN AKO PARA LUMAKAS ANG LOOB

Ang mga magulang ko ay mga miyembro ng Simbahan, ngunit hindi sila masyadong aktibo. Kung minsan ay humahantong ito sa mga pagtatalo dahil naniniwala sila na dapat mauna ang oras para sa pamilya—bago magsimba, bago ko gampanan ang aking mga tungkulin sa Simbahan, at gawin ang iba pang mga aktibidad.

Dahil lider ako sa Primary at miyembro ako ng ward choir, ang mga pulong ko sa Simbahan ay sagabal minsan sa mga tungkulin ko sa pamilya. Isang araw habang naghandanda akong dumalo sa brodkast ng pangkalahatang kumperensya sa aming meetinghouse sa Antananarivo, pinaalalahanan ako ng mga magulang ko na may mga bisita kami sa aming tahanan.

“Pumili ka, ang pamilya mo o ang Simbahan,” sabi sa akin ng nanay ko. “Dito ka kasama namin at huwag dumalo sa kumperensya, o pupunta ka sa kumperensya at parurusahan ka.”

Nagpasiya akong huwag nang makipagtalo pa sa aking ina. Sa halip, nag-ukol ako ng ilang sandali para hilingin sa Ama sa Langit na bigyan ako ng lakas at tapang. Hiniling ko rin sa Kanya na tulungan akong malaman ang dapat kong gawin. Dapat ba akong lumagi sa bahay kasama ng pamilya ko o magsimba at pakinggan ang tinig ng propeta?

Kaagad pagkatapos kong magdasal, nadama ko ang Espiritu Santo. Nadama kong hinikayat ako ng Espiritu na sabihin sa nanay ko kung

gaano kahalaga sa akin ang magpunta at pakinggan ang propeta. Nadama ko na dapat kong sabihin sa kanya na makatatanggap ako ng matalinong payo hindi lamang para sa buhay ko ngayon kundi maging para sa aking kinabukasan.

Ang Diyos ay nakagagawa ng mga himala, at pinalambot Niya ang puso ng mga magulang ko kaya’t pinayagan nila akong magpunta sa pangkalahatang kumperensya nang hindi pinarurusahan. Napakagandang karanasan ito sa aking buhay. Pinagtibay nito sa

***Kaagad pagkatapos kong manalangin, nadama ko na hinikayat ako ng Espiritu Santo na sabihin sa aking ina kung gaano kahalaga para sa akin ang magpunta at pakinggan ang propeta.***

akin ang katotohanan ng talata na nagsasabing, “Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo malalaman [natin] ang katotohanan ng lahat ng bagay” (Moroni 10:5).

Alam ko na kung ibabatay natin ang ating mga kilos sa mga alituntunin ng ebanghelyo at pakikinggan ang Espiritu, palagi tayong magiging maligaya sa ating mga pagpili. Pinalakas ng karanasang ito ang aking patotoo na nariyan ang Diyos para sa atin at na tinutulungan tayo ng Espiritu Santo sa ating buhay. ■  
Fy Tianarivelo, Madagascar





# KUNG SAAN AKO KABILANG

**B**ago ako sumapi sa Simbahan, puno ng kalungkutan ang buhay ko. Kasunod ng diborsiyo ng mga magulang ko noong ako'y pitong taong gulang, nabilanggo ang tatay ko. Lasengga ang nanay ko at nawala ang lahat ng bagay na mahalaga sa kanya. Pinatira ako sa isang pamilyang kumupkop sa akin.

Dahil sa mga bagay na ito, mas mabilis humusto ang aking isipan kaysa sa marami kong mga kaibigan. Hindi ko mahanap ang tamang lugar na para sa akin, at dahil dito, palaging nagrebelde ang kalooban ko. Noong batang-bata pa ako, nagsimula akong manigarilyo at ginawa ko ang iba pang mga bagay na nauunawaan ko na ngayon na labag sa Word of Wisdom. Natiyak ko noon na nakatadhana akong mabigo sa buhay.

Ang isang bagay na ginawa ko na nakadama ako ng kaligayahan ay sa pagtulong sa mga tao—iyon man ay paglilinis na kasama nila o pakikinig sa mga kuwento ng buhay nila. Gustung-gusto kong ipaalam sa mga tao na maaasahan nila ako. May isang taon na nagbakasyon ako at may nakilalang matandang babae at nagpasiya akong paglingkuran siya sa pamamagitan ng pakikinig sa kanya. Siya ay isang Kristiyano at nagsimulang magkuwento sa akin tungkol sa relihiyon.

Hindi talaga ako naniniwala noon sa Diyos. Minsan, kapag naiisip ko na *siguro nga* nariyan Siya, sinisisi ko Siya sa mga problemang naranasan ko. Ngunit habang inilalarawan ng babaing ito ang kahalagahan ng panampalataya sa Diyos, naging interesado ako. Bago ako umalis, may sinabi siyang kakaiba: “Ang mga Mormon ay sumusunod sa mga utos ng Diyos.”

Wala pa akong narinig tungkol sa mga Mormon, kaya't umuwi ako, nag-online, at naghanap. Napunta ako sa Mormon.org at umorder ako ng

libreng kopya ng Aklat ni Mormon. Inihatid ito ng mga misyonero pagkaraan ng ilang araw.

Hindi ko tiyak kung masisimulan ko ngang maniwala sa Diyos, ngunit tinulungan ako ng mga misyonero na matuklasan na hindi lamang ako maaaring maniwala sa Kanya kundi maaari ko rin Siyang makilala. Nang simulan kong magdasal at pag-aralan ang Aklat ni Mormon, natagpuan ko ang sarili ko sa magandang paglalakbay ng paghanap ng kaligayahan. Tumigil ako sa paninigarilyo. Itinigil ko na ang pagsisi sa Diyos at sinimulang magpasalamat sa Kanya sa mabubuting bagay sa aking buhay. Nalaman ko na ang Kanyang Anak ay nagdusa para sa aking mga kasalanan at para sa lahat ng pait at sakit na aking nadama. Noong Oktubre 28, 2007, nabinyagan ako sa Kanyang Simbahan.

Kung hindi ko mismo naranasang malungkot muna bago naging maligaya, hindi ako maniniwala na posible itong mangyari. Ngayon ay mahal

na mahal ko ang aking tungkulin sa Primary at nagpapasalamat ako na nagkaroon ako ng pagkakataong tumulong sa pagbuo ng isang proyektong serbisyo sa isang young single adult conference sa Poland. Ang palagiang makatulong sa iba sa pamamagitan ng paglilingkod sa Simbahan ay nakadagdag sa kaligayahang natagpuan ko sa ebanghelyo ni Jesucristo. Lahat ng ginagawa ko ngayon ay ginagawa ko nang may dalisay na pag-ibig dahil kay Jesucristo. Naniniwala ako na maganda ang buhay at kahit na may kinakaharap tayong mga hamon sa buhay, kung susundin natin ang Tagapagligtas, hindi tayo maliligaw.

Tama ang babaing nakilala ko: ang panampalataya sa Diyos ay kailangan at mahalaga. Hindi natin mahahanap ang tamang lugar para sa atin sa mundong ito kung hindi natin Siya kilala. Nagpapasalamat ako na sa wakas ay may lugar ako na alam kong kabilang ako. ■  
Dorota Musial, Poland

***May sinabi siyang kakaiba: “Ang mga Mormon ay sumusunod sa mga utos ng Diyos.”***



## SABIHIN MO SA AMIN ANG TUNGKOL SA INYONG SIMBAHAN

**S**a pagbiyahe ko para bisitahin ang aking kapatid na lalaki, nakaupo ako sa likuran ng eroplano kung saan umuupo ang mga flight attendant. Ang dalawang hanay ng mga upuan sa lugar na iyon ay magkakarap.

Nagpakilala ako sa mga taong nakaupo sa paligid ko at pagkatapos ay sinabing mag-aaral ako sa Brigham Young University. Isang lalaking nakaupo sa tapat ko ang nagsabi na may mabuting kaibigan ang anak niyang babae na kaaalis lang papunta sa full-time mission. Ang anak niya ay may kaunting alam tungkol sa Simbahan, ngunit ang lalaki ay halos wala talagang alam tungkol dito. Kaagad na sinabi ng flight attendant na ayaw niyang mapabilang sa “simbahang iyon” dahil salungat ito sa kababaihan. Sinabi ng lalaki na may narinig siyang katulad nito—na ang kababaihang Banal sa mga Huling Araw ay itinuturing na mas mababa ang katayuan kaysa sa kalalakhian, na hindi sila maaaring humawak ng priesthood o mamuno sa mga pulong, at mas nangingibabaw ang kalalakhian sa Simbahan.

Pagkatapos ay lumingon siya sa akin at nagtanong, “Ano ang palagay *mo* tungkol diyan?” Nakatingin silang pito sa akin at naghintay.

Nagsimulang kumabog ang puso ko. Noong bata pa ako ay isinaulo ko ang Mga Saligan ng Pananampalataya para sa ganitong pagkakataon, at bilang tinedyer at young adult nagpraktis akong magpatotoo tungkol sa pangitain ni Joseph Smith at sa Aklat ni Mormon. Ngunit wala akong kaalam-alam kung paano sasagutin ang tanong ng lalaki. Tahimik akong nagdasal na gabayan ako ng Ama sa Langit.

Pagkatapos ay sinabi ko ang mga unang salita na pumasok sa isip ko:

“Wala kasi kayong alam tungkol sa Relief Society.” Makikita sa kanilang mga mukha na wala nga silang alam.

“Ang priesthood ay kumikilos na kasama ang kababaihan, na mga miyembrong lahat ng Relief Society,” paliwanag ko. “Mayroon kaming babaing pangulo ng Relief Society na gumagabay sa mga aktibidad ng kababaihan sa Simbahan sa iba’t ibang panig ng mundo. Tungkulin ng kababaihan na pagmalasakitan at mahalín ang mga miyembro at lalo na ang kanilang mga pamilya.”

Nakinig na mabuti ang mga taong nakapalibot sa akin.

“Nabubuhay tayo sa kakaibang panahon kung saan nais ng ilang kababaihan na kumilos at mag-isip at maging tulad ng kalalakhian. Ngunit naniniwala kami na ang Diyos ay

nagbibigay ng kani-kanyang tungkulin o gawain. Inaasahan namin ang mga babae na maging lider sa kalipunan ng kababaihan at katuwang na namumuno sa kanilang mga tahanan. Nakaasa sa mga payo namin ang kalalakhian sa mga aspetong ito. Ito ay matwid at tama lamang. Ginagawa nitong matagumpay ang aming mga organisasyon sa Simbahan at ang aming mga tahanan. At talagang naniniwala kami na ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae sa Panginoon (tingnan sa I Mga Taga Corinto 11:11). Naniniwala kaming hindi kami ganap kung wala ang isa’t isa. Hindi kami naniniwala na nilikha tayo para magpaligsahan kundi para magtulungan.”

Nadama kong pinagpala ako nang

***Sinabi ko ang mga unang salita na pumasok sa isip ko: “Wala kasi kayong alam tungkol sa Relief Society.”***



matapos ako. Alam kong ang mga sinabi ko ay mula sa Espiritu. Mukhang nasiyahan ang bawat isa sa paliwanag ko. At sinabi ng lalaki, “Kuwentuhan mo pa kami tungkol sa inyong simbahan.”

At sa sumunod na dalawa pang oras ay nagkaroon ako ng napakagandang pagkakataon na magsalita tungkol sa Panunumbalik, pagsagot sa mga tanong, at pagpapatotoo tungkol sa ebanghelyong minahal ko. ■ Shauna Moore, Virginia, USA

## PIPILIIN KO BA ANG TRABAHO O ANG SIMBAHAN?

**I**kinasal kami ng asawa ko noong 1981 sa Tokyo Japan Temple. Hindi madali ang buhay naming mag-asawa noong una. Nagpasalamat ako na mayroon akong trabaho, ngunit hirap kaming tustusan ang aming mga gastusin. Humingi kami ng tulong sa Ama sa Langit at ginawa namin ang lahat upang

mapagkasya ang aming pera at mabayaran ang aming ikapu.

Alam namin na kung magtitiwala kami sa Panginoon, maglalaan Siya para sa amin.

Isang linggo magkapatrehong anunsyo na ginupit mula sa diyaryo ang ibinigay sa akin ng asawa ko at ng kaibigan ko. Iyon ay anunsyo para

sa full-time English teacher.

Ipinadala ko ang aking résumé sa kumpanya at pinapunta ako para mainterbyu. Pagkatapos ng interbyu, sinabi ng nag-iinterbyu na, “Isinulat mo sa iyong résumé na nagboluntaryo ka noon bilang misyonero para sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ibig sabihin nagsisimba ka kapag Linggo, di ba? Kung papipiliin ka kung magsisimba o magtatrabaho ka sa araw ng Linggo, alin ang pipiliin mo?”

Mahirap na tanong ito dahil kailangan ko ng mas magandang trabaho. Ngunit pagkatapos mag-isip-isip, sumagot ako, “Magsisimba po ako.”

Parang hindi mangiting sinabi ng nag-iinterbyu, “Ah, ganun ba.” Tinaapos na niya ang interbyu at nangako na gagawa ng desisyon ang kumpanya nang gabing iyon at dapat akong tumawag para malaman ang resulta. Pag-alis ko ng silid, naisip kong bagsak na ako sa interbyu.

Kalaunan sa gabing iyon nang oras na para tumawag, takot na takot akong tumawag sa numero ng telepono ng kumpanya.

“Kumusta ho ang naging resulta ng interbyu?” tanong ko sa secretary. “Bagsak ho ako, di ho ba?”

Nagulat ako ngunit masaya ako sa kanyang sagot.

“Gusto naming hilingin sa iyo na magtrabaho ka sa amin,” sabi niya.

Makalipas ang mga isang buwan ay nalaman ko kung bakit ako ang napili sa trabaho. Ipinaliwanag ng secretary na may kapitbahay ang nag-interbyu na mga full-time Latter-day Saint missionary. Madalas niyang pagmasdan ang mga misyonero na masiglang sakay ng kanilang mga bisikleta papunta sa kanilang gawain sa umaga.

“Naniwala siya na ikaw, na kabilang din sa simbhang iyon, ay



*Tinanong ako ng nag-iinterbyu, “Kung papipiliin ka kung magsisimba o magtatrabaho ka sa araw ng Linggo, alin ang pipiliin mo?”*

magtatrabahong mabuting gaya ng mga misyonero para sa kanilang simbahan,” sabi niya. “Suwerte mo!”

Magmula noon ay palagi nang nakakamtan ng aming pamilya ang kailangan namin.

Sa tuwing maiisip ko ang napakagandang karanasang ito, sumisigla ako at napapanatag. Alam kong madalas ay ginagamit ng Diyos ang ibang tao para pagpalain ang Kanyang mga anak. Hindi ko sapat na maipahayag ang pasasalamat ko sa aking asawa at sa aking kaibigan dahil nainspirasyunan silang ibigay sa akin ang anunsyo sa diyaryo, sa masisipag na misyonero at sa kanilang magandang halimbawa, at sa ating maawain, mapagmahal, at mapagmalasakit na Ama sa Langit, na may mahimalang kapangyarihan na ilaan ang ating mga karanasan para sa ating ikabubuti. ■ Kenya Ishii, Japan

# Kalinisang-Puri

## SA MUNDONG WALANG DANGAL

*Ang mga magasin ng Simbahan ay nakipagpulong sa isang grupo ng mga young adult na mula sa iba't ibang panig ng mundo upang talakayin ang mga hamon at pagpapalang dulot ng pananatiling malinis ang puri sa isang mundong hindi nagpapahalaga—at inaalipusta pa—ang kalinisang-puri. Natuklasan namin na ang kanilang hayagan, tapat, at taos-pusong talakayan ay nakapagpapasigla at nagbibigay-inspirasyon at umaasa kaming matutuklasan din ninyo sa kanilang mga puna ang isang bagay na tutulong sa inyo na pahalagahan ang kasagraduhan ng kasal at ng pisikal na intimasiya.*

**Sa dami ng mga taong binibigyang-katwiran ang imoralidad, anong mga katotohanan ng ebanghelyo ang nakatulong sa inyo upang manatiling dalisay ang inyong puri?**

**Martin Isaksen, Norway:** Sinasabi sa mga banal na kasulatan na maging malinis at dalisay. Sapat na iyan para sa akin.

**Lizzie Jenkins, California, USA:** Ang kalinisang-puri ay matibay na pangako. Ipamuhay mo ito. Ito ay paraan ng pamumuhay.

**Liz West, England:** Ang pagkaunawa sa kung sino ako, ang pagkaunawa na ang buhay ay hindi lamang ngayon at sa isang gabing ito ay nakatulong nang malaki sa akin. Ang plano ng kaligtasan—kahit na hindi ko ito kayang maipaliwanag noong tinedyer ako—ay napakalaking tulong. Napakaganda ng konsepto ng walang hanggang kasal! Kapag nauunawaan ng mga tao ang matibay na pangakong ito, natatanto nila kung gaano kagilagilalas na inilagay tayo ng Diyos dito

bilang mga pamilya at binigyan tayo ng mga kautusan upang hindi lamang tayo maging ligtas kundi maging maligaya rin. Sa tuwing ipamumuhay ko ang mga alituntuning ito at ibinabahagi sa aking mga kaibigan, at sinasabi ko na, “Hindi ako iinom ng alak” o “Hindi ako dadalo sa party na ito” o “Hindi ko ito gagawin,” iginagalang nila ako. Sa huli nakapanig pa rin sila sa akin. Ang pagkaunawa na mayroon akong halaga bilang anak ng Diyos at alam ng Ama sa Langit kung sino ako at talagang may malasakit Siya sa akin ay nakapagpapalakas na sa akin.

**Anna (Any) Vlasova, Russia:** Malaking tulong sa akin kapag iniisip ko na bahagi ako ng isang pamilya sa langit. Mahal at iginagalang ko ang Diyos at ayaw kong ikahiya Niya ang mga ginagawa kong pagpili.

**Kaylie Whittemore, Florida, USA:** Sa palagay ko talaga ang pagkaunawa sa kasagraduhan ng mga pamilya ay nagbigay sa akin ng determinasyon na ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri. Ang isa pang bagay

ay ang pagkatanto na kapag nilabag natin ang mga kautusan, may mga ibubungang hindi maganda na ayaw kong maranasan.

**Falande (Fae) Thomas, Haiti:** Inisip ko talaga kung paano nasasabi ng mga tao na, “Bakit ka pa maghihintay samantalang maaari mo nang makuha ang lahat ngayon?” At inisip ko kung gaano ang itatagal ng ganong uri ng kaligayahan. Mas gugustuhin ko nang sundin ang batas ng kalinisang-puri at, sa bandang huli, ay magkaroon ng kapayapaan.

**Hippolyte (Hip) Kouadio, Ivory Coast:** Isa sa mga bagay na nakatutulong sa akin nang malaki ay ang pagpapahayag tungkol sa mag-anak: “Aming . . . ipinapahayag na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.”<sup>1</sup>

Ang isa pang bagay na nakatutulong ay kung paano ipaliwanag sa atin ng mga Kapatid ang kalinisang-puri. Binabalaan nila tayo kung paano nagsisimula ang imoralidad at itinuturo na kapag inabuso natin ang katawan, inaabuso natin ang kaluluwa. Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland na nagbayad-sala ang Tagapagligtas upang balang-araw ay magkaroon tayo ng nabuhay na mag-uling katawan. Ang paraan para maipakitang nagpapasalamat tayo sa ginawa Niyang pagbabayad-sala ay ang panatiliing malinis ang ating katawan.<sup>2</sup>

**Liz:** Naaalala ko pa ang isang madetalyeng pakikipag-usap ko sa

***"Ang Tagapagligtas ay nagbayad-sala para balang-araw ay magkaroon tayo ng nabuhay na mag-uling katawan. Ang paraan para maipakitang nag-papasalamat tayo sa ginawa Niyang pag-babayad-sala ay ang panatilihing malinis ang ating katawan."***

isang tao noong ako ay mga 15 taong gulang. Pinag-usapan namin kung paanong hindi ako naniniwala sa seksuwal na intimasiya bago ikasal, at natatandaan kong sinabi niya, "Ganun, eh paano kung basta nangyari na lang iyon? Paano kung isang gabi ay basta na lamang kayo . . . ?" Pero alam ko na maaari akong pumili. Walang bagay na basta na lamang "nangyayari."

Kamangha-mangha sa akin na binigyan tayo ng Ama sa Langit ng kalayaang pumili at mga kautusan upang mabigyang-laya tayo at na ginagawa ni Satanas ang lahat upang maitali tayo o malimitahan ang ating kilos. Ang mga pagkakataon na binabanggit noon ng kaibigan ko na maaaring may "mangyari" ay sa mga party kung saan nagsisipag-inuman at pinagpapares-pares ang mga tao. Kaya't hindi ko inilalagay ang sarili ko sa ganoong mga situwasyon. Ang pagpili o desisyon ay hindi dapat ilagay sa huli kapag magsasabi ka na ng oo o hindi. Ang pagpili ay ginagawa bago iyon, kapag tinatanong mo ang sarili mo, "Pupunta ba ako sa party?"

Maraming tao, kung hindi nila muna iisipin ang mga bagay at hindi iisipin ang mga ibubunga nito, ang gagawin ang kahit anong gusto nila sa sandaling iyon. Ngunit kung sasabihin mong, "Gusto ko ganito ang maging resulta; kaya't ganito ang mga gagawin kong pagpili," maiiwasan ninyo ang maraming problema.

**Binanggit ninyo ang kalayaang pumili at mga kautusan. Ngunit natutulungan ba kayo ng—mga tipan sa binyag o mga tipan sa templo—na maipamuhay ang inyong mga pamantayan?**

**Fae:** Iniisip ko ang buhay ko noong bago ako binyagan at kung gaano naging mas makabuluhan ang buhay ko ngayong nakagawa na ako ng mga tipan. Kagila-gilalas na maaari tayong mapatawad nang dahil sa Pagbabayad-sala. Kapag naaalala ko

ang aking mga tipan, naiisip ko kung paano ako makapagsisisi, magiging mas mabuting tao, at makapagpapatuloy sa buhay.

**Anya:** Nakikita mo ang kawalang-hanggan lalo na sa templo. Tinutulungan ka ng templo na isipin ang iyong buhay sa walang hanggan at hindi lamang ang sa ngayon, kaya't gagawa ka ng mas matatalinong pagpili.

**Lizzie:** Kadalasan ay naniniwala tayo na ang seksuwal na intimasiya ay masama, ngunit hindi ito totoo. Kailangan lamang may kasal na naganap na pinagtibay ng tamang awtoridad, sa tamang panahon, at sa tamang tao. Iyan ang ibig sabihin ng mga tipan. Gumagawa ka ng matibay na mga pangako. Sinasabi mong, "Handa na talaga akong gawin ang hakbang na ito sa buhay ko." Tinutulungan ako ng mga tipan dahil alam kong ginagawa ko ang mga bagay ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga ito. At alam ko na kung gagawin ko ang gusto ng Ama sa Langit, mas magiging masaya ako.

**Jonathan Tomasini, France:** Hindi ako magiging tapat sa sarili ko at hindi ako magiging tapat sa Diyos kung sisirain ko ang aking mga tipan. Tinutulungan ako ng mga tipan sa kasal na makita na gusto kong maialay sa aking kabiyak ang isang taong may pagpipigil sa sarili, na naihanda ang kanyang sarili upang maging mabuting asawa, at napanatiling dalisay ang kanyang sarili.

**Maraming argumento sa mundo—marami sa mga ito ang tila nakakukumbinsi at kumplikado—tungkol sa kung bakit hindi na uso ang batas ng kalinisang-puri. Anong mga argumento ang narinig na ninyo at paano kayo tumugon sa mga hamong iyon sa inyong mga pamantayan?**

**Lizzie:** Noong senior year ko na sa high school, naaalala kong may isang guro na nagbigay sa amin ng ilang "payo." Nag-asawa siya kaagad pagkatapos ng high school, at masama



## ANG PAMANTAYAN AT ANG SUSI

“Tulad pa rin ng dati ang pamantayan: huwag makipagtalik bago ikasal at buong katapatan kapag kasal na. Kahit tila hindi tayo sumusunod sa uso, kahit maliitin pa ang ating mga pamantayan, kahit bumigay sa tukso ang ibang tao, hindi tayo magpapatukso, at hindi tayo dapat magpatukso. . . .

“Iginawad sa inyo ang kaloob na Espiritu Santo. Magkakaroon ng mga bulong ng pagsang-ayon o babala kapag may gagawin kayong desisyon. Magagabayan kayo ng Espiritu Santo at ilalayo sa masama at ibabalik kayo sa Simbahan kung maliligaw kayo ng landas. Huwag kalimutan na kayo’y mga anak ng Diyos. Hindi kayo maibibilanggo ni Satanas. Lagi ninyong hawak ang susi ng pagsisisi para mabuksan ang pintuan ng bilangguan.”

Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang Pamantayan ng Katotohanan ay Naitayo Na,” *Liahona*, Nob. 2003, 26.

ang kinahantungan nito, kaya’t ang sinabi lang niya sa amin ay “napakaraming isda sa dagat.” Ibig niyang sabihin ay napakaraming bagay na dapat naming subukan, maraming kandidato o lalaking dapat subukan. Naalala kong nabigla ako na sasabihin iyon ng aking guro. Magmula noon naisip ko, oo nga, napakaraming tao, pero ayaw ko naman ng napakaraming tao!

**Jonathan:** Sinabi ng isang kakilala ko na kapag may ka-relasyon siya, gusto muna niyang malaman kung sexually compatible siya sa taong iyon. Ibinigay niyang halimbawa ang pakikipagdeyt sa isang lalaking gusto niya noon, at nang may nangyari na sa kanila, hindi niya nadamang compatible o para talaga sila sa isa’t isa at hindi tumagal ang kanilang relasyon. Ginamit niya ang karanasang iyon para ipakita ang kanyang punto, at parang nakakakumbinsi naman. Sa huli, ipinaliwanag ko sa kanya na naniniwala ako na maaari niyo namang makilalang mabuti ang isa’t isa sa ibang paraan, at kapag ginawa ninyo iyon at nagkaroon ng tiwala habang sinusunod ang batas ng kalinisang-puri, mas magiging compatible kayo kapag ikinasal na kayo.

**Any:** Ang pinakamadalas kong marinig na katwiran ay na kapag nagmamahalan ang dalawang tao, OK lang; ang intimasiya ay pagpapakita lamang ng pagmamahal.

**Martin:** Ang isang bagay na pumapasok sa isip ko kapag naririnig ko ang pangangatwiran na “Mahal namin ang isa’t isa” ay ang binanggit noon ni Pangulong Spencer W. Kimball. Sinasabi niya na madalas ay patagong pumapasok ang pagnanasa kapag inaakala ng mga tao na sila ay nagmamahalan.<sup>3</sup> Iyan ang situwasyon ng maraming tao kapag masyado na silang malapit sa isa’t isa bago pa sila ikasal: iyon ay pagnanasa kahit na inaakala nilang mahal na nila ang isa’t isa. Kung talagang mahal nila

ang isa’t isa, mas igagalang nila ang bawat isa, susuportahan ang isa’t isa, at uunawain na mayroong panahon para sa seksuwal na intimasiya. At, para sa akin, ipinakikita ng intimasiya bago ang kasal na hindi ninyo talaga susuportahan ang isa’t isa kahit na iniisip ninyong gagawin ninyo iyon. Sapagkat kung hindi ninyo kayang tulungan ang isa’t isa ngayon sa pamumuhay ng inyong mga pamantayan, paano ninyo masusuportahan ang isa’t isa kalaunan?

**Kaylie:** Iniisip ng ilang tao na hindi naniniwala sa Diyos na ang Biblia at ang batas ng kalinisang-puri ay hindi na uso. May ilan akong kaibigan noon sa high school na mga ateista o agnostiko—at may isa akong kaibigan na talagang hindi naniniwala noon sa mga itinuturo ng kanyang relihiyon. Namuhay lang siya batay sa nais niya, sa inaakala niyang tama para sa kanya. Ang pisikal na intimasiya, batay sa kanyang pananaw, ay pagbibigay kasiyahan sa sarili, at anumang bagay na hahadlang sa kasiyahang iyon ay hindi kanais-nais.

Sa palagay ko nagulat ang kaibigan ko na naniniwala ako sa Biblia at sa mga kautusan ng Diyos, pero sinikap kong tulungan siyang maunawaan na hindi ko itinuturing na mga pagbabawal o hadlang ang mga kautusan; ipinamumuhay ko ang mga ito sapagkat mas pinasasaya ako ng mga ito. Bagama’t hindi kami nagkasundo sa puntong ito, iginalang niya ako, at natili kaming matalik na magkaibigan.

**Liz:** Lahat ng mga argumentong ito ay may sagot sa mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo. Kapag naniniwala ka na mayroong Diyos, kapag naniniwala ka na may mas dakilang plano, kapag naniniwala ka na mayroong pananagutan, kapag naniniwala ka na may isang taong nagmamahal sa iyo at nagma-malasakit sa iyo, at kapag naniniwala ka na ikaw ay mahalaga dahil ikaw ay anak ng Diyos—kung gayon mas

malamang na ituring mong mahalaga ang sarili mo at igagalang mo ang iyong katawan. Kapag hindi alam o hindi pinaniniwalaan ng mga tao ang mga alituntuning ito, tinitingnan nila ang ibang tao at mga lugar para malaman kung gaano sila kahalaga.

### Anong mga impluwensya o halimbawa ang nakatulong sa inyo na mangakong ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri?

**Hip:** Mayroon akong roommate noon na nakatakda nang ikasal. Isang araw ay pinag-usapan namin ang tungkol sa nalalapit niyang kasal, at may nagtanong, “Ano sa palagay ninyo ang matitibay na pangakong tutulong sa inyo na manatiling matatag?” Ang sagot niya ay, “Ang hindi pagsunod sa batas ng kalinisang-puri ay makasisira sa aming relasyon. Kaya’t nagpasiya kaming hindi namin gagawin ang anumang bagay na hindi kami komportableng gawin sa harap ng bishop

*“Hindi ko itinuturing na hadlang ang mga kautusan; ipinamuhay ko ang mga ito sapagkat mas pinasasaya ako nito.”*

o ng aming mga magulang.” Naka-impluwensya iyon sa akin hanggang ngayon.

**Jonathan:** Ngayong young adult na ako, mas madali nang makinig sa mga propeta at pag-isipan ang mga bagay na sinasabi ng mga lider ng Simbahan. Pero bago iyan, sa palagay ko ay malaki ang responsibilidad na nakaatang sa ating mga magulang at pamilya. Ang Simbahan ay makapagbibigay ng impormasyon at napakarami pang bagay, ngunit ang mga halimbawa ng aking pamilya ay nakatulong talaga sa akin na matanto na ang ebanghelyo ay mabuti at nagpapasaya sa atin.

**Liz:** Habang lumalaki ako, ang pinakamalapit na miyembro ng Simbahan na kaedad ko ay isa’t kalahating oras ang layo sa aming tirahan, kaya’t walang ibang miyembro sa paaralan. Ngunit ang isang bagay na talagang pinasasalamat ko ay na kahit ako lang mag-isa roon, palaging dumarating sa Mutual ang aking mga lider; palagi silang nagpupunta sa seminary; palagi silang dumarating para turuan ako—sa bawat pagkakataon. Hindi nila kailan man sinabing, “Tatal, isa lang naman ang estudyante kaya huwag na lang tayong magklase ngayon.” Natitiyak kong marami akong natutuhan, ngunit ang talagang nantandaan ko ay ang katatagan ng mga lider ko. At dahil sa kanila, nagkaroon ako ng maraming pagkakataon na madama ang Espiritu.

Sa palagay ko hindi natin kailanman lubusang napahahalagahan ang ka-loob na Espiritu Santo. Kahit na naroon ang mga magulang ko at pamilya at mga lider, kapag nasa paaralan na ako ay ako na lang mag-isa sa sarili ko. Ngunit kasama ko ang Espiritu. Kaya’t kung ano man ang nagpapanatili sa Espiritu sa buhay ng isang tao ay magiging malaking impluwensya sa pagtulong sa mga taong iyon na sundin ang batas ng kalinisang-puri.

**Lizzie:** Isa sa malalaking impluwensya sa akin ay ang pagkakaroon

ng sarili kong patotoo. Kung hindi ka talagang matatag sa ebanghelyo, madali talagang tahakin ang ibang landas. Ngunit kapag sinimulan mo sa pagtiyak na mayroon kang matatag na pundasyon sa ebanghelyo, magiging maayos ang lahat.

**Hip:** Kapag gusto mong lumakas ang iyong katawan, mag-ehehesisyo ka, at kapag nag-ehehesisyo ka, nakikita mo ang mga resulta. Kung ipamumuhay natin ito sa espirituwal na paraan, kailangan nating espirituwal na mag-ehehesisyo. Napakarami nating dapat gawin para mapalakas ang ating espirituwalidad, gaya ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan at paggawa nang lahat ng magagawa natin upang mapasaatin ang Espiritu. Dapat din tayong magtakda ng mabubuting mithiin at gumawa para makamtan ang mga mithiing iyon. Ngunit para makamtan ang mga mithiing iyon, hindi natin ito magagawa nang mag-isa. Kailangang kasama natin ang Panginoon. Sa Kanya tayo humuhugot ng lakas at sa Espiritu upang malampasan ang mga hamon sa ating buhay. Pagkatapos ay masusunod natin ang pakiusap ni Pangulong Thomas S. Monson:

“Huwag tulutang wasakin ng inyong mga pagnanasa ang mga pangarap ninyo. Daigin ang tukso.

“Tandaan ang sabi sa Aklat ni Mormon: ‘Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan.’”<sup>4</sup> ■

#### MGA TALA

1. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
2. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, “Of Souls, Symbols, and Sacraments,” sa *Brigham Young University 1987–88 Devotional and Fireside Speeches* (1988), 77–79.
3. “Sa oras ng pagkakasala, ang dalisay na pag-ibig ay itinutulak palabas ng isang pinto samantalang patago namang pumasok ang pagnanasa sa kabilang pinto. Sa gayon ang damdamin ay napalitan ng pagnanasa sa laman at hindi mapigilang silakbo ng damdamin. Tanggap na ang doktrinang buong sigasig na itinuro ng diyablo, na ang ipinagbabawal na seksuwal na relasyon ay makatwiran” (*Teachings of Spencer W. Kimball*, ed. Edward L. Kimball [1982], 279).
4. Thomas S. Monson, “Maging Isang Halimbawa,” *Liahona*, Mayo 2005, 113.

## “Ano ang ibig sabihin ng igalang ang priesthood ng Diyos?”

**A**ng priesthood ang kapangyarihang ginagamit ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa pagsasagawa ng Kanilang gawain. Ito ang pinakadakilang kapangyarihan sa daigdig. Sa pamamagitan ng priesthood, isinasagawa ang mga ordenansa, ibinibigay ang mga basbas, isinasakutuparan ang gawain sa templo, ipinapangaral ang ebanghelyo, at isinasagawa ang mga himala.

Ang mga mayhawak ng priesthood ang kumakatawan sa Tagapagligtas, kaya iginagalang nila ang priesthood sa paggawa ng gagawin ng Tagapagligtas kung Siya ay narito. Iginagalang nila ang priesthood sa pamumuhay nang karapat-dapat para dito. Iginagalang nila ang priesthood sa kanilang pananamit, mga kilos, pananalita, paglilingkod, at maging sa kanilang mga iniisip.

Maigagalang din ng mga kabataang babae ang priesthood sa pagtupad ng kanilang mga tipan sa binyag at mapitagang paglahok sa mga ordenansa ng priesthood tulad ng sakramento o gawain sa templo. Masusuportahan nila ang kanilang mga ama, kapatid na lalaki, at iba pang mga mayhawak ng priesthood sa pagsunod sa mga utos at pamumuhay nang marapat para maisagawa ang kanilang mga tungkulin sa priesthood.

Maigagalang nating lahat ang priesthood sa paglilingkod nang tapat sa ating mga tungkulin, sa paggalang sa mga priesthood holder, sa paggalang sa gawaing isinasakutuparan nito, at sa paggalang sa mga ordenansa at tipan na natatanggap natin sa pamamagitan nito.

### Kumilos na Tulad ng Isang Kinatawan ng Diyos



Kung sisimulan nating unawain kung gaano kaganda na ipinagkaloob ito sa atin ng Diyos, nagiging simple ang paggalang sa priesthood: kumilos nang may pasasalamat at paggalang sa kapangyarihang ipinagkatiwala sa inyo. Itanong sa inyong sarili, Kung alam ng lahat ng nasa paligid ko na taglay ko ang kapangyarihan ng Diyos, madaragdagan ba o mababawasan ang paggalang nila sa Kanya? Iyan ang kahulugan ng paggalang sa priesthood—pagkaalam ito na kayo ay isang kinatawan ng Diyos at ginagawa ninyo ang lahat para kumilos

sa paraang magpapakita ng paggalang sa tiwala Niya sa inyo.

*Mason R., edad 19, Colorado, USA*

### Maging Marangal



Bilang isang dalagita masasabi ko na hindi ko kailangang igalang ang priesthood. Ngunit lahat ng kabataang babae ay kailangang gawin iyan. Iginagalang namin ang priesthood sa pagiging marangal.

Iginagalang namin ang priesthood sa pagtulong sa mga kabataang lalaki na magkaroon ng malinis na isipan. Nagdadamit kami nang disente at maayos at malinis ang aming pananalita. Sa paggawa nito, tinutulungan namin ang mga kabataang lalaki na igalang ang priesthood, kaya iginagalang din namin ang priesthood.

*Marisa B., edad 14, Arizona, USA*

### Gawin ang Iyong Tungkulin sa Diyos

Ang pangunahing paraan para maigalang ang priesthood, sa aking opinyon, ay gawin ang mga bagay na gagawin ng Panginoon Mismo kung Siya ay narito sa daigdig, dahil kinakatawan natin si Jesucristo. Ibig sabihin ay tinutupad natin ang lahat ng obligasyon, tungkulin, at pangakong ginawa natin sa Diyos nang iorden tayo sa priesthood. Sa paggalang sa Kanyang priesthood, sinusunod natin ang Kanyang utos na “bumangon at magliwanag, nang ang [ating] liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa” (D at T 115:5). Tinutulungan natin ang iba na malaman na maraming awtorisadong lingkod ang Diyos sa ibabaw ng lupa.

*Bismarck B., edad 18, Santo Domingo, Dominican Republic*

### Magpakita ng Paggalang sa Priesthood

Palagay ko ang paggalang sa priesthood ay pagkakaroon ng paggalang at kumpiyansa sa

*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*



paggamit ng priesthood. Kapag kayo ay mga miyembro ng Aaronic Priesthood na gumagalang sa priesthood at sa sakramento katulad namin sa aming ward, magkakaroon kayo ng ilang magagandang karanasan sa pagpapasa at paghahanda ng sakramento. Lahat kami ay nagsusuot ng puting polo at nakakurbata. Alam namin na malaki ang epekto nito sa ward, at malaki ang naging epekto nito sa akin. Alam ko na ang pagkakaroon ng priesthood ang pinakamagandang bagay na nangyari sa akin.

*Hansen B., edad 15, Texas, USA*

### Huwag Ilagay sa Alanganin ang Inyong mga Pamantayan

Ang ibig sabihin ng paggalang sa priesthood ay huwag ilagay ang inyong sarili sa mga sitwasyon na alam ninyong maaaring malagay sa alanganin ang inyong mga pamantayan. Nang pag-aralan namin ang Lumang Tipan sa seminary, nakita namin sa Genesis 39 ang halimbawa ni Jose ng Egipto sa paggalang sa kanyang priesthood nang tumakbo siya palayo sa mga panunukso ng asawa ni Potiphar.

Ang isang paraan para matulungan kami ng mga kabataang babae na igalang ang priesthood ay sa pagsunod sa mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at manamit nang disente.

*Joseph B., edad 16, Texas, USA*

### Suportahan ang Priesthood

Ang ibig sabihin sa akin ng paggalang sa priesthood ay igalang at suportahan ng mga kabataang lalaki ang kaloob ng Diyos sa kanila. Kapag nakikita kong iginagalang ng mga kabataang lalaki ang priesthood, lalo akong napapayapa at nagkakaroon ng paggalang sa binatang iyon.

Ipinagkatiwala sa Kanya ng Ama sa Langit ang priesthood, kaya palagay ko tungkulin ng isang kabataang lalaki na hindi lamang magkaroon ng priesthood kundi suportahan din ito.

*Melinda B., edad 16, Washington, USA*

### Alalahanin ang Tagapagligtas



Ang priesthood ang tanging totoong kapangyarihan ng Diyos sa lupa at nagpapakita sa atin ng landas pabalik sa Kanya. Kapag naiisip natin ang paggalang sa priesthood, naiisip natin ang pagsunod sa mga turo ni Pangulong Thomas S. Monson at ng iba pang mga Apostol. Ang pinakamagandang paraan para igalang ang priesthood ay gawin ang mga bagay na itinuturo sa atin, na nagpapaalala sa atin sa Tagapagligtas. Kapag inaalala natin Siya, sumasaatin ang Kanyang Espiritu. Ang pagkakaroon ng Espiritu ay nagtutulot sa atin na

manatiling nakatuon at maging halimbawa ng mga pamantayan ng ebanghelyo.

*Klase sa Sunday School: Kylie E., Jaiten B., Joseph E., Alexandra R., Kaylie V., Alisha F., at Haylee W. (wala sa larawan); Idaho, USA*



### ITO AY SAGRADO

“Ang mga kabataang lalaki at kabataang babae . . . ay dapat na igalang [ang priesthood] at kilalanin ito bilang

isang bagay na sagrado, . . . sapagkat sa pamamagitan ng . . . kapangyarihang ito ang mga ordenansa ng ebanghelyo ay ginagampanan sa buong mundo at sa bawat sagradong lugar, at kung wala ito ay hindi maaaring gampanan ang mga yaon. Ang mga taong humahawak ng kapangyarihang ito ay dapat na igalang ito. Dapat silang mamuhay sa paraang magiging karapat-dapat sila sa kapangyarihan na ipinagkaloob sa kanila.”

**Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918), Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith (1999), 173.**

## SUSUNOD NA TANONG

“Ano ang sasabihin ko sa mga hindi miyembro na nagtatanong kung bakit hindi ipinamumuhay ng ilang miyembro ng Simbahan ang ating mga pamantayan?”


Ipadala ang inyong sagot bago sumapit ang Nobyembre 15 sa [liahona@ldschurch.org](mailto:liahona@ldschurch.org) o sa:

*Liahona*, Questions & Answers 11/12  
50 E. North Temple St., Rm. 2420  
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa inyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng inyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang inyong sagot at larawan.

# MAGING MATALINO AT MAGING ISANG KAIBIGAN





**Ni Elder  
Robert D. Hales**

Ng Korum ng  
Labindalawang  
Apostol

*Matuto at magkaroon ng kaalaman at katalinuhan sa inyong kabataan. At pasiglahin at palakasin ang mga nasa paligid ninyo.*

**K**ung talagang gusto ninyong magkaroon ng magandang buhay, gugustuhin ninyong sundin ang payo na matatagpuan sa mga banal na kasulatan: “Matuto ng karunungan sa iyong kabataan; oo, matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos” (Alma 37:35). Ang proseso ng pagkatuto ay maaaring ibuod sa sumusunod na paraan:

Nagsisimula tayong lahat sa pangunahing kaalaman. Nagdaragdag tayo riyang ng kaalaman mula sa natututuhan natin sa klase at sa pagbabasa. Nagdaragdag tayo ng mga karanasan sa buhay. At dumarating tayo sa ikaapat na hakbang: karunungan. Diyan tumitigil ang mundo. Ngunit mayroon tayong isang bagay na wala ang mundo. Pagkatapos ng binyag at kumpirmasyon, binibigyan tayo ng kaloob na Espiritu Santo. Batay sa ating katapatan sa mga batas, ordenansa, at pakikipagtipan natin sa binyag, sa regular at madalas na

pagdalo sa mga sacrament meeting, at sa mga tipan ng priesthood at sa templo, laging sasaatin ang kaloob na Espiritu Santo upang turuan at patnubayan tayo. Inaakay tayo ng Espiritu na kumilos at sumunod. Lahat tayo ay may espirituwal na mga kaloob at talento (tingnan sa D at T 46).

Ang karunungan na sinamahan ng mga espirituwal na kaloob ay humahantong sa pag-unawa sa puso. “Karunungan ay pinaka pangulong bagay; kaya’t kunin mo ang karunungan: oo, sa lahat mong kukunin ay kunin mo ang unawa” (Mga Kawikaan 4:7). Mahalagang magkaroon ng karunungan at pang-unawa sa inyong kabataan.

Isang karanasan noong kabataan ko ang nagturo sa akin ng isang bagay tungkol sa karunungan. Ako’y isang batang taga-lungsod, kaya’t pinagtrabaho ako ng aking ama sa rantso ng tiyo ko sa kanlurang bahagi ng Utah. Habang naroon ako, hindi ko maunawaan kung bakit isisiksik ng mga baka, sa libu-libong akreng pagpipilian, ang kanilang ulo sa barbed wire para kainin ang damo sa kabila ng bakod. Naisip na ba ninyo kung gaano kalaki ang pagkakatulad natin dito? Lagi tayong magsisiksik para makita kung ano ang nasa kabila ng hangganan, lalo na ang ating

kabataan. Bilang mga tao—ang likas na tao—mahilig tayong sumiksik sa barbed wire at isungaw ang ating ulo roon. Bakit natin ginagawa iyon?

Maaari tayong magalak nang husto sa buhay nang hindi lumalagpas sa hangganan. Tandaan, “Karunungan ay pinaka pangulong bagay,” at sa karununganang iyan, “Huwag kang pumasok sa landas ng masama, at huwag kang lumakad ng lakad ng mga masasamang tao. Ilagan mo, huwag mong daanan; likuan mo, at magpatuloy ka” (Mga Kawikaan 4:14–15). Huwag kayong lumapit. Huwag ninyong isiksik ang inyong ulo sa bakod na barbed wire.

### **Mayroon Ba Kayong Mabubuting Kaibigan?**

Mapapansin ninyo na, bukod sa mga turong ito tungkol sa karunungan, nagtuturo din ang Mga Kawikaan tungkol sa pagpili ng mabubuting kaibigan: “Huwag kang pumasok sa landas ng masama, at huwag kang lumakad ng lakad ng mga masasamang tao” (Mga Kawikaan 4:14). “Anak ko, huwag kang lumakad sa daan na kasama nila; pigilin mo ang iyong paa sa kanilang landas: sapagka’t ang kanilang mga paa ay nagsisitakbo sa kasamaan” (Mga Kawikaan 1:15–16).

Paano ninyo malalaman kung mayroon kayong mabubuting kaibigan? Bibigyan ko kayo ng dalawang pagsubok. Kung isasagawa ninyo ang mga pagsusulit na ito, hinding-hindi kayo mapupunta sa mga di-kilalang landas at maliligaw mula sa “makipot at makitid na landas na patungo sa buhay na walang hanggan” (2 Nephi 31:18).

1. **Pinadadali ng mabubuting kaibigan ang pagsunod sa mga utos kapag kasama ninyo sila.** Ang isang tunay na kaibigan ay pinalalakas kayo at tinutulungan kayong ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo na tutulong sa inyo na magtiis hanggang wakas.
2. **Ang tunay na kaibigan ay hindi kayo papipiliin sa pagitan ng kanyang mga paraan at sa mga paraan ng Panginoon,** na magliligaw sa inyo mula sa tuwid at makitid na landas. Gumagala sa mundong ito ang kaaway at gustung-gusto niyang mahulog tayong lahat. Kung dinadala kayo ng inyong mga kaibigan sa landas ng kasamaan, hiwalayan sila ngayon din. Maging matalino sa pagpili ng inyong mga kaibigan.

### **Anong Klase Kayong Kaibigan?**

Ngayon mayroon akong mahirap na tanong: anong klase *kayong* kaibigan?

Ang buhay ay hindi lamang pagligtas sa ating sarili. Inutusan tayong pasiglahin at palakasin ang lahat ng nakapaligid sa atin. Gusto ng Panginoon na sama-sama tayong bumalik sa Kanya.

Kayo ay isang parola, at wala nang mas mapanganib kaysa sa isang parolang walang ilaw. Alalahanin kung sino kayo: kayo ay liwanag sa mundo, sa inyong mga kaibigan, sa inyong mga kapatid. Kayo ang kanilang inasahan.



***Maging liwanag sa mundo at akayin at gabayan ang mga nasa paligid ninyo sa landas ng kabutihan. Umaasa sila sa inyong tapat na halimbawa.***

Pagpapatuloy ng Mga Kawikaan 4: “Nguni’t ang landas ng matuwid ay parang maliyab na liwanag, na sumisilang ng higit at higit sa sakdal na araw.

“Ang lakad ng masama ay parang kadiliman: hindi nila nalalaman kung ano ang kanilang kinatitisan” (mga talata 18–19).

Hindi talaga nila alam kung bakit sila natitod. Wala silang liwanag, wala silang direksyon.

Alam ba ninyo kung ano ang pakiramdam ng umasa sa isang parola kapag walang liwanag doon? Kadiliman ang resulta, at tayo ay naliligaw.

Kapag nawalan ng electrical power ang piloto, wala siyang mga

palatandaan maliban sa mga bagay na gumagana nang walang kuryente. Wala siyang kalaban-laban habang nasa single-seated fighter plane siya na nasa taas na 40,000 talampakan (12,200 m) sa ere na sinisiklut-siklot ng mga ulap at kung anu-ano pa. Wala siyang anumang direksyon. Naranasan ko na iyan, at nagagalak ako na narito ako. Isang karanasan iyon na hinding-hindi ko malilimutan. Kayo man balang-araw ay maaaring malagay sa gayong sitwasyon. Walang ibang bagay na mapanganib na katulad ng isang parolang walang ilaw, lalo na kapag umaasa kayo sa liwanag.

May isang tao bang umaasa na magagabayan siya ng inyong liwanag? Maging mabuting halimbawa. Maging liwanag sa mundo at akayin at gabayan ang mga nasa paligid ninyo sa landas ng kabutihan. Umaasa sila sa inyong tapat na halimbawa. Pumaroon kapag may nangailangan sa inyo.

Ang Espiritu ang gabay na liwanag na naghahatid ng galak at kaligayahan. Nawa’y hinding-hindi ipagkait sa atin ang Espiritu dahil sa ating pag-uugali. Ah, nawa’y hinding-hindi tayo mapag-isa at malungkot sa “madilim at mapanglaw” na mundong ito (1 Nephi 8:4).

Nawa’y mapasainyo ang mga pagpapala ng Panginoon habang nagsisikap kayong matuto at magkaroon ng kaalaman at karunungan sa inyong kabataan. Nawa’y magkaroon din kayo ng karunungan at pangunawa sa inyong puso tungkol sa mga katotohanan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pagsunod at gayundin ng liwanag ng Espiritu, ang Espiritu Santo. Maging mabuting kaibigan. Pasiglahin at palakasin ang mga nasa paligid ninyo. Gawing mas magandang lugar ang mundo dahil narito kayo. Tulungan ang inyong mga kaibigan na manatili sa tuwid at makipot na landas, magtiis hanggang wakas, at magbalik nang may dangal. ■

# PAGBIBIHIS *para sa Sayawan*

Ni Crystal Martin

*Natukso akong sundin ang nakararami, ngunit naisip ko na sa halip ay kailangan kong maging isang mabuting halimbawa.*

Noong tinedyer ako, may mga pagkakataon na nahirapan akong ipamuhay ang ebanghelyo. Ang lugar na tinirhan ko ay walang gaanong miyembro ng Simbahan, at may mga pagkakataon na nahirapan akong manatili sa tamang landas dahil sa mga kaibigan kong hindi miyembro ng Simbahan.

“Ito ang dapat mong isuot; tugma ito sa kulay ng iyong mga mata,” sabi sa akin ng isa sa mga kaibigan ko bago sumapit ang araw ng sayawan. Itinaas niya ang isang damit na ipahihiram niya sa akin, pero walang manggas iyon. Nagpasiya akong isuot ang damit nang may jacket.

Pagdating ko sa sayawan, walang ibang may suot ng damit na may manggas, at pakiramdam ko ay namukod-tangi ako. Nang mainitan na ako nang husto, sinabi sa akin ng mga kaibigan ko na dapat kong hubarin ang jacket at mas maganda pa

akong tingnan kung wala ito.

Nang magkaroon na ako ng katwiran na hubarin ang jacket, naalala ko ang aking patriarchal blessing. Sabi sa akin sa blessing ko na daranas ako ng maraming tukso at kung magpapatangay ako, marami ang susunod sa akin. Noon ko naisip na kailangan kong manatili sa tamang landas— hindi lamang para sa aking sarili kundi para din sa iba na gumagalang sa akin. Nagpasiya akong huwag hubarin ang jacket.

May mga pagkakataon na pinagtwiran ako dahil hindi ko ginagawa ang ginagawa ng lahat, pero nanatili akong matibay at pinagpala ako dahil doon. Kalaunan ay nalaman ko na maraming tao ang gumalang sa akin. Sinabi pa sa akin ng ilan sa mga kaibigan ko na iginagalang nila ako dahil sinusunod ko ang aking mga pamantayan. Humingi sila ng paumanhin dahil pinahirapan nila ako sa hindi

ko paggawa ng ginagawa ng lahat sa high school.

Dahil sinunod ko ang mga pamantayan ng Simbahan at sinikap kong maging magandang halimbawa, nakapagmisyon ako at nakapagturo ng ebanghelyo sa iba. Hindi ko sana na-impluwensyahan ang iba kung hindi ako nanatili sa tamang landas. ■



## MGA PAMANTAYAN SA PANANAMIT

“Huwag na huwag ninyong ibaba ang mga pamantayan ninyo sa pananamit. Huwag gawing katwiran ang espesyal na okasyon para hindi maging disente. . . . Dapat iwasan ng mga kabataang babae . . . ang damit na hindi natatakpan ang balikat.”

*Para sa Lakas ng mga Kabataan (buklet, 2011), 6.*

# Pananamit at Kaanyuan:

## “HAYAANG GUMABAY ANG BANAL NA ESPIRITU”



**Ni Mary N. Cook**

Unang Tagapayo  
sa Young Women  
General Presidency

*Bilang mga kinatawan ni Cristo, nagpapakita tayo ng paggalang sa ating katawan “sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar” sa pamamagitan ng pagsunod sa ilang pamantayan.*

**S**i Kim ay palaging nagsusuot ng disenteng damit. Noong makalawa hiningi ko ang kanyang opinyon kung ano ang itinuturing niyang disenteng palda, disenteng blusa, at disenteng swimsuit. Sa halip na magbigay ng eksaktong sukat ng haba ng damit at lalim ng tabas sa gawing leeg, pinag-usapan namin ang mga alituntunin ng pagiging disente at ang hamon na maghanap ng disenteng damit na mukhang kaakit-akit. Masaya kaming nagpalitan ng mga paraan para mapahaba nang maganda ang isang palda. Sa wakas ay sinabi ni Kim, “Kung hindi ako komportable kapag una kong isinuot ang isang damit, ang karaniwang kahulugan niyon ay hindi iyon disente at hindi ako magiging komportableng isuot iyon. Natuto akong huwag bilhin iyon kailanman. Ibinabalik ko lang iyon sa sabitan.”

Sa pagsisikap ni Kim na mamuhay nang karapat-dapat, magagabayan siya ng Espiritu Santo sa pagpili niya ng mga damit. Labis niyang ipinamumuhay ang pamantayan ng pagiging disente at hindi niya sinubukang palitan ang mga tuntunin ng pananamit at

kaanyuan. Nauunawaan niya na ang kanyang katawan ay isang templo (tingnan sa I Mga Taga Corinto 3:16) at responsibilidad niya itong pangalagaan, protektahan, at damitan sa wastong paraan.

Kapag itinayo ang isang templo, maingat na tinitiyak na protektado ito at napapalamutian nang maganda, sa loob at labas. Ang isang susi sa pagpapalano ng mga templo ay nasa pag-unawa na ang isang templo ay *kumakatawan* sa Panginoon—ito ay Kanyang bahay. Ating *iginagalang* ang mga templo bilang sagradong mga gusali kung saan yaon lamang mga karapat-dapat ang makapapasok. Ating *pinagpipitaganan* ang mga templo dahil ang ginagawang posible ng nilalahukan nating mga sagradong ordenansa at tipan na makabalik tayo sa ating Ama sa Langit.

Ang inyong katawan ay mas mahalaga kaysa sa pinakamagandang templo sa daigdig. Kayo ay pinakamamahal na anak ng Diyos! Lalo pang angkop ang mga alituntuning ito—pagkakatawan, paggalang, at pagpipitagan—sa pangangalaga at proteksyong ibinibigay ninyo sa inyong katawan.

### Pagkatawan

Bawat linggo habang nakikibahagi tayo ng sakramento, tinataglay natin sa ating sarili ang pangalan ng Tagapagligtas. Tayo ay Kanyang mga kinatawan sa lupa. Nakasaad sa isa sa mga tuntunin sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* na: “Sa inyong pananamit at kaanyuan, maipapakita ninyo [sa Panginoon na] alam ninyo kung gaano kahalaga ang inyong katawan. Maipapakita ninyo na kayo ay disipulo

ni Jesucristo at Siya ay mahal ninyo.”<sup>1</sup>

Nang mabasa ng isang kabataang babae ang pahayag na ito, ipinasiya niya na ayaw niyang matukso man lang na hindi maging disente. Agad niyang inalis sa damitan niya ang lahat nang hindi nababagay sa pagiging kinatawan ng Tagapagligtas. Sabi niya, “Magiging matalino ako kung ni hindi ko su-subukang isukat ang anumang damit sa mga tindahan na alam kong hindi ko dapat isuot. Bakit ako patutukso?” Ang alituntunin ng pagiging kinatawan ay nakatulong sa kanya na gumawa ng matibay na pasiya.

### Paggalang

Bilang mga kinatawan ni Cristo, nagpapakita tayo ng paggalang sa ating katawan “sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar” (Mosias 18:9) sa pamamagitan ng pagsunod sa ilang pamantayan. Sinabi ng Panginoon na tanging ang malilinis ang makapapasok sa templo. Ang pasiya ninyong maging marangal ay katibayan ng inyong paggalang sa Panginoon at sa inyong pisikal na katawan.

Dapat din tayong magpakita ng paggalang sa katawan ng iba at tulungan silang mamuhay nang marangal. Sabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Kailangan[ng] maunawaan [ng mga kabataang babae] na kung sila ay magsusuot ng sobrang sikip, ikli [ng damit] o baba [ng tabas sa gawing leeg], hindi lamang sila nakapagbibigay ng maling ideya sa mga kabataang lalaki na kasama nila, kundi ipinagpapatuloy din nila sa kanilang sariling isipan na ang kahalagahan ng kababaihan ay nababatay lamang sa kanyang abilidad na makaakit ng iba. Ito ay hindi naging o hindi magiging tugma sa matwid na kahulugan ng isang tapat na anak na babae ng Diyos.”<sup>2</sup>

Mga kabataang babae, igalang ang inyong katawan at tulungan ang iba, lalo na ang mga kabataang lalaki, na manatiling marangal sa isip at sa gawa. Igalang ang inyong katawan, batid na ang *araw-araw* na mabuting pamumuhay ay nagbibigay sa inyo ng *walang-hanggang* kahalagahan.

### Pagpipitagan

Itinuro sa atin ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol:

“Tulad ng bakuran ng templo na ipinakikita ang kasagraduhan at pagpipitagan na nagaganap sa loob ng templo, gayundin na ipinakikita ng ating kasuotan ang kagan-dahan at kadalisan ng ating kalooban. Ipinakikita ng ating pananamit kung may wastong paggalang tayo sa mga ordenansa sa templo at mga walang hanggang tipan at kung inihahanda natin ang ating sarili sa pagtanggap sa mga ito.”<sup>3</sup>

Magpakita ng pagpipitagan sa nagbabayad-salang sakripisyo ng ating Tagapagligtas sa pagsusuot ng inyong “damit-pangsimba” para makilahok sa ordenansa ng sakramento. “Ang mga kabataang lalaki ay dapat manamit nang may dignidad kapag nangangasiwa sa ordenansa ng sakramento.”<sup>4</sup> Mga kabataang babae, manamit nang disente.

Bumangon! Maging halimbawa ng disen-teng pananamit sa tahanan, sa paaralan, sa dalampasigan, sa mga sayawan, o kapag naglalaro ng isports. Sundan ang halimbawa ni Kim sa pagpili ng inyong damit, na hinahayaan ang Banal na Espiritu na gabayan kayo sa inyong mga pasiya. “Itanong sa inyong sarili, ‘Magiging komportable ba ako sa kaanyuan ko kung nasa piling ako ng Panginoon?’”<sup>5</sup>

Kung ipamumuhay ninyo ang tatlong alituntuning ito—pagkatawan, paggalang, at pagpipitagan—kapag namimili kayo ng isusuot, kayo ay “magliwanag” (Doktrina at mga Tipan 115:5) bilang pinakamamahal na mga kinatawan ng Tagapagligtas. ■

### MGA TALA

1. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 6.
2. M. Russell Ballard, “Mga Ina at Anak na Babae,” *Liahona*, Mayo 2010, 20.
3. Robert D. Hales, “Pagiging Disente: Pagpipitagan sa Panginoon,” *Liahona*, Ago. 2008, 20.
4. *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, 7.
5. *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, 8.



# PINALAKAS NG SALITA

*Pinatotohanan ng mga tinedyer  
ang mga pagkakataon na sila  
ay tinuruan, pinanatag, at  
ginabayan ng mga banal  
na kasulatan.*



## **TUMUTULONG ANG MGA BANAL NA KA- SULATAN SA ORAS NG PANGANGAILANGAN**

“Ang mga banal na kasulatan ay tulad ng mumunting liwanag na tumatanglaw sa ating isipan at nagbibigay-puwang sa patnubay at inspirasyon mula sa kaitaasan. . . . Malaking tulong ang nagagawa ng pagsasaulo ng mga banal na kasulatan. Ang pagsasaulo ng isang talata ay pagbuo ng [bagong] pagkakaibigan. Ito’y parang pagkakaroon ng bagong kakilala na makatutulong sa oras ng pangangailangan, makapagbibigay ng inspirasyon at kapanatagan, at pagmumulan ng panghihikayat para sa kinakailangang pagbabago.”

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang Bisa ng Banal na Kasulatan,” *Liahona*, Nob. 2011, 6.**

pinakuwento namin sa mga kabataan ang isang pagkakataon na natulungan sila ng isang talatang naisaulo nila, tulad nang tinalakay ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2011 (tingnan sa sidebar). Narito ang ilan sa kanilang mga sagot.





### Kapayapaan sa Aking Kaluluwa

*“Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang” (D at T 121:7).*

Ang talata sa banal na kasulatan na nagbigay sa akin ng pinakamalaking kapanatagan sa paglipas ng mga taon ay ang Doktrina at mga Tipan 121:7, noong nasa Liberty Jail si Joseph Smith at humihingi ng tulong sa Ama sa Langit. Isinaulo ko ang talatang ito sa seminary at naaalala ko ito kapag kailangan ko ng kapanatagan. Ipinapaalala nito sa akin na mahal ako ng aking Ama sa Langit at batid Niya ang aking mga pagsubok. Nagamit ko na ang talatang ito para bigyan ako ng kapayapaan sa mga oras ng kabiguan at kahinaan.

Tinulungan ako ng talatang ito nang dumalo ako sa isang party na naging isang lugar na alam kong hindi ko dapat puntahan. Magalang akong tumanggi sa aking mga kaibigan nang alukin nila ako ng alak o sigarilyo. Ang talatang ito ay nagbigay sa akin ng lakas na kailangan ko upang mapanindigan ang aking mga pinaniniwalaan.

Natulungan din ako ng talatang ito na gumawa ng mahirap na desisyon. Limang taon kaming hindi nagka-hiwalay ng kaibigan ko. Magkasama kaming naglaro ng

isports, namasyal, at nagkakasama tuwing katapusan ng linggo. Ngunit nagsimula siyang makibarkada sa isang grupo ng mas matatandang kaibigang ayaw kong makasama. Sa huli pinapili niya ako: kung gusto ko pa ba siyang maging kaibigan o maninindigan ako sa paniniwala ko sa Word of Wisdom at sa batas ng kalinisang-puri. Nanlumo ako. Hindi ko akalaing gayon kahirap ang manindigan para sa aking pinaniniwalaan. Ngunit pinili kong magkaroon ng mga bagong kaibigan, na laging iniisip ang pangako ng Ama sa Langit kay Joseph Smith na magiging maayos ang lahat.

Walang karapat-dapat na ipagpalit sa aking mga paniniwala, at nakadarama ako ng tunay at nagtatagal na kagalakan kapag pinipili ko ang tama. Ang talata sa banal na kasulatan ay nagpalakas sa aking patotoo at tinulungan ako nito nang kailanganin ko ito.

**Lauren J.**

edad 16, Arkansas, USA

### Nagiging Malakas ang Mahihinang Bagay


Ilang buwan bago ang entrance exam para sa high school, hindi ko nadama na handa ako. Natiyak ko na hindi ako papasa. Kaya't nanalangin ako sa aking Ama sa Langit. Habang nagdarasal ako, pumasok ang mga salitang ito sa aking isipan: “Kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba; at ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila” (Eter 12:27).

Napag-isip ko na kapag nagdarasal ako sa Ama sa Langit na bigyan ako ng lakas na harapin ang mga hamon at pagsubok, pinagpapala Niya ako at tinutulungan akong madaig ang aking mga kahinaan. Ang pagpapaalam ng aking mga alalahanin sa Panginoon ang pinakamagandang desisyong magagawa ko. Siya ang pinakamahusay na guro, at alam kong tinulungan Niya ako.

**Irvin O.**

edad 16, El Salvador





### Manalangin Tuwina

*“Manalangin tuwina, nang ikaw ay magtagumpay; oo, nang iyong mapagtagumpayan si Satanas, at nang iyong matakasan ang kamay ng mga tagapaglingkod ni Satanas na tumatangkilik sa kanyang gawain” (D at T 10:5).*

Tinutulungan ako ng talatang ito na harapin ang mga tukso. Kapag may gagawin akong isang bagay na alam kong mali, pumapasok sa isipan ko ang talata at mensaheng ito. Tuwing magdarasal ako matapos matanggap ang panghihikayat na iyon, nakukuha ko ang tulong na kailangan ko upang madaig ang mga tuksong kinakaharap ko.

## Jesse F.

edad 17, Utah, USA

### Ako ay Kasama Mo

*“Maging matiisin sa mga paghihirap, sapagkat ikaw ay magdaranas ng marami; subalit tiisin ang mga ito, sapagkat, masdan, ako ay makakasama mo, maging sa katapusan ng iyong mga araw” (D at T 24:8).*

Ang pagsasaulo ng talatang ito sa banal na kasulatan ay naging isang pagpapala, lalo na kapag natatakot ako o nag-iisa. Tuwing maaalala ko ito, nagkakaroon ako ng tapang at napapanatag ako. Bilang mga kabataang lalaki at babae, kailangan natin ng patnubay at suporta, lalo na kapag nahaharap tayo sa mahihirap na pagsubok at hamon. Kahit kung minsan ay tila walang katiyakan at nakapanghihina ng kalooban ang hinaharap, alam ko na makapagtitiwala ako sa Panginoon at madarama ko ang Kanyang mainit na yakap.


Noong maliit pa ako, tinuruan ako sa bahay at sa Primary na lagi kong makakasama ang Panginoon kung gagawin ko ang aking tungkulin. Dahil sa mga turong iyon at sa talata ring ito sa banal na kasulatan, alam ko na makaaaasa ako sa Kanya sa tuwina.

## Sofia I.

edad 15, Uruguay

## MAGTAKDA NG MITHIIN

**I**siping magtakda ng mithiing magsaulo ng ilang talata sa banal na kasulatan. Maaari ninyong isaulo ang mga scripture mastery verse sa seminary o bilang bahagi ng Tungkulin sa Diyos o Pansariling Pag-unlad.



# MAKIPOOT AT MAKITID **ANG DAAN**

Maraming landas na mapipili, ngunit iisa lamang  
ang patungo sa buhay na walang hanggan.

(Tingnan sa 2 Nephi 9:41; 31:17-21; Alma 7:9.)



# Paglipat mula sa

*Kapag oras na para lumipat sa Young Men o Young Women, narito ang ilan sa mga karanasang kailangan ninyong asamin!*

## TUNGKOL SAAN ANG YOUNG MEN?



### Ang Aaronic Priesthood—Paglilingkod sa Iba para sa Tagapagligtas

Pagpapasa ng sakramento  
Pangongolekta ng mga fast offering  
Pagpapalakas sa inyong pamilya

### Tungkulin sa Diyos


Pagkatuto at paggawa ng mga bagong bagay  
Pagbabahagi sa iba  
Pagkakaroon ng mas malapit na kaugnayan sa Ama sa Langit

### Para sa Lakas ng mga Kabataan

Mga pamantayang magpapalakas sa inyo

### Paghahanda ng Iyong Sarili

Para sa misyon  
Para sa pag-aasawa at pagiging ama



### Pagpunta sa Templo

Pagpapabinyag para sa mga pumanaw na  
Paghahandang makipagtipan  
Pagkadama sa Espiritu Santo

### Mga Aktibidad

Paglilingkod sa inyong korum  
Kasiyahan ng lahat!

## Mahal naming mga kabataang lalaki sa Primary,

Kapag 12 anyos na kayo, nasa hustong edad na kayo para matanggap ang Aaronic Priesthood. Napakahalaga nito. Kapag ibinigay sa inyo ng Diyos ang Kanyang priesthood, sinasabi Niya sa inyo na may tiwala Siya sa inyo. Magiging sagradong tungkulin ninyong maglingkod sa iba tulad ng gagawin ng Tagapagligtas.

Ngayon ang panahon para magsimulang maghanda. Manood at makinig sa mga priesthood holder sa inyong paligid habang nagbabasbas at nagpapasa ng sakramento, nagbibinyag, nagbabasbas, nagmimisyon, at namumuno sa pamilya. Palaging gawin ang lahat para maipamuhay ninyo ang mga pamantayan ng ebanghelyo. Sa gayon ay magiging handa kayo para sa dakilang araw na matatanggap ninyo ang Aaronic Priesthood.



Tapat na sumasainyo,  
David L. Beck  
Young Men general president

# Primary

## TUNGKOL SAAN ANG YOUNG WOMEN?

### Mga Bagong Kaibigan

Pagkatuto at pagsasaya nang magkakasama  
Pagsuporta sa isa't isa

### Dagdagan ang Inyong Pananampalataya kay Jesucristo

Paninindigan sa katotohanan at kabutihan  
Pagbabahagi ng inyong patotoo

### Pansariling Pag-unlad

Mga bagong bagay na matututuhan  
Pagtatakda ng mga mithiin at pag-unlad sa kabanalan

### Para sa Lakas ng mga Kabataan

Mga pamantayang magpapalakas sa inyo

### Pagpunta sa Templo

Pagpapabinyag para sa mga pumanaw na  
Pagkadama sa Espiritu Santo  
Paghahandang makipagtipan

### Mga Aktibidad

Paglilingkod nang magkakasama  
Kasiyahan ng lahat!

### Paghahanda ng Inyong Sarili Bilang Anak ng Diyos

Na maging isang lider at mabuting halimbawa  
Na maging matapat na asawa at ina



## Mahal naming mga kabataang babae sa Primary,

Sabik na sabik kaming dumating ang araw na makakabilang na kayo sa Young Women! Kayo ay pinakamamahal na anak na babae ng Ama sa Langit. Sa Young Women matututuhan ninyong tumayo bilang Kanyang saksi sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay at sa lahat ng lugar. Tatanggap kayo ng isang kuwintas para maalala ninyong manindigan sa katotohanan at kabutihan at hayaang magliwanag ang ilaw ng Tagapagligtas sa sanlibutan. Tutulungan kayo ng inyong aklat na Pansariling Pag-unlad na pag-aralan ang mga banal na kasulatan, magtakda ng mga personal na mithiin, at sumulong sa landas patungo sa templo. Lahat ng bagay na ito ay tutulong sa inyo na maghandang maging isang asawa at ina at mahusay na lider sa mundo.

Tapat na sumasainyo,  
Elaine S. Dalton  
Young Women general president



LARAWANG KUHA NG © BUSATH PHOTOGRAPHY

## Mahal kong Amiga

**H**ello mula sa Mexico! Sabik na akong matanggap ang liham mo at makabalita tungkol sa darating mong kaarawan. Mukhang medyo kinakabahan kang umalis sa Primary. Maaari ko bang ikuwento sa iyo ang paglipat ko sa Young Women?

Kabado rin akong umalis ng Primary noon. Nag-alala ako na baka hindi ako magkaroon ng mga kaibigan. Natakot akong maging isa sa mga pinakabatang babae sa halip na isa sa mga pinakamatanda.

Pero naging maayos naman ang lahat. Ininterbyu ako ng bishop bago sumapit ang kaarawan sa araw ng Linggo, nahiya pa rin ako at nanatili ako sa Primary room. Mabuti na lang, nakita ako roon ng isa sa mga lider ng Young Women. Sabi niya, "Sabi ko na nga ba narito ka eh! Halika na, oras na ng klase."

Si Sister Diaz ang nag-welcome sa akin sa opening exercises, at binigyan niya ako ng tatlong aklat na natutuhan kong mahalin: Para sa Lakas ng mga Kabataan, Pansariling Pag-unlad ng Young Women, at isang journal. Nang igala ko ang tingin ko sa silid, nalaman ko na kilala ko ang ilan sa mga batang babae roon na nanggaling sa Primary. Binati ako ng ilan sa mga batang babae eng hindi ko kilala. Hindi nagtagal ay nakadama ako ng kapayapaan sa halip na matakot.

Gumanda na nang gumanda ang lahat pagkatapos niyon. Naging espesyal sa akin ang mga aktibidad sa Mutual dahil naturuan ako ng mga ito kung paano ipamuhay ang ebanghelyo at tulungan ang aking pamilya at mga kaibigan. At napakasayang magkamping taun-taon! Ngayong Laurel na ako, sana matapos ko kaagad ang Pansariling Pag-unlad. Hindi ako makapaghintay na makapagsuot ng Young Women medallion para maalala ko kung gaano ako higit na napalapit sa aking Ama sa Langit sa paglipas ng mga taon.

Kaya huwag kang matakot, kaibigan. Maging matapang at lumipat na agad sa Young Women. Pangako: hindi ka magsisisi.

Nagmamahal,  
Maribel

# Pagtanggap sa Isang Bagong Panahon ng Buhay

Ni Marissa Widdison

Mga Magasin ng Simbahan

**N**akatira ka ba sa isang lugar kung saan nagbabago ang kulay ng mga puno para maghanda para sa taglamig? Doon nakatira ang apat na magkakaibigang ito. Sina Noah B., Dylan L., Patrick M., at Ben M. ay nakatirang lahat sa Prince Edward Island sa silangang baybayin ng Canada. Gaya ng mga puno, naghahanda ang mga batang lalaking ito para sa isang panahon ng buhay. Lahat sila ay magiging 12 anyos na sa loob ng isang taon, at ibig sabihin niyan ay magpapaalam na sila sa Primary at papasok na sa Young Men. Narito ang nais nilang sabihin tungkol sa paglaki at pagsulong.

## Magpakatotoo Ka

Nang lumipat si Noah rito, tinulungan siya ng kanyang mga bagong kaibigan na makasanayan ang buhay sa isla. Ngayon, bilang pinakamatanda sa grupo, tinutulungan niya silang masanay sa buhay sa

Young Men. “Nag-alala ako na baka hindi nila ako tanggapin at kaibiganin,” sabi ni Noah tungkol sa pagsisimula sa Young Men. “Nakatulong talaga ang pagpunta sa mga aktibidad.” Ang paboritong kanta ni Noah sa Primary ay tungkol sa hukbo ni Helaman, at ganyan ang tingin niya sa priesthood quorum—magkaka-sama, nagkakaisa.

Ang payo niya? “Magpakatotoo ka.”

## Igalang ang Priesthood

Para kay Patrick, ang pagkakaroon ng priesthood ay hindi tungkol sa pagtuntong sa tamang edad. Tungkol ito sa pagiging karapatdapat at handa. “Hindi ka binibigyan ng priesthood dahil lang sa 12 anyos ka na,” sabi ni Patrick. “Kailangan ay handa ka.”

Naunawaan ni Dylan kung gaano kahalaga ang paghahanda. Sinisikap niyang mapaaga nang 15 minuto sa simbahan upang espirituwal na makapaghandang magpasa ng sakramento. “Tatlo o apat na beses na akong nakapagpasa ng sakramento, at sa tuwina ay inaantig


ng Espiritu ang puso ko. Akala ko hinding-hindi ko makakasanayang gawin iyan,” sabi niya.

Sinabi ni Ben na ang pagpapasa ng sakramento ay nagpapaalam sa kanya sa Huling Hapunan: “Nakatayo roon si Jesus. Nakatayo kami kung saan naroon si Jesus, at gusto Niyang naroon kami.”

## Asamin ang Templo

Sinisikap ni Ben na matamo ang kanyang Gawad na Pananampalataya sa Diyos at inaasam na makapagpabinyag para sa mga patay sa unang pagkakataon. “Hindi pa ako nakapasok sa templo, pero laging nagpapatotoo ang ibang mga tao kung gaano kasaya at kaganda ng pakiramdam nila pagkatapos,” sabi ni Ben.

Kamakailan lang ay nakapunta na si Noah sa templo sa unang pagkakataon. Sinabi niya na parang kapamilya ang trato sa kanya ng mga kabataang lalaki sa kanyang korum. “Maaaring kabahan ka, pero may mga tao roon na tutulong sa iyo,” sabi niya. “Madarama mong tanggap ka.” ■



# Panginoon, Halina

Simple ♩ = 72-84

Mula sa produksyon ng Simbahan na  
*Savior of the World: His Birth and Resurrection*



1. O, Pa-ngi-no-on, ha-li-na; D'on sa mun-ting sab-sa-ban!  
2. Pa-ngi-no-on, yong la-pi-tan, M-ga-pu-song su-ga-tan.  
3. Ma-nu-nu-bos na Da-ki-la, Li-wa-nag sa Si-la-ngan.

O, Da-ki-lang Man-li-lik-ha, Sang-gol sa a-bang dam-pa.  
Pag-i-big Mo'y wa-lang hang-gan, Sa pi-ling Mo'y ta-ta-han.  
A-ma na-ming wa-lang hang-gan; Pa-hi-rin a-ming lu-ha!

Li-wa-nag na-ri-to na; Ma-hal na Im-ma-nu-el.  
Ma-l'wal-ha-ting bu-ma-ba; Sa 'min ay ma-ma-ha-la.  
Ma-l'wal-ha-ting bu-ma-ba; Sa 'min ay ma-ma-ha-la.

O, Je-sus, na Pa-ngi-no-on; Ka-mi'y pa-king-gan!  
Lu-lu-hod, ma-na-na-la-ngin; Nang ma-ka-pi-ling!  
Lu-lu-hod, ma-na-na-la-ngin; Nang ma-ka-pi-ling!

Ang *Savior of the World: His Birth and Resurrection* ay isinulat at kinatha sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol.

© 2003 IRI. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental, di-pangkalakal na gamit sa tahanan at sa simbahan. Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.





*Nagbahagi si Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol ng ilang ideya tungkol sa pak-sang ito.*

# Bakit MAHALAGANG sundin ko si JESUCRISTO nang tapat, saanman ako naroon?



Si Jesucristo ang Bugtong at Pinakamamahal na Anak ng Diyos.



Siya ang Lumikha sa atin. Siya ang Ilaw ng Sanlibutan. Siya ang ating Tagapagligtas mula sa kasalanan at kamatayan.



Ito ang pinakamahalagang kaalaman sa lupa, at malalaman ninyo ito sa inyong sarili.



Tayo ay mga alagad ni Jesucristo. Kailangan nating pumili.



Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

# Ang mga Pagpapala ng Priesthood ay para sa Lahat

**H**abang isinasalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon, nagkaroon sila ng katanungan ng kanyang tagasulat na si Oliver Cowdery. Nagpunta sila sa kakahuyan upang ipagdasal ito. Habang nagdarasal sila, “isang sugo mula sa langit ang bumaba sa isang ulap ng liwanag.” Ang sugong ito

ay si Juan Bautista. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa ulo nina Joseph at Oliver at ibinigay sa kanila ang Aaronic Priesthood. Pagkatapos ay inutusan ni Juan Bautista sina Joseph at Oliver na binyagan ang isa’t isa. Pagkaraan ng maikling sandali, bumaba sa lupa sina Apostol Pedro, Santiago, at Juan at inorden sina Joseph at Oliver sa Melchizedek Priesthood.

Nasa mundo muli ang priesthood ng Diyos. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–72.)

Sa pamamagitan ng priesthood maaari tayong tumanggap ng napakagagandang basbas at ordenansa. Kabilang sa mga basbas na iyon ang mga ibinibigay ng mga ama o iba pang



karapat-dapat na mga priesthood holder sa mga bagong silang na sanggol, maysakit, at mga bata. Kailangan din nating matanggap ang ilang ordenansa sa priesthood upang makabalik sa Ama sa Langit. Ang ilan sa mga ordenansang ito ay kinabibilangan ng binyag sa pamamagitan ng paglulubog, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at mga sagradong ordenansa sa templo na sama-samang magbubuklod sa mga pamilya magpakailanman. Maisasagawa rin sa templo ang mga ordenansa para sa mga taong pumanaw na nang walang mga pagpapala ng ebanghelyo. Ang mga pagpapala ng priesthood ay para sa lahat! ■

## Awitin at Banal na Kasulatan

- Pumili ng isang kanta tungkol sa priesthood mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata*
- Doktrina at mga Tipan 84:35



**CTR ACTIVITY**  
**Ang Priesthood ay Tumutulong sa mga Tao**

Ang priesthood ay kapangyarihan ng Diyos na maglingkod at magpala sa mga tao sa pamamagitan ng mga ordenansa at basbas. Sa mga larawang ito, idrowing ang sarili ninyo sa tagpo.



Nagbabasbas at nagpapasa ng sakramento ang mga mayhawak ng priesthood. Idrowing ang iyong sarili na nakaupo sa upuan, handang makibahagi ng sakramento.

Maaaring bigyan ng mga basbas ng priesthood ang maysakit. Idrowing ang iyong sarili sa kama, at maysakit.

**Ikaw Lang**

Sa Mahalagang Perlas, buklatin ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–73. Gamitin ang mga talatang iyon para matulungan kayong punan ang mga blangko sa ibaba. Sa isang kapisangon ng papel, isulat ang iba pang mga bagay na natutuhan ninyo mula sa pagbabasa ng mga talatang ito.

1. "Ang Pagkasaserdoteng Aaron . . . na may hawak ng mga susi ng paglingkod ng mga \_\_\_\_\_, at ng ebanghelyo ng \_\_\_\_\_."
2. \_\_\_\_\_ ang unang nabinyagan.
3. Bininyagan ni Oliver Cowdery si \_\_\_\_\_.
4. Kumilos si Juan Bautista sa ilalim ng pamamahala ng \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_, at \_\_\_\_\_.
5. Kalaunan ay ipinagkaloob nina Pedro, Santiago, at Juan ang \_\_\_\_\_ Priesthood kina Joseph at Oliver.



Ang mga pamilya ay maaaring ibuklod sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo. Idrowing ang pamilya ninyo sa harapan ng templo.



Ang binyag at pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo ay mga ordenansa ng priesthood. Idrowing ang sarili mo sa harapan ng bautismuhan.

Mga sagot: 1. mga anghel, pagsisisi; 2. Oliver Cowdery; 3. Joseph Smith; 4. Pedro, Santiago, Juan; 5. Melchizedek.

# Dobleng Pagpapala

*Kilalanin sina Sophie at Elodie A. ng Antananarivo, Madagascar.*

**Ni Richard M. Romney**

Mga Magasin ng Simbahan

**A**ng sampung-taong-gulang na kambal na sina Sophie at Elodie ay nakatira sa Madagascar. Malaking isla iyon sa may baybayin ng Africa. Ang kanilang pamilya ay may paboritong kuwento na batay sa tunay na buhay. "Nang unang makilala ng aking ama ang mga missionary, nalaman niyang ang Simbahan ay totoo," sabi ni Elodie. "Kaagad siyang naniwala." Nabinyagan ang kanyang ina pagkaraan ng ilang buwan.

Bago isinilang ang kambal, nagayuno at nanalangin ang kanilang mga magulang na magkaanak sana sila ng babae. "At sa halip na isang babae lang, dalawa ang isinilang ni Mama," sabi ni Sophie.


Mula noon ay doble na ang mga pagpapala! ■



*Tatlong taong nag-ipon ng pera ang pamilya nina Sophie at Elodie para makapaglakbay papuntang Johannesburg South Africa Temple upang mabuklod. Kinailangan nilang maglakbay nang mahigit 1,300 milya (2,100 km) at tumawid ng Indian Ocean para makarating doon.*



*May klinika ang ina ng kambal sa tabi ng bahay nila. Tumutulong sila sa pamamagitan ng pagwawalis at pinananatili itong malinis.*



*Sa bandila ng Madagascar, ang puti ay sagisag ng kadalisayan, ang pula ay kalayaan, at ang berde ay pag-asa.*



*Sina Sophie at Elodie ay may dalawang pusa, at gustung-gusto nilang kalungin ang mga iyon.*



*Ang mga lemur at chameleon ay dalawang hayop na natatagpuan sa Madagascar.*



*Nagagalak ang kambal sa family home evening kasama ang kanilang dalawang kapatid na lalaki, kanilang pamangking babae, at kanilang ama at ina.*

# Hindi Ba Ako Puwedeng **BINYAGAN** Din?

*“Ang kanilang mga anak ay bibinyagan para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan pagsapit ng walong taong gulang” (D at T 68:27).*

**“N**uno at Miriam, susundin ba ninyo ang halimbawa ni Jesucristo at magpabinyag kayo sa susunod na Sabado?” tanong ni Sister Silva.

Hindi makapaniwala si Paulo sa kanyang narinig. Kaiimbita lang ng mga misyonera sa kanyang 10-taong-gulang na kapatid na lalaki at babae na magpabinyag!

“Opo! Opo!” masayang sabi ng kambal.

Hindi mapigil ni Miriam na mapangiti. Nakipag-high-five si Nuno kay Sister Lopes. Ngumiti si Lola mula sa kanyang malaki

at pulang upuan sa sulok.

Ilang linggong tinuruan ng mga misyonera si Paulo at ang kanyang mga kapatid sa bahay ni Lola na nasa luntian at mahanging isla ng São Miguel—1,000 milya (1,600 km) ang layo sa Portugal. Gustung-gustong buksan ni Paulo ang kalahating ibabaw ng pintuan ni Lola sa harapan at madama ang simoy ng hanging-dagat habang pinagmamasdan ang pagdating nina Sister Lopes at Sister Silva para turuan siya tungkol sa ebanghelyo.

Sinabi ng mga misyonera na magiging espesyal na okasyon ang araw na iyon. Ngayo’y alam na ni Paulo kung bakit. Bibinyagan na sina Nuno at Miriam, gaya ng turo ni Jesus! Gusto ring

sundan ni Paulo ang halimbawa ng Tagapagligtas.

“Mga sister, maaari din ba akong mabinyagan sa Sabado?” sabik niyang tanong, habang yakap sa dibdib ang kanyang Aklat Mormon na may mga larawan.

Ngumiti si Sister Silva pero umiling. “Sori, Paulo. Sinabi sa atin ng Panginoon na lahat tayo ay kailangang mabinyagan pero pagsapit lang natin ng walong taong gulang. Dahil anim na taon ka pa lang, hindi mo pa pananagutan ang iyong mga pagpili.”

“Pero, mga sister,” pagtutol ni Paulo, “matagal na naming ipinagdarasal at binabasa ng pamilya ko ang Aklat ni Mormon, gaya ng turo ninyo sa akin. Dumadalo ako sa Primary linggu-linggo kasama sina Lola at Tiyo Mário. Alam ko na ang Simbahan ay totoo! Hindi ba ako puwedeng binyagan na kasabay nina Nuno at Miriam?”

“Napakaganda ng nagawa mo sa pagsunod sa mga utos at pagkatuto tungkol sa ebanghelyo,” sabi ni Sister Lopes. “Pero kailangan mo pa ring maghintay nang dalawang taon bago ka mabinyagan.”

Nagsimulang mag-init ang lalamunan ni Paulo, at napuno ng





mainit na luha ang kanyang mga mata. Tumalon siya at tumakbo sa kanyang silid sa itaas ng kisame, kung saan sila natutulog ng kanyang mga kapatid.

Matapos umiyak nang ilang minuto sa kanyang unan, narinig ni Paulo na may paakyat sa hagdan papunta sa kisame. Naupo si Tiyo Mário sa kama ni Paulo.

“Ano’ng nangyari, Paulo?” tanong ni Tiyo Mário.

“Sabi nina Sister Silva at Sister Lopes hindi po ako puwedeng binyagan, pero sina Nuno at Miriam ay puwede,” sabi ni Paulo. “Gusto ko pong maging miyembro ng Simbahan! Gustung-gusto kong kumanta ng mga himno sa sacrament meeting at matuto tungkol sa mga banal na kasulatan sa Primary. Ayoko pong mapag-iwanan.”

“Paulo, puwede ka pa ring maging bahagi ng Simbahan, kahit wala ka pa sa edad para binyagan,”

mahinahong sabi ni Tiyo Mário.

“Paano po?” suminghot si Paulo sa kanyang unan.

“Alam mo naman na naghahanda ang Primary ng sacrament meeting program,” sabi ni Tiyo Mário. “Sinabi sa akin ng Primary teacher mo na naghahanap siya ng mga boluntaryong magpapatotoo sa program. Isang paraan iyan para makalahok ka sa simbahan,” paliwanag ni Tiyo Mário.

“Talaga po?” Naupo si Paulo at humarap sa kanyang tiyo. Nag-isip siya sandali. “Siguro maaari din akong magpapatotoo sa binyag nina Nuno at Miriam!”

“Magandang ideya iyan!” sabi ni Tiyo Mário. “Kahit napakabata mo pa para binyagan, maaari ka pa ring magkaroon ng patotoo.”

Tumalon si Paulo mula sa kanyang kama at nagmamadaling tumakbo pababa.

“Saan ka pupunta, Paulo?”

pagtawag ni Tiyo Mário.

“Magpapraktis po akong magpapatotoo sa mga missionary!” masayang sagot ni Paulo. “Ibabahagi ko ito habang naghihintay akong mabinyagan!” ■



“Ang pagtitiyaga ay aktibong paghihintay at pagtitiis. Ito ay pananatili sa isang bagay at paggawa ng lahat ng kaya natin—pagsisikap, pag-asam, at pagsampalataya.”

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf,**  
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Patuloy na Magtiyaga,” *Liahona*, Mayo 2010, 57.

# Pananamit na Parang Deacon

Ni Hilary M. Hendricks

Batay sa tunay na buhay

1. Kaarawan ni Eli ngayon.  
Apat na taong gulang na siya.

Apat na taon pa at bibinyagan ka na.

At apat na taon pa pagkaraan niyon, magiging deacon ka na at maaari ka nang magpasa ng sakramento.



2. Kalaunan, tinulungan ni Inay si Eli na palitan ng damit-pangsimba ang kanyang pajama.



3.

Nagsusuot po ba ng pantalon ng superhero ang mga deacon sa simbahan?

Hindi. Magandang pantalon ang isinusuot ng mga deacon.



4.

Nagsusuot po ba ng shirt ng superhero ang mga deacon sa simbahan?

Hindi. Puting polo at kurbata ang suot ng mga deacon.






5.

Gusto ko pong magsuot ng puting polo at magandang pantalon. Gusto ko pong manamit na parang deacon.

Tinulungan ni Inay si Eli na isuot ang kanyang magandang pantalon, puting polo, at kurbata.



6. Sa simbahan, humalukip si Eli habang pinanonood ang mga deacon na magpasa ng sakramento.



7. Nang iabot ng isang deacon kay Eli ang sakramento, kumuha ng isang pirasong tinapay si Eli at iniabot ang trey kay Inay.



8. Nginitian ni Inay si Eli. Masaya siyang makatulong. Pakiramdam niya ay para siyang deacon.

## NAKATAGONG MGA LARAWAN

Gustong manamit ni Eli na parang deacon. Tulungan siyang makita ang mga bagay sa kanyang silid na makatutulong sa kanya na manamit na parang deacon.



## PAHINANG KUKULAYAN



Tinatanggap natin ang mga ordenansa ng kaligtasan sa pamamagitan ng priesthood.

“At gayon din lahat sila na tumanggap ng pagkasaserdoteng ito ay tinanggap ako, wika ng Panginoon” (D at T 84:35).

# Mga Balita sa Simbahan

Bisitahin ang [news.lds.org](http://news.lds.org) para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.

## Mga Kabataang Brazilian Iniugnay ang Family History sa Gawain sa Templo

Ni **Melissa Merrill**

Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

**M**ay napansin si José A. Moscão na nakagawian na: ang mga kabataang nagpupunta sa Campinas Brazil Temple ay maraming “oras na walang ginagawa.”

Alam ni Brother Moscão, ang director ng family history center na katabi lang ng templo, na dahil sa layo ay kinailangang maglakbay ng maraming kabataan para makarating sa templo, at karamihan ay dumating nang grupu-grupo at lumagiroon nang ilang araw. Ang oras sa pagitan ng kanilang mga sesyon sa bautismuhan at sa pagkain at paghihintay sa kanilang mga magulang at lider na nakikibahagi pa sa ibang mga ordenansa sa templo ay hindi maiiwasan.

Ngunit naisip niya na marahil ay may alternatibo siyang maipagagawa sa mga kabataan sa halip na maglibut-libot lamang sila sa bakuran ng templo tuwing may libreng oras sila.

Kaya ginawa nga niya ito.

### Isang Paanyaya

Sinimulan niyang anyayahan ang mga kabataan na pumunta sa center at nagsabing tuturuan sila kung paano gumawa ng indexing sa FamilySearch.

Noong una ay nahihiya o atubili ang ilan. Ngunit sinabi ni Brother Moscão na nang kausapin niya sila tungkol sa pagsagip sa mga tao mula sa karimlan at paglalantad sa mga pangalan nito bilang pagsunod sa mga salita ng buhay na propeta, naantig ang mga kabataan (tingnan sa David A. Bednar, “Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob,” *Liahona* at *Ensign*, Nob. 2011, 24–27).

Ang makitang naroon sa iisang pasilidad ang templo at ang family history center ay makahulugan; binibigyang-diin nito na ang gawain sa templo at family history ay dalawang bahagi ng isang dakilang gawain. Iyan, sabi ni George A. Oakes,

Campinas Brazil Temple president, ay isang bagay na unti-unting nalalaman ng mga kabataan sa temple district.

“Bago nabigyang-diin na dapat silang maki-bahagi sa family history at indexing, ang layunin nila sa pagpunta sa templo ay para lamang magpabinyag para sa mga patay. Ngayon ay nagiging bahagi na ng kanilang gawain ang indexing,” wika niya.

### Panimula

Kapag pumupunta ang mga kabataan sa center, itinuturo ni Brother Moscão at ng mga missionary na nagboboluntaryo sa center ang sumusunod na mga alituntunin sa maikli at di-pormal na paraan:

- Sila ay nagiging mga tagapagligtas sa bundok ng Sion (tingnan sa Obadias 1:21).
- Sila ay nakikinig sa panawagan ng propeta (tingnan sa “Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob”).
- Sinasagip nila ang mga tao mula sa karimlan—mula sa mga film na matagal nang nakalimutan at mula sa maalikabok na mga aklat ng mga registry office at simbahan. Inilalantad ng indexing ang mga pangalang iyon at maaari nang mahanap ng kanilang mga pamilya.
- Sa pakikibahagi sa gawaing ito, magagawa pa nila ang isa pang aspeto ng “pinakamaluwalhati sa lahat ng paksang nabibilang sa walang hanggang ebanghelyo, alalaong baga’y, ang pagbibinyag para sa mga patay” (D at T 128:17).
- Gagamitin nila ang kanilang oras sa dakilang gawain ng pagtubos sa mga patay, na nagpapala sa mga pamilya.
- Lahat tayo ay bahagi ng pamilya ng Diyos, kaya’t sa pag-index ng mga pangalan ng mga



*Tuwing pupunta sa templo, naki-kibahagi ang mga kabataan sa Campinas Brazil Temple district sa FamilySearch indexing sa pagitan ng mga sesyon sa bautismuhan.*

taong hindi nila kilala, nakatutulong pa rin sila sa kanilang pamilya.

- Kapag naunawaan nila kung paano makibahagi sa indexing, may pagkakataon silang turuan ang mga miyembro ng pamilya at iba pang mga kabataan sa kanilang ward at branch na maki-bahagi rin dito.

Pagkatapos ay ginagamit ni Brother Moscão at ng mga missionary ang mga computer sa center para ipakita sa mga tinedyer kung paano simulan ang indexing at i-install at gamitin ang software pag-uwi nila. Kapag naunawaan na nila, sabi ni Brother Moscão, talagang “nagsisimula na silang mag-index nang husto.”

### **Kasigasigan sa Gawain**

Makikita sa mga bilang ang kasigasigan iyon. Sa unang dalawang buwan ng 2012, ang mga bumisita ay nakapag-index ng 6,370 pangalan; 3,305 sa mga iyon ay na-index ng mga kabataang edad 12 hanggang 18. Katunayan, para matugunan ang lumalaking interes sa indexing, madalas lumagpas ang Campinas family history center sa regular na oras nitong alas-8:00 n.u. hanggang 6:00 n.h. at nananatili itong bukas hanggang alas-10:00 n.g.

Hindi kinalimutan ng mga kabataan ang indexing nang lisanin nila ang templo. Pagdating nila sa bahay, patuloy ang kanilang tungkulin

sa tinatawag ni Brother Moscão na “hukbo ng mahigit 170,000 aktibong indexer ng Simbahan ngayon.” Nakakamtan ng marami ang kanilang mga mithiin sa Tungkulin sa Diyos at Pansariling Pag-unlad sa paggawa nila ng indexing.

### **Isang Mabuting Impluwensya**

Sa mga unang buwan ng taong ito, nagbiyahe si Isabela A., edad 16, ng Vila Velha, Espírito Santo, Brazil, kasama ang kanyang ina at kapatid na babae papunta sa templo; ang huling araw ng biyahe ang unang anibersaryo ng kamatayan ng kanyang lola. Bininyagan si Isabela para sa kanyang lola, at isinagawa ng kanyang ina ang iba pang mga ordenansa sa templo para dito.

“Nadama ko sa biyaheng ito na kailangan kong gumawa ng isang mabuting bagay,” paliwanag ni Isabela. “Gusto kong matutong mag-index, at tinulungan ako ni Brother José Moscão.

“Pagkatapos, habang binibinyagan ako para sa lola ko, labis akong inantig ng Espiritu. Natanto ko na maraming tao sa kabilang-buhay ang walang-sawang naghihintay, at kailangan nila ang tulong ko. Natanto ko na mabibigyan ko ng kaunting oras ang paglilingkod at marami akong magagawa para sa mga taong ito. Ang indexing ay pagpapakita ng pagmamahal.” ■

*Para mabasa ang buong kuwentong ito, bisitahin ang [news.lds.org](http://news.lds.org).*

# Unang Stake sa India, Inorganisa

**Nina Elder E. Jack at Sister Pamela Kellerstrass**

India Bangalore Mission

**K**apansin-pansin ang katuwaan at pasasalamat nang magtipon ang mahigit 1,500 miyembro at mga kaibigan sa Novotel Convention Center sa Hyderabad, India, para sa pag-oorganisa ng Hyderabad India Stake, ang unang stake sa bansa, noong Mayo 27, 2012. Si Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol ang namuno at sinamahan siya nina Elder Donald L. Hallstrom ng Panguluhan ng Pitumpu at Elder

Anthony D. Perkins ng Pitumpu, na naglilingkod bilang Asia Area President. Naroon din sa kumperensya ang asawa ng bawat lider na ito.

Si John Gutty ay sinangayunan bilang stake president kasama sina Suresh Natarajan bilang unang tagapayo at Rajaratnam Bushi bilang pangalawang tagapayo. Ang unang patriarch ng India ay ang dating district president na si Prasad Rao Gudey.

Sa pagsasalita sa pinakamalaking pagtitipon ng mga Banal sa India, sinabi ni Randy D. Funk, pangulo ng India Bangalore Mission, “Ito ang pinakamagandang tanawin sa makasaysayang araw na ito, isang araw na hindi natin

**Ang stake presidency ng bagong tatag na Hyderabad India Stake (kaliwa pakanan): Suresh Natarajan, unang tagapayo; John Gutty, pangulo; Rajaratnam Bushi, pangalawang tagapayo.**



**Halos 600 young single adult mula sa India, Nepal, at Sri Lanka ang nagtipon para sa kumperensya bago inorganisa ang unang stake sa India.**



MGA LARAWANG KUHA NI JAMES DALRYMPE

malilimutan. Hindi natin malilimutan na naparito ang isang Apostol ng Panginoon.”

Ipinarating ni Elder Perkins ang pagmamahal ng Asia Area Presidency sa mga miyembro sa India at sinabing, “Nakikita natin ang simula ng kamangh-manghang gawain sa lupaing ito. Ang pag-unlad ng Simbahan at pag-organisa ng stake ay isinasagawa alinsunod sa walanghanggang mga alituntunin ng ebanghelyo at itinakdang mga huwaran sa priesthood.”

Nang sabihin ni Elder Hallstrom na siya ang pangalawang saksi sa pagtawag sa bagong stake presidency, ipinaliwanag niya ang paraan ng pagpili ng bagong pamunuan sa stake ayon sa paghahayag. Bilang miyembro ng Pitumpu, sinabi niya na inatasan siya at dumating nang walang kinikilangan o inaayawan. Sumunod siya sa paraan ng Panginoon, na umaasa sa Kanyang Espiritu upang makatanggap ng paghahayag. “Kalooban ng Panginoon na si President Gutty ang magiging stake president,” sabi ni Elder Hallstrom.

Nagsalita si Kristen Oaks, na sinamahan ang kanyang asawa, tungkol sa pagtuturo sa mga bata upang maniwala sila dahil “nalalaman ito ng [kanilang] mga ina” (tingnan sa Alma 56:48).

Bilang huling tagapagsalita sa pulong, nagpasalamat si Elder Oaks sa bansa ng India, isang bansang may kalayaan sa relihiyon na nagtutulot sa mga miyembro ng Simbahan “na magpulong at mangusap

tungkol sa mga alituntunin ng ating pananampalataya.”

Nagpatotoo si Elder Oaks na pinagtibay sa kanya ng Espiritu na inihanda at hinirang ng Panginoon ang tinawag na mga pinuno. Binanggit din ni Elder Oaks ang mga bagong responsibilidad ng stake.

Sinabi niya na sa Lumang Tipan ay inihalintulad ng propeta si Isaias ang Israel sa isang toldang nagkanlong sa mga

angkan sa mga lipi ni Israel na nagdudulot ng malalaking pagpapala,” sabi ni Elder Oaks. “Ang patriarchal blessing ay nagpapahayag din ng mga pagpapala at pangakong makakamtan natin kung tayo ay tapat.”

“Habang lumalago ang Simbahan sa India, darating ang panahon na magkakaroon ng inspirasyon ang propeta na magtayo ng templo sa India,” pagpapatuloy niya. “Bawat

***Sa pagbisita sa Hyderabad, India, nagsalita si Elder Oaks at ang iba pang mga pinuno ng simbahan sa daan-daang miyembro mula sa India, Nepal, at Sri Lanka.***



anak ni Israel. “Ang Simbahan ngayon ang tolda. Alam nating lahat na ang tolda ay kailangang suportahan ng mga tulos [stake]. Ngayong isa nang stake ng Sion ang Hyderabad, aasahan kayong sumulong at magbigay ng mas malaking suporta sa pamamagitan ng ikapu at pagpapadala ng mga missionary.”

Dahil naorganisa na ang stake, maaari nang tumanggap ng mga patriarchal blessing ang mga miyembro sa Hyderabad. Ipinaliwanag ni Elder Oaks ang nilalaman ng patriarchal blessing, na tinutukoy ang mga pagpapala bilang “pribadong mga banal na kasulatan.”

“Ang patriarchal blessing ay nagpapahayag ng inyong

stake na maorganisa ay nagpapapabayo ng posibilidad na magkaroon ng templo. Kapag nagpakita ng pagkamarapat at katapatan ang mga tao, susunod na ang pagtatayo ng templo.”

Sa huli ay nag-iwan ng basbas si Elder Oaks: “Sa unang stake na ito sa magandang bansa ng India, binabasban ko kayo na maalaala ninyo ang mga itinuro sa oras na ito. Binabasban ko kayo na maalala ninyo ang mga tipang ginawa ninyo noong kayo ay binyagan. Binabasban ko kayo ng pagalaala at determinasyong sundin ang mga utos ng Diyos upang matamasa ninyo ang Kanyang mga pagpapala.” ■

## **Apostol, Inilaan ang Bagong MTC sa Pilipinas**

Ang Philippines Missionary Training Center, na inilaan ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol noong Mayo 20, 2012, ay mapagkakasya ang hanggang 144 na missionary mula sa Pilipinas, Cambodia, Hong Kong, India, Indonesia, Mongolia, Pakistan, Sri Lanka, Taiwan, at Thailand. Ang mga missionary na ito ay sinasanay sa wika ng kanilang sariling bansa.

Ang dalawang gusali ng bagong center ay may isang auditorium, mga translation booth, isang computer lab, isang laundry area, mga teaching room na may built-in audiovisual equipment, tulugan para sa mga missionary, mga silid-aralan, at mga opisina.

Sa pag-aalay ng panalangin para ilaan ang bagong pasilidad, nagpasalamat si Elder Nelson para sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa matatapat na missionary at miyembro ng Simbahan sa buong mundo na nagmamahal at naglilingkod sa Panginoon. Hiniling niya na basbasan ang Republika ng Pilipinas upang “manatiling bukas ang pintuan sa pagtanggap” sa lahat ng lingkod ng Panginoon at ipinagdasal niya na mabiyayaan ang mga mamamayan ng bansa ng “kalayaan at pananagutan na

lumago sa kabutihan, kapwa sa temporal at sa espirituwal.”

## **Ang Manaus Brazil Temple ang Ika-138 Templo ng Simbahan sa Buong Daigdig at Ikaanim sa Brazil**

Inilaan ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Pangu-luhan, ang Manaus Brazil Temple—ang ika-138 templo ng Simbahan sa buong mundo at ikaanim sa Brazil—noong Hunyo 10, 2012.

Ang pananampalataya at katapatan ng mga Banal sa mga Huling Araw na naninirahan sa Brazil, kung saan mahigit isang milyon ang mga miyembro, ay maihahalintulad sa Amazon River, sabi ni Pangulong Uchtdorf—kapwa malalim at matatag.

Halos 20 taon nang naglalakbay ang mga miyembro ng Simbahan mula sa Manaus, isang lungsod na inihwalay ng malalaking ilog at kagubatan, para makapunta sa templo sa São Paulo, Brazil—na 15-araw na biyaheng balikan sakay ng barko at bus—at kalaunan ay sa templo sa Caracas, Venezuela—na 8-araw na paglalakbay sakay ng bus.

Si Elder Claudio R. M. Costa ng Pitumpu ay naglilingkod bilang pangulo ng Brazil

Manaus Mission nang buksan ito noong 1990.

“Tiwala ako na magiging abalang-abala ang Manaus Temple sa bawat araw, dahil mahal ng mga taong ito ang templo,” sabi ni Elder Costa. “Tinuturuan nila ang kanilang mga anak na mahal in ang templo. Napakahalaga ng templo sa kanila.”

## **Mga Miyembro ng Simbahan sa Samoa, Ipinagdiwang ang Ika-50 Anibersaryo ng Kalayaan, Unang Stake**

Araw ng Biyernes, Hunyo 1, 2012, mga 350 Banal sa mga Huling Araw sa Samoa ang sumama sa parada ng iba pang mga Samoan sa mga kalye ng Apia para ipagdiwang ang kalayaan. Limampung taon na ang nakararaan, noong 1962, natamo ng bansa ang kalayaan nito mula sa New Zealand.

Nakibahagi rito ang mga organisasyon, paaralan, simbahan, at international organization. Pinasaya ng mga estudyanteng Banal sa mga Huling Araw ang libu-libong manonood sa kanilang bandang nagmamartsa.

Ngunit may isa pang ipinagdiwang sa katapusan ng linggo ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Samoa; 50 taon na rin ang nakararaan nang maorganisa ang unang stake sa bansa, sa Apia.

Araw ng Linggo, Hunyo 3, nagsalita sina Elder James J. Hamula at Elder Kevin W. Pearson ng Pitumpu, kapwa mga miyembro ng Pacific Area Presidency, sa mga Banal sa mga Huling Araw at mga panauhin sa isang espesyal na pulong na isinahimpapawid sa mga LDS meeting-house sa buong bansa.

Sa pagtanaw sa hinaharap, mithiin ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Samoa na patuloy na maglilingkod at patatagin ang kanilang mga pamilya, nayon, at bansa, sabi ni Elder Hamula, na naglilingkod bilang Area President. “Mabilis ang paglago ng Simbahan natin dito, at umuunlad tayo sa ating mga pamilya at personal na buhay habang hinahangad nating sundin ang mga turo at halimbawa ni Jesucristo,” wika niya. ■

***Sa bagong Philippines Missionary Training Center, hanggang 144 na missionary mula sa Pilipinas, Cambodia, Hong Kong, India, Indonesia, Mongolia, Pakistan, Sri Lanka, Taiwan, at Thailand ang sinasanay sa wika ng kanilang sariling bansa.***





**Pinalalakas Nito ang Aking Patotoo**

Masigasig kong binabasa at pinag-aaralan ang *Liahona* simula pa noong 1967, at napaunlad nito ang aking espirituwalidad. Bawat buwan hinihintay ko ang magasin para mapasigla ako, madama ko ang mga bulong ng Espiritu ng Panginoon, at mapalakas ang aking patotoo tungkol sa ebanghelyo. Gusto ko lalo na ang “Pagtulad at Paggalang sa Ating mga Magulang sa Langit” (*Liahona*, Peb. 2012, 80). Nakaugnay ako sa sinabi ng awtor dahil isa rin akong graphic designer.

**Fabio Fajardo, Colombia**

**Isang Guro at Kaibigan**

Gustung-gusto ko ang *Liahona*—tinuturuan ako nito, sinusuportahan ako, at itinatama ang aking buhay. Kapag nagbabasa ako ng mabubuting bagay sa umaga, sinisikap kong maging mas mabait sa buong maghapon. Mas tumitindi ang aking pagmamahal at pananampalataya kapag binabasa ko ang magasin. Nireregaluhan ko rin ng *Liahona* ang mga kaibigan ko. Maraming salamat sa isang mabuting guro at kaibigan!

**Anastasia Naprasnikova, Ukraine**

*Mangyaring ipadala ang inyong feedback o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.*



*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa.*

**“Ihahanda Tayo ng Masinop na Pamumuhay sa Hinaharap,”**

pahina 12: Basahin ang anim na aspetong binanggit sa artikulo kung saan maaari tayong umasa sa sarili. Ano ang ilang emergency o problemang maiiwasan kapag umasa tayo sa ating sarili sa mga aspetong ito? Anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na mapanalanging pag-isipan kung aling mga aspeto ang kailangan nilang pagbutihin at magtakda ng mga mithiin para mapag-ibayo nila ang pag-asa sa sarili sa mga aspetong iyon.

**“Kalinisang-Puri sa Mundo ng**

**Kahalayan,”** pahina 42: Talakayin sa mga miyembro ng pamilya ang mga itinangong sa artikulo. Isiping ibahagi ang mga alituntunin at karanasang nagpalakas sa inyong patotoo tungkol sa kalinisang-puri. Talakayin ang mga paraan para masunod ang payo mula sa artikulo.

**“Maging Matalino at Maging Isang Kaibigan,”**

pahina 48: Magsimula sa pagbabasa ng pagsusulit ni Elder Hales sa pagkilala sa mabubuting kaibigan. Isiping talakayin ang kahalagahan ng pagiging isang mabuting kaibigan. Anyayahan ang bawat miyembro ng pamilya na mag-isip ng tatlong paraan na maaari siyang maging mas mabuting kaibigan.

**“Mahal Kong Amiga,”** pahina 60, at **“Pagtanggap sa Isang Bagong Panahon ng Buhay,”** pahina 61:

Basahin ang tungkol sa mga batang Primary na ito at kung paano sila naghahandang pumasok sa Young Women at Young Men. Bilang pamilya, isiping talakayin kung ano ang ginawa ng mga batang ito para makapaganda. Anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na basahin ang mga buklet na *Pansariling Pag-unlad o Tungkulin sa Diyos* at maghanap ng ilang aktibidad na interesado silang kumpletuhin sa hinaharap.

.....

**Isang Family Home Evening, Dalawang Lesson**

Isang gabi bumisita ang mga magulang ko at lolo’t lola ko para sa family home evening. Gustung-gustong makisali ng tatlong anak ko, at sa gabing ito ang pitong-taong-gulang kong anak na lalaki ang magbibigay ng lesson. Naghanda kami ng maliit na display, naglagay kami ng mga larawan tungkol sa Paglikha, at pinag-aralan at nirebyu namin ang ituturo niya. Handa na at tuwang-tuwa ang anak ko.

Sa oras ng lesson, lahat kami ay nakinig na mabuti sa ipinaliliwanag ng anak ko. Nang matapos siya, ipinasiya ni Samuel, na halos tatlong taong gulang, na gusto rin niyang magbigay ng lesson. Kaya kinuha niya ang mga larawan at display at muling inilagay ang mga ito sa mesa.

Sa kanyang mahinang tinig at kung minsan ay hindi malinaw na pagsasalita, binigyan kami ni Samuel ng lesson sa family home evening. At kahit hindi siya nakapaganda, nakinig naman siya. Ipinaliwanag niya sa amin kung paano nilikha ang daigdig at binanggit ang pagmamahal ni Jesucristo sa bawat isa sa amin.

Nagulat kami na kaydali niyang naituro ang lesson—na parang katulad ng ginawa ng kuya niya. Namangha at masaya ang mga magulang at lolo’t lola ko. Nakita naming lahat ang pagmamahal ng mga batang musmos na ito sa ebanghelyo—at ang pagmamahal ni Jesucristo sa kanila.

**Lizbeth Sánchez Fajardo, Mexico**

## PATULOY NA DUMARATING ANG MABUBUTING BAGAY

Ni Caitlin A. Rush

**B**iyernes ng gabi iyon na walang ipinagkaiba. Nakaupo kami ng matatalik kong kaibigan sa aking apartment matapos manood ng sine, at maya't maya'y nag-uusap kami nang mahina at nagtatawanan nang malakas pagkatapos. Talagang kuntento kami sa buhay, at hindi ko mapigil na mangiti habang pinakikinggan ang mga kuwento at ideya sa silid. Ang ilan sa kanila ay noong isang buwan ko pa lang nakilala; ang ilan naman ay kilala ko na sa buong 25 taon ng buhay ko.

Minsan ay nagpalitan kami ng mga alaala ng isa sa matatagal ko nang kaibigan tungkol sa ilan sa aming mga kaibigan sa kolehiyo ilang taon pa lang ang nakalilipas. Habang nag-uusap kami, naisip ko kung gaano ako nangulila sa mga kaibigan kong ito, kung gaano kami kasaya noon, at kung gaano kami kalapit sa isa't isa. Ngayon ay nagtapos na kami sa pag-aaral at naglipatan na sa iba't ibang lugar sa buong mundo, na natatagpuan ang aming sarili sa mga sitwasyong hindi namin inakala. Napabuntong-hininga ako sa pansamantalang damdamin ng kawalan, pagkatapos ay lumingon-lingon sa silid sa nakatawang mga mukha sa aking paligid sa sandaling iyon at bigla kong naisip: *patuloy na dumarating ang mabubuting bagay*.

Ang simpleng naisip na iyon ay talagang napakalalim para sa akin, lalo na't nahirapan ako sa tuwina na harapin ang pagbabago at alinlangan akong pakawalan ang mabubuting bagay. Nangungulila ako sa nakaraan kahit nasa kasalukuyan pa ako, desididong lubos na masiyahan sa mga sandaling nabubuhay ako nang may kamalayan at determinasyon. Alam ko kapag mayroon akong isang mabubuting bagay, at nais kong hawakan iyon nang mahigpit



*Bilang isang taong nalulungkot sa mabilis na paglipas ng panahon, pinasalamatan ko ang paalala na basta magalak sa sandali at asamin ang hinaharap.*

at huwag iyong pakawalan; ang nakakatamad at masayang Biyernes ng gabing ito ay isa sa mabubuting sandaling iyon. Karaniwan kapag natatanto ko kung gaano kabuti ang mga bagay-bagay, agad kong naiisip kung gaano kabilis lumilipas ang lahat, na kalaunan ay naglalaho dahil sa panahon o sitwasyon.

Ngunit sa gabing ito hindi dumating ang kalungkutang iyon ng damdamin. Habang tahimik na nakaupo, at napapaligiran ng mga taong mahal ko, alam ko na kahit kailangang magwakas ang ilang mabubuting bagay at walang-dudang maraming mahihirap na bagay na darating sa hinaharap, patuloy na darating ang mabubuting bagay. At palaging darating ang mga ito—kung hahayaan natin. Kahit nagsialis na ang mga mahal ko, ang kahungkagan ay muling mapupuno ng bago at kamanghamanghang mga tao at karanasan na ni hindi ko inakala kailanman.

Kung minsan ay mahirap magpatuloy, ngunit kailangan. At ang pagpapatuloy ay hindi nangangahulugang kalimutan ang mga pagka-kaibigan, piling maglaho ang mga alaala. Ang ibig sabihin nito ay buksan ang ating puso sa mas marami pang kaligayahan at karanasan.

Ilang linggo pagkaraan ng Biyernes na iyon, na-release ang presidency ng aming young adult branch. Gaya ng mapatutunayan ng sinuman mula sa aming maliit na branch, mahirap isipin ang mangyayari kung hindi aasa ang aming branch sa mga lalaking ito at sa kanilang mga asawa, na napamahal na sa amin at aming napagkatiwalaan. Ngunit pumikit ako at inulit sa aking sarili ang mga salitang naisip ko noong Biyernes na iyon: *patuloy na dumarating ang mabubuting bagay*. Ako ay napanatag at handa na para sa pagbabago.

Pagbabago ang paraan ng Panginoon. Nais Niya tayong maging maligaya at lumago, na maging sabik na magpatuloy sa ating buhay. Ang buhay ay isang paglalakbay, at habang nagsasaya pa sa kasalukuyan at naghahanda para sa di-maiwasang mga hamon, kailangan nating magpatuloy, manatiling maganda ang pananaw, bukas ang ating puso sa mga karanasan at mabubuting bagay na walang dudang darating. ■

**S**a taong ito maraming isyu ng *Liahona* ang maglalaman ng isang set ng mga larawang may kaugnayan sa Aklat ni Mormon. Para tumibay at madaling gamitin ang mga ito, gupitin at idikit o iteyp ang mga ito sa makapal na papel, maliliit na supot na papel, o mga patpat. Ilagay ang bawat set sa isang envelope o supot, at isulat dito kung saan hahanapin ang kuwento sa banal na kasulatan na nauukol sa mga larawan.



Mga Bato



Jesucristo



Kapatid ni Jared



Mga Gabara

Ang mga Jaredita ay Inakay Papunta sa Lupang Pangako

Eter 1-3, 6



Ipinahayag ng Unang Panguluhan at ng Labindalawang Apostol na “ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan” (“Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo”). Para sa mga ideya ukol sa pagsunod sa mga alituntuning ito sa inyong buhay at pamilya, tingnan sa mga pahina 4, 16, 20, at 22.

ANG SIMBAHAN NI  
**JESUCRISTO**  
NG MGA BANAL  
SA MGA HULING ARAW